AKLAT NG BAYAN

KWF MANWAL SA MASINOP NA PAGSULAT

IKALAWANG EDISYON

235

KWF MANWAL SA MASINOP NA PAGSULAT

Ikalawang Edisyon

AKLAT NG BAYAN
METRO MANILA
2015

KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat
Ikalawang Edisyon

Karapatang-sipi © 2015 ni Virgilio S. Almario
at ng Komisyon sa Wikang Filipino

Unang edisyon, unang limbag, 2014
Unang edisyon, ikalawang limbag, 2014

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

Disenyo ng pabalat: Alyssa Romielle Manalo
Disenyo ng aklat: Maria Christina Pangan

Ang retrato ng buhangin sa pabalat ay hiniram sa bgfons.com/download/1036 at ang hilat-sa ng parchment ay hiniram sa fc00.deviantart.net/fs48/f/2009/209/3/6/Texture_Parchment_by_Kida_Ookami.png.

The National Library of the Philippines CIP Data

Recommended entry:

KWF manual sa masinop na pagsulat / Virgilio S. Almario, punong editor. -- Ikalawang ed.-- Quezon City : Komisyon sa Wikang Filipino, c2015.
p. ; cm.

ISBN 978-971-0197-69-9

1. Filipino language -- Grammar. 2. Filipino language – Writing – Handbook, manuals, etc. I. Almario, Virgilio S. II. Title.

PL6055 499.2115 2015 P420140147

Inilathala ng

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Gusaling Watson, 1610 JP Laurel St.,
Malacañang Palace Complex, San Miguel, Maynila
Tel. 02-733-7260 website: kwf.gov.ph

NILALAMAN

Ilang Paliwanag			**1**
Pagsulyap sa Kasaysayan Bilang Panimula ni Virgilio S. Almario			**4**
1	**Grafema**		**11**
	1.1.	Titik	12
	1.2	Di-titik	12
2	**Pantig at Palapantigan**		**13**
	2.1	Kayarian ng Pantig	14
	2.2	Pagpapantig ng mga Salita	15
	2.3	Pantig na Inuulit	15
3	**Pagbaybay na Pasalita**		**17**
	3.1	Pantig	18
	3.2	Salita	18
	3.3	Akronim	18
	3.4	Daglat	19
	3.5	Inisyals	19
	3.6	Simbolong Pang-agham/Pangmatematika	20
4	**Pagbaybay na Pasulat**		**21**
	4.1	Gamit ng Walong Bagong Titik	22
	4.2	Bagong Hiram na Salita	22
	4.3	Lumang Salitang Español	23
	4.4	Di Binabagong Bagong Hiram	23
	4.5	Problema sa C, Ñ, Q, X	23
	4.6	Panghihiram Gamit ang 8 Bagong Titik	24
	4.7	Eksperimento sa Ingles	24
	4.8	Español Muna, Bago Ingles	25
	4.9	Ingat sa "Siyokoy"	25
	4.10	Eksperimento sa Español	26
	4.11	Gamit ng Español na Y	27
	4.12	Kaso ng Binibigkas na H sa Hiram sa Español	27
	4.13	Gamit ng J	28
5	**Kasong Kambal-Patinig**		**29**
	5.1	Unang kataliwasan	31
	5.2	Ikalawang kataliwasan	31
	5.3	Ikatlong na kataliwasan	31
	5.4	Ikaapat na kataliwasan	31
	5.5	Malalakas na Patinig	32
6	**Kambal-Katinig at Digrapong SK, ST, SH, KT**		**33**
	6.1	Pasók ang SK, ST	34
	6.2	Walang KT	34

	6.3	Digrapong CH at SH	34
	6.4	May SH ang Ibaloy	35
	6.5	May TH at KH ang Mëranaw	35
7	**Palitang E/I at O/U**		**37**
	7.1	Disiplina sa Pagbigkas ng E/I at O/U	38
	7.2	Senyas sa Español o sa Ingles	38
	7.3	Kapag Nagbago ang Katinig	39
	7.4	Epekto ng Hulapi	39
	7.5	Kailan Hindi Nagpapalit	40
	7.6	Kapag Bago ang Kahulugan	40
	7.7	Huwag Baguhin ang Dobleng O	41
8	**Pagpapalit ng "D" tungo sa "R"**		**42**
	8.1	Kasong Din/Rin, Daw/Raw	43
	8.2	"D" Kahit Kasunod ng Patinig	44
9	**Kailan "Ng" at Kailan "Nang"**		**45**
	9.1	Mga Gamit ng "Nang"	46
	9.2	Ingatan ang Pinagdikit na "na" at "ang"	46
10	**Pagbabalik sa mga Tuldik**		**47**
	10.1	Isang Anyo, Iba-Ibang Bigkas	48
	10.2	Dagdag na Gamit ng Pahilis	48
	10.3	Tuldikan kahit Malumay	49
	10.4	"Ma-" na May Pahilis	49
	10.5	Dagdag na Gamit ng Pakupya	49
	10.6	Tuldik Patuldok	50
	10.7	Pahilis sa Itaas ng Tuldik Patuldok	51
11	**Mga Wastong Gamit ng Gitling**		**53**
	11.1	Sa Inuulit na Salita	54
	11.2	Sa Isahang Pantig na Tunog	55
	11.3	Sa Paghihiwalay ng Katinig at Patinig	55
	11.4	Sa Pinabigat na Pantig	56
	11.5	Sa Bagong Tambalan	56
	11.6	Iwasan ang "Bigyan-"	56
	11.7	Tambalan ang "Punongkahoy"	56
	11.8	Sa Pasulat na Oras	57
	11.9	Sa Kasunod ng "De"	57
	11.10	Sa Kasunod ng "Di"	57
	11.11	Sa Apelyido	58
	11.12	Sa Pagsaklaw ng Panahon	58
12	**Mga Bantas**		**59**
	12.1	TULDOK	60
		12.1.1 Sa Pagpapaikli	60
		12.1.2 Paglilista o Enumerasyon	61
		12.1.3 Sa Agham at Matematika	63
		12.1.4 Relasyon sa Iba pang Bantas	63
		12.1.5 Sa Sanggunian	64

	12.1.6 Sa Sangguniang Online	65
	12.1.7 Sa Diksiyonaryo	65
	12.1.8 Gituldok: Espesyal na Uri ng Tuldok	65
	12.1.9 Kailan Hindi Naglalagay ng Tuldok	66
12.2	KUWIT	66
	12.2.1 Sa mga Serye	66
	12.2.2 Pambukod ng mga Idea	66
	12.2.3 Pambukod ng mga Detalye	67
	12.2.4 Pansamantalang Pagtigil	67
	12.2.5 Sa Pagsipi	68
	12.2.6 Matapos ang Pang-abay at Pangatnig	68
	12.2.7 Bílang Pamalit sa Detalye	68
	12.2.8 Sa mga Liham	69
	12.2.9 Sa Diksiyonaryo	69
12.3	TANDANG PANANONG	69
	12.3.1 Relasyon sa Ibang Bantas	69
	12.3.2 Mga Tuwiran at Di-tuwirang Tanong	70
	12.3.3 Mga Pakiusap na Patanong	70
12.4	TANDANG PADAMDAM	71
	12.4.1 Relasyon sa Ibang Bantas	71
	12.4.2 Iwasan ang Doble o Higit pang Padamdam	71
12.5	TULDOK-KUWIT	60
	12.5.1 Sa mga Komplikadong Serye sa Pangungusap	72
	12.5.2 Bago ang mga Pang-abay	72
	12.5.3 Sa Paghihiwalay ng mga Detalye	72
	12.5.4 Relasyon sa Ibang Bantas	73
12.6	TUTULDOK	73
	12..6.1 Sa Pagsipi	73
	12.6.2 Sa Paglilista	74
	12.6.3 Sa Oras at Kabanata ng Bibliya	74
	12.6.4 Sa Sanggunian	74
	12.6.5 Sa mga Bahagi ng Liham	75
	12.6.6 Treyser	76
	12.6.7 Iskrip	76
12.7	PANIPI	76
12.8	GITLING	77
	12.8.1 Paghihiwalay ng Numero	77
	12.8.2 Pagbabaybay	77
	12.8.3 Pananda ng Panlapi	77
	12.8.4 Senyas ng Naputol na Salita	78
12.9	GATLANG EN	78
	12.9.1 Gatlang en para sa mga Lugar	79
12.10	GATLANG EM	79
	12.10.1 Sa Pagsulat ng Diyalogo	79
	12.10.2 Gatlang 3 em sa Sanggunian	79

12.11 PANAKLONG 79
12.11.1 Para sa Paglilinaw 80
12.11.2 Sa Sanggunian 80
12.12 KUDLÍT 80
12.12.1 Hindi Dapat Pagdikitin 80
12.12.2 Kudlit sa mga Pangalang Banyaga 81
12.13 PANAKLAW 82
12.13.1 Sa Agham at Matematika 82
12.14 PAHILÍG 82
12.14.1 Saklaw ng Panahon 83
12.14.2 Pagsulat ng Petsa 83
12.14.3 Representasyon ng *kada* at *bawat* 83
12.14.4 Sa Agham at Matematika 84
12.14.5 Sa Pagsipi ng Tula 84
12.14.6 Sa URL ng Website 84
12.15 ELIPSIS 85
12.15.1 Apat na Tuldok 85
12.15.2 Sa Pagsipi ng Tula 85
12.16 PANAKLANG 86
12.17 Mahigit Isang Bantas 86
12.18 Isang Font sa mga Bantas 86
12.19 YUNIKOWD NG BANTAS 87
13 **Mga Bílang** **88**
13.1 Numeral na Pabaybay 89
13.2 Alternatibong Tuntunin 89
13.3 Malaking Bílang at Halaga 89
13.4 Pangungusap na Nagsisimula sa Numero 90
13.5 Mga Ordinal 91
13.6 Konsistensi at Pleksibilidad sa Gamit 91
13.7 Mga Kantidad na Pisikal 91
13.8 Mga Praksiyon 92
13.9 Praksiyong Desimal at Paggamit ng Zero 92
13.10 Salapî 93
13.11 Mga Bahagi ng Aklat 94
13.12 Mga Bahagi ng Peryodikal 95
13.13 Mga Bahagi ng Legal na Dokumento 95
13.14 Taón sa Petsa 95
13.15 Kompletong Petsa 96
13.16 Siglo at Dekada 96
13.17 Mahabàng Panahon 97
13.18 Petsang Numero Lahat 97
13.19 Sistemang IOS 97
13.20 Oras 97
13.21 Oras Militar 98
13.22 Pangalang May Kasámang Bílang 98

	13.23	Bílang ng Serye	99
	13.24	Adres	99
	13.25	Bantas sa Pagsulat na Numeral	99
	13.26	Wastong Baybay ng mga Bilang	100
	13.27	Bílang Romano	101
14	**Mga Pangalan at Katawagan**		**102**
	14.1	PANGNGALANG PANTANGI	103
	14.2	Pangalan ng Tao	103
	14.3	Opisyal na Pangalan at Pamagat	104
	14.4	Pangalan ng Organisasyon	105
	14.5	Palayaw o Bansag	106
	14.6	Nasyonalidad at Pangkating Etniko	106
	14.7	Pangalang Heograpiko	107
	14.8	Mga Pista't Pagdiriwang Pangkasaysayan	107
	14.9	Mga Konseptong Akademiko	108
	14.10	Mga Dokumento at Pamagat ng Likhang Sining	108
	14.11	Mga Pangalang Meteorolohiko	109
	14.12	Mga Tatak ng Produkto	109
	14.13	Mga Pangalan ng Sasakyan	110
	14.14	Di-karaniwang Baybay ng Pangalan	110
	14.15	PANGNGALANG PAMBALANA	110
	14.16	Katawagang Pampamilya	111
	14.17	Espesyal na Gamit ng Pangalang Pambalana	111
	14.18	ITALIKO O ROMANO?	112
	14.19	Pamagat ng Kaso	112
	14.20	Pangalang Siyentipiko	112
	14.21	Gene at Enzyme	113
	14.22	Pangalan ng Sakít	113
	14.23	Pamagat ng Malikhaing Gawain	114
	14.24	PANGNGALANG TAMBALAN AT MAY GITLING	115
15	**Daglat, Inisyals, at Akronim**		**116**
	15.1	PANGALAN NG TAO	117
	15.2	Igalang ang Panggitnang Inisyals	117
	15.3	Panatilihin ang mga Unang Inisyals	117
	15.4	Titulo o Katungkulan	118
	15.5	Ekstensiyon sa Pangalan	118
	15.6	Pangalan ng Banal	119
	15.7	Daglat na Alyas	119
	15.8	PANGALAN NG KAPISANAN	119
	15.9	Daglat na Org at Korp	119
	15.10	KATAWAGANG TEKNIKAL AT SIYENTIPIKO	120
	15.11	Daglat mulang Latin	121
	15.12	Daglat sa Kemikal	121
	15.13	Daglat sa Oras	122

	15.14	Daglat sa Araw at Buwan	122
16	**Sipi at Panipi**		**123**
	16.1	PARAAN NG PAGSIPI	124
	16.2	Mahabà o Maikling Sipi	125
	16.3	Sundin ang Orihinal	126
	16.4	Hindi Tuwirang Pagsipi	126
	16.5	Malaki o Maliit na Titik	126
	16.6	Pagsipi sa Batas	127
	16.7	Kapag Mahigit Isang Talata	128
	16.8	Pagsipi sa Liham	128
	16.9	Bantas bago ang Sipi	128
	16.10	Bantas sa Dulo ng Sipi	129
	16.11	ESPESYAL NA GAMIT NG PANIPI	130
	16.12	Himig na Mapang-uyam	130
	16.13	ISAHANG PANIPI	130
	16.14	Magkasunod na Isahan at Dalawahan	131
	16.15	Kapag may Ikatlong Sipi	131
	16.16	SIPI NA WALANG PANIPI	131
	16.17	Sipi sa Karanungang-Bayan	131
	16.18	USAPAN AT DIYALOGO	132
	16.19	Usapan sa Dula	132
	16.20	Gatlang em sa Usapan	132
17	**Dokumentasyon**		**133**
	17.1	TALA AT TALABABA	134
	17.2	Wastong Pagkakasunod	134
	17.3	Pangalan ng May-akda	135
	17.4	Sa Anonimong Awtor	136
	17.5	Sa Alyas	136
	17.6	Sa Dalawa o Higit pang Awtor	136
	17.7	Sa Publikasyong Salin o Inedit	136
	17.8	Sa Pagsulat ng Pamagat	137
	17.9	Mga Banal na Kasulatan	137
	17.10	Sa Mahabàng Akda	137
	17.11	Sa mga Serye	138
	17.12	Mga Edisyon ng Aklat	138
	17.13	Publikasyong may Tomo	138
	17.14	Panaklong sa Detalye ng Pagkakalathala	138
	17.15	Walang Lathalaan at Walang Petsa	139
	17.16	Panatilihin ang Baybay at Bantas	139
	17.17	Sa Pagsulat ng Pahina	139
	17.18	Mga Espesyal na Materyales	139
	17.19	Mga Dokumentong Pampubliko	139
	17.20	Usapin sa Husgado	140
	17.21	Tesis at Disertasyon	140
	17.22	Liham, Talumpati, Interbiyu	140

17.23	Mga Sekundaryong Sanggunian	141
17.24	*Ibid.*, *loc. cit.*, *op. cit.*	141
17.25	*Ibid.* sa Magkasunod na Banggit	141
17.26	*Ibid.* sa Iisang Awtor, Sanggunian ngunit Magkaibang Artikulo	141
17.27	*Op. cit.* sa Iisang Akda, ibang Pahina	142
17.28	*Loc. cit.*	142
17.29	Para sa Pagpapaliwanag	142
17.30	Mahabàng Talababa	143
17.31	SANGGUNIAN	143
17.32	Wastong Pagkakasunod	143
17.33	Publikasyong Isa ang Awtor	144
17.34	Dalawa o Higit pang Awtor	144
17.35	Anonimo ang Awtor	145
17.36	Pagsulat ng Pamagat	145
17.37	Kung may Pangalawang Pamagat	146
17.38	Pamagat sa Loob ng Pamagat	146
17.39	Edisyon	146
17.40	Tomo	147
17.41	Lathalaan at Petsa	147
17.42	SANGGUNIANG ELEKTRONIKO	148
17.43	Mga Sangguniang Mula sa Websites	148
17.44	Pangalan ng awtor sa mga sangguniang elektroniko	148
17.45	Pamagat ng artikulo	149
17.46	Pangalan ng pahina at petsa ng pagkakalathala	149
17.47	URL	149
17.48	Mga Materyales na Audiovisual	150

Apendise **151**

Pagmamarka ng Pruweba 152

Mga Simbolong Ginagamit sa Pagbasa ng Pruweba 154

Aplikasyon ng mga Simbolo 155

Ilang Paliwanag

ni Virgilio S. Almario

NOON PANG SULATIN ko ang *Patnubay sa Masinop na Pagsulat* (1981) ay sinabi kong kailangan ang ganitong manwal upang mabigyan ng patnubay ang mga guro, estudyante, at sinumang nagnanais sumulat sa wikang Filipino. Nilalaman ng ganitong patnubay ang mga batas at tuntunin sa paggamit ng wika na mula sa matagal nang paggamit ng wika ng sambayanan at ng mahuhusay na manunulat. Ngunit unang-unang dapat linawin na patnubay ito sa masinop at maingat na pagsulat; hindi sa malikhain at magandang pagsulat. Bagaman marami sa mga tuntunin dito ang maaaring gamitin sa pagkatha o pagtula—lalò na upang mapatnubayan ang mga manunulat na oo nga't malikhain ngunit burara sa ispeling at gramatika—ang higit na layunin sa pagtitipon ng mga tuntunin sa aklat na ito ay ituro ang mga pamantayan para sa higit na mabilis na komunikasyon. Ang ibig sabihin, para matiyak na ang isang sulatin ay maiintindihan ng target na mambabasá.

Wika ko nga noong 1981: "Kung ang magandang pagsulat ay may kaugnayan sa pag-imbento ng higit na mahusay na modelo ng kotse, ang masinop na pagsulat ay may kaugnayan lámang sa wastong pagmamaneho ng kotse." Tulad ng kotse ang wika. Tulad ng wika, hindi basta nagagamit ang kotse. Kailangang maalam ang tsuper sa pagpapaandar ng makina. Kailangang alam niya ang mga bahagi ng kotseng ginagamit sa pagmamaneho. Kailangang alam niya ang mga batas sa pagmamaneho upang hindi mabangga, makasagasa, o maaksidente. At idadagdag ko pa ngayon, upang hindi mahúli ng pulis (o editor?) dahil sa malaki man o munting paglabag sa batas trapiko.

Ibinatay ang mga panuntunan sa librong ito sa nakamihasnan at sa mga nagbabagong kahingian ng praktikal na paggamit ng wika. Ang ibig sabihin, sa isang bandá, kinikilála ng librong ito ang mga tradisyonal na tuntunin sa pagsulat—mga tuntuning natipon mula sa mahabà na rin namang kasaysayan ng nakasulat na panitikan sa Filipinas. Ngunit kalakip nitó ang pag-unawa sa naganap na ring mga pagbabago at reporma bunga ng pinagdaanang ebolusyon ng wikang Filipino. Bukod pa, at sa kabilâng bandá, ang pagtanggap bílang bagong tuntunin sa makabuluhang mga eksperimento na nagaganap sa paligid sa kasalukuyan. Ang gatlang en ay tiyak na ikapapanibago ng mga nasanay sa gitling at pagsulat sa pamamagitan ng makinilya. Tiyak namang maraming bago ang kasalukuyang pagsusulat online.

Ang problema, maraming abogadilyo sa paligid ang gumagamit sa "nakamihasnan" para sumalungat sa anumang pagbabago, lalò na't makabuluhang

pagbabago. Wika pa nilá, at sinisipi ang kasabihang Ingles, "Bakit aayusin ang hindi naman sirâ?" Ngunit dapat niláng maunawaan na nagbabago ang panahon at kasabay na nagbabago ang wika. Noon pa halimbawang panahon ng *La Solidaridad* ay ipinanukala ni Rizal ang ilang reporma sa ispeling upang makalaya sa mga "paraang Español" na hindi angkop sa wikang Tagalog. Halimbawa'y ang paggamit ng K o S para sa tunog na kinakatawan noon ng C at ng paggamit ng AW para sa diptonggong AO sa dulo ng salita. Ngunit hanggang nitóng 2011, isang propesor ang narinig kong ipinagpipilitan na wasto ang ispeling na "*cañao*" dahil ito ang "nakamihasnan." Tanong ko, may Ñ ba ang wikang Igorot? Hindi ko na inulit sa kaniya ang mungkahi ni Rizal noong 1890 at upang ipabaybay ang naturang katutubong salita sa higit na nararapat na anyong **kanyáw**. Natitiyak ko, ang hindi rin pagsunod sa mga pagbabagong nais ni Rizal ang sanhi ng "*guisado*" hanggang ngayon sa halip na **gisádo** sa mga menu ng pansiteryang Tsino.

Sa kabilâ ng lahat, ang mga tuntunin sa manwal na ito ay mga preperensiya ng kasalukuyang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Ang ibig sabihin: una, hindi ito idinidikta o iniuutos na sundin ng lahat sapagkat patnubay lámang ito sa pagsulat at pag-edit ng mga empleado ng KWF at ng mga nais sumunod sa patnubay ng KWF; ikalawa, hindi ito panghabàng-panahon sapagkat maaaring magkaroon ng reporma o dagdag sa darating nitóng edisyon. Kaugnay ng unang paliwanag, may mga mungkahi sa manwal na ito na maaaring hindi umaayon sa itinuro ng ibang aklat, ngunit iminumungkahi ng KWF dahil higit na praktikal at nakatutulong sa higit na mabilisang komunikasyon. Magandang halimbawa ang ilang tuntunin dito na ibang-iba sa mga tuntuning ipinahayag ko noong 1981 sa aking *Patnubay sa Masinop na Pagsulat*. Ang totoo, kahit ang *The Chicago Manual of Style* ng University of Chicago Press, na siyáng pangunahing sanggunian sa pagbuo ng manwal na ito, ay dumanas na ng maraming edisyon dahil na rin sa nagbabagong praktika ng pagsulat sa wikang Ingles. Sa kabilâng dako, may mga tuntunin sa manwal na ito na hindi matatagpuan sa *The Chicago Manual of Style* at kahit sa iba pang katulad na patnubay sa wikang Filipino at malimit na dahil bunga ang mga ito ng nagaganap at mabilis na modernisasyon sa wikang pambansa.

Ang unang borador ng manwal na ito ay produkto ng isang palihan ng ilang kawani at pinunò ng KWF nitóng 7–10 Enero 2014. Ang panimulang saliksik sa mga gamit ng bantas, mga bílang na numeral at binabaybay, paggamit ng malaki o maliit na titik, at daglat ay likha nina Maria Christina A. Pangan, Jose Evie G. Duclay, at Alyssa Romielle F. Manalo. Nagdaan ang kanilang panimulang saliksik sa pamumuna at pagsusuri nina Kriscell L. Labor, Sandor B. Abad, Minda L. Limbo, Jomar I. Cañega, Sheilee B. Vega, Marne L. Kilates, Direktor Heneral Roberto T. Añonuevo, Kom.

Purificacion G. Delima, at Kom. Lorna E. Flores. Ipinások din sa unahan ng manwal ang kasalukuyang KWF *Ortograpiyang Pambansa* (2014 edisyon) upang makapagdulot ng higit na "kompletong" patnubay sa pagsulat sa wikang Filipino.

Limitado ang paksa ng manwal sa ilang pangunahin at karaniwang suliranin sa maingat na pagsulat sa wikang Filipino. Nakabukás sa gayon ang manwal para sa anumang lilitaw na problemang dapat bigyan ng tuntunin o sa anumang makabuluhang pagwawasto. Ang hiling namin, basáhing mabuti ang bawat tuntunin at pag-aralan ang mga halimbawa bago gamitin o ituro sa iba.

Ferndale Homes
4 Pebrero 2014

Introduksiyon sa Ortograpiyang Pambansa

Pagsulyap sa Kasaysayan bilang Panimula

ni Virgilio S. Almario

ANG GABAY SA ortograpiya o palatitikan ng wikang Filipino ay binubuo ng mga tuntunin kung paano sumulat gamit ang wikang Filipino. Hinango ang mga tuntunin sa mga umiiral na kalakaran sa paggamit ng Wikang Pambansa, bukod sa napagkasunduang mga tuntunin, bunga ng mga forum at konsultasyon, hinggil sa mga kontrobersiyal na usapin sa ispeling. Ninanais palaganapin sa gabay na ito ang estandardisadong mga grafema o pasulat na mga simbolo at ang mga tuntunin sa paggamit at pagbigkas ng mga simbolong ito. Itinatanghal din dito ang mga naganap na pagbabago mula sa panahon ng abakadang Tagalog bunga ng modernisadong alpabeto at bunga na rin ng umuunlad na paggamit sa Wikang Pambansa.

Hindi ninanais na maging pangwakas na mga tuntunin ang nilalaman ng gabay na ito. Wika nga noon pang 1906 ni Ferdinand de Saussure hábang binubuo ang mga pangkalahatang simulain sa lingguwistika, mahirap mahúli ang bigkas ng isang "buháy na wika." At isang malusog at umuunlad na wika ang Filipino. Wika pa niya, "Ang bigkas sa isang salita ay ipinapasiya, hindi ng ispeling, kundi ng kasaysayan nitó." Walâng alpabeto ng alinmang wika sa mundo na perpekto ngunit bawat pagkilos tungo sa estandardisadong ispeling ay isang pagsisikap na makatulong tungo sa higit na mabisàng pag-agapay ng pagsulat sa wikang pabigkas. Higit na mapahahalagahan ang bawat tuntuning ortograpiko sa gabay na ito kapag sinipat mula sa pinagdaanang kasaysayan nitó kalakip ang paniwala na patuloy itong magbabago samantalang umuunlad ang pangangailangan ng madlang gumagamit ng wikang Filipino.

Mulang Baybáyin Hanggang Abakada

Ang kasaysayan ng ortograpiya ng wikang Filipino ay maaaring ugatin mula sa sinaunang panahong gumagamit ang mga Filipino ng katutubong paraan ng pagsulat na tinatawag na **baybáyin**. Sa ulat ng mga misyonerong Español, nadatnan niláng 100 porsiyentong letrado ang mga Tagalog at marunong sumulat at bumása sa baybáyin ang matanda't kabataan, laláki man o babae. Dahil sa pangyayaring ito, kailangan niláng ilimbag ang unang aklat sa Filipinas, ang *Doctrina Christiana* (1593), nang may bersiyon ng mga dasal at tuntuning Kristiyano sa paraang baybáyin. Sa gayon, ang libro ay binubuo ng mga tekstong Español at may salin sa Tagalog, nakalimbag ang tekstong Español at Tagalog sa alpabetong Romano ngunit inilimbag din ang

tekstong salin sa baybáyin. Nakahudyat na rin sa libro ang isinagawang Romanisasyon ng palatitikang Filipino sa buong panahon ng kolonyalismong Español.

Ang baybáyin ay binubuo ng labimpitong (17) simbolo na kumakatawan sa mga titik: 14 katinig at 3 patinig. Ang mga simbolong kumakatawan sa mga letra ay gaya ng sumusunod:



Noong nakadestiyero si Jose Rizal sa Dapitan, sinulat niya ang *Estudios sobre la lengua tagala* na nalathala noong 1899. Kasáma sa mga panukala niyang reporma sa ortograpiyang Tagalog ang alpabetong may limang patinig at labinlimang katinig. Ang mga titik na ito ang naging batayán ng **abakada** na binuo ni Lope K. Santos nang kaniyang sulatin ang *Balarila* (nalathala, 1940). Idinagdag sa orihinal na mga titik ng baybáyin ang katinig na R at ginawang lima ang patinig: A, E, I, O, U kayâ dalawampu (20) ang mga titik ng lumaganap na abakada hanggang sa panahong tinatawag ang Wikang Pambansa na wikang Pilipino. Nakahanay ang mga ito sa sumusunod na paraan: A, B, K, D, E, G, H, I, L, M, N, NG, O, P, R, S, T, U, W, Y. Sa pagbása ng mga titik, ang mga katinig ay binibigkas nang may kasámang patinig na A, gaya ng sumusunod: /A/, /Ba/, /Ka/, /Da/, /E/, /Ga/, /Ha/, /I/, /La/, /Ma/, /Na/, /Nga/, /O/, /Pa/, /Ra/, /Sa/, /Ta/, /U/, /Wa/, /Ya/.

Ang pagbubukod sa mga titik E/I at O/U ay mahahalatang bunga ng matagal na panahon ng pagtuturo sa bagay na ito kaugnay ng pag-aaral ng wikang Español. Sa aklat ni Tomas Pinpin, ang *Librong pagaaralan nang manga tagalog nang uicang Caftilla*

(1610), masikap niyang ipinaliwanag na kailangang matutuhan ng mga kababayan niya ang pagkilála sa magkaibang mga tunog ng E at I at ng O at U dahil may mga salita sa Español na magkatulad ng ispeling ngunit nagkakaroon ng magkaibang kahulugan dahil sa mga naturang titik. Halimbawa, iba ang *pesa* (timbang) sa *pisa* (dapurakin); iba ang *rota* (pagkatalo) sa *ruta* (direksiyon ng pasada).

Sa kabilâ ng pangyayaring lubhang naimpluwensiyahan ng wikang Español ang mga wikang katutubo sa Filipinas, hindi isináma sa abakada ang mga letra para sa mga tunog na C, CH, F, J, LL, Ñ, Q, RR, V, X, Z. Nanatili ang mga ito sa mga pangngalang pantangi, gaya sa Carmen, Pacheco, Fullon, Jaro, Magallanes, Cariño, Quirino, Barrameda, Vizcaya, Maximo, at Zamboanga. Ngunit marami sa mga salitâng hiram sa Español at nagtataglay ng naturang mga titik ay tinapatan ng mga tunog sa mga titik ng abakada, gaya ng nagaganap na noong paghiram sa mga naging palasak na salitâng Español.

HIRAM NA TITIK	TITIK TAGALOG	SALITANG ESPANYOL	BAYBAY TAGALOG
C	k- s-	*calesa* *cine*	kalesa sine
CH	ts- s-	*cheque* *chinelas*	tseke sinelas
F	p-	*fiesta*	pista
J	h-	*jota*	hota
LL	ly- y-	*billar* *caballo*	bilyar kabayo
Ñ	ny-	*baño*	banyo
Q	k-	*queso*	keso
RR	r-	*barricada*	barikada
V	b-	*ventana*	bintana
X	ks- s-	*experimento* *xilofono*	eksperimento silopono
Z	s-	*zapatos*	sapatos

Ang iba pang gabay sa pagsulat, gaya ng kung paano gamitin ang **ng** at **nang**, kung kailan nagiging **R** ang **D**, o kung bakit nagiging **U** ang **O** sa dulo ng salita kapag inulit, ay hinango sa mga tuntunin mula sa *Balarila* ni Lope K. Santos. Ang makabuluhang mga tuntunin ay tinipon ng Surian ng Wikang Pambansa makaraan ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pinamagatan itong *Mga Batayang Tuntuning*

Sinusunod sa Pagsusuring Aklat (walang petsa) na inihanda ni Bienvenido V. Reyes sa isang hiwalay at nakamimeograp na polyeto at naging gabay ng mga guro, manunulat, at editor.

Bagong Alpabetong Filipino

Naramdaman ang pangangailangan sa radikal na reoryentasyon ng pagpapaunlad sa Wikang Pambansa noong pumapasok ang dekada 70. Hindi sapat ang pagpapangalan sa Wikang Pambansa na "Pilipino" noong 1959 sa bisà ng isang kautusang pangkagawaran ni Kalihim Jose Romero. Noong 1965, inusig ni Kongresista Inocencio Ferrer ang Surian at ibang ahensiya ng pamahalaan dahil sa diumano'y pagpapalaganap ng isang "puristang Tagalog" bílang Wikang Pambansa. Noong 1969, isang pangkating pangwika, ang Madyaas Pro-Hiligaynon Society, ang nagpetisyon sa hukuman na pigilin ang gawain ng Surian.

Bagaman hindi nagwagi ang mga naturang pagkilos, naging hudyat ito para muling suriin ang konsepto ng Wikang Pambansa. Sa Konstitusyong 1973, tinawag na "Filipino" ang Wikang Pambansa. Sinundan ito ng isang bagong gabay sa ortograpiya na nabuo noong 1976 at nalathala sa anyong mimeograp noong 1977 sa pamagat na *Mga Tuntunin ng Ortograpiyang Filipino*. Isa sa nilalaman nitó ang pagbago sa abakada na naging tatlumpu't isa (31) ang mga titik sa pamamagitan ng dagdag na labing-isang (11) titik na napagkasunduan sa isang serye ng mga simposyum noong 1976 at ikalawa ang lumang *Patnubay na Sinusunod sa Pagwawasto ng mga Aklat Babasahin* na noon pang dekada 60 ginagamit. Dahil sa dami ng mga titik ng bagong alpabeto ay tinawag itong "pinagyamang alpabeto"; ngunit sinundan ng mga puna na lubhang pinarami ito kaysa kailangang mga bagong titik.

Muling sinuri ang alpabeto, binawasan ng mga bagong titik, at noong 1987 ay nalathalang dalawampu't walo (28) ang mga titik sa gabay na *Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino* ng Linangan ng mga Wika sa Pilipinas, ang binagong pangalan ng Surian ng Wikang Pambansa. Tinanggap ang mga dagdag na titik na: C, F, J, Ñ, Q, V, X, at Z. Pinalaganap din ang isang "modernisadong alpabeto" na ipinababásа ang mga titik sa paraang Ingles, maliban sa Ñ mulang alpabetong Español, gaya ng sumusunod: A /ey/, B / bi/, C /si/, D /di/, E /i/, F /ef/, G /dyi/, H /eyts/, I /ay/, J /dyey/, K /key/, L /el/, M /em/, N /en/, Ñ /enye/, NG /en dyi/, O /o/, P / pi/, Q /kyu/, R /ar/, S /es/, T /ti/, U /yu/, V /vi/, W /dobolyu/, X /eks/, Y /way/, Z /zi/. Ngunit hindi nasagot ng 1987 gabay ang ilang sigalot, lalò na ang hinggil sa kaso ng kambal-patinig o diptonggo, na lumitaw mula pa sa 1977 gabay.

Samantala, muling pinagtibay ng Konstitusyong 1987 ang Filipino bílang Wikang Pambansa, gaya sa tadhanang:

> Ang pambansang wika ng Pilipinas ay Filipino. Hábang ito ay nabubuo, patuloy itong pauunlarin batay sa mga umiiral na wika sa Pilipinas at iba pang wika. (Art. XIV, sek. 6)

Kaugnay nitó, itinatag ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 1991 mula sa binuwag na Linangan. Ito ang nagpalabas ng *2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino* na sa halip magpahupa ay laló̀ng nagpaalab sa mga alingasngas sa ispeling. Sinikap mamagitan ng Pambansang Lupon sa Wika at Salin, National Commission for Culture and the Arts (NCCA) sa pagdaraos ng isang serye ng forum noong 13 Agosto 2005, 3 Marso 2006, at 21 Abril 2006. Maraming napagkasunduang pagbabago sa naturang serye ng pag-uusap ng mga guro, eksperto, manunulat, at editor. Naging patnubay ang mga ito sa muling pagsasaayos ng inilathalang *Gabay sa Editing sa Wikang Filipino* (2004 at nirebisa noong 2008) ng Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, Unibersidad ng Pilipinas gayundin sa rebisyon ng mga patnubay pangmanunulat na gaya ng *Filipino ng mga Filipino* (ikalawa at binagong edisyon, 2009) ng Anvil Publishing.

Naglathala ang KWF ng bagong gabay noong 2009 na may ikaapat na edisyon nitóng 2012. Mapapansin sa gabay ang pagsisikap nitóng pulutin ang mga simulain mula sa resulta ng mga forum ng NCCA gayundin ang nagbabagong tindig ng KWF mula sa unang edisyong 2009 hanggang pinakahulíng edisyong 2012. Dahil dito, minarapat ng bagong pamunuan ng KWF na muling magdaos ng tatlong araw na pambansang forum sa ortograpiya nitóng 11–13 Marso 2013. Sa pangangasiwa ni Dr. Galileo S. Zafra bílang convenor, sinikap pagtibayin ng forum ang mga tuntuning napagkasunduan na sa serye ng forum ng NCCA noong 2005–2006, bukod sa hinarap ang ibang problema kaugnay ng pagpapabilis sa pagsasanib ng mga salita mula sa mga katutubong wika ng Filipinas. Sinimulan ding talakayin sa 2013 forum ang mga problema sa panghihiram mulang Ingles bagaman hindi nabigyan ng karampatang pagpapasiya dahil kinapos sa oras. Sa gayon, nanatili ang napagkasunduang paraan ng panghihiram mulang Ingles sa 2005–2006 forum. Nakabatay ang kasalukuyang gabay na ito sa mga resulta ng pag-uusap sa 2013 forum at sa iba pang umiiral nang kalakaran.

Isang magandang hakbang sa 2013 forum ang isinagawang paglingon sa kasaysayan ng ortograpiyang Filipino bago tinalakay ang mga isyung kontrobersiyal. Sa tanglaw ng kasaysayan, may masisinag nang "tradisyon" o aktuwal na kasaysayan

ng praktika sa ispeling ang wikang Filipino—mula sa eksperimental na paggamit ng alpabetong Romano ng mga misyonerong Español hanggang sa makabuluhang mungkahi ni Rizal na paggamit ng K at W upang mabawasan ang problema ng lubhang pa-Español na baybay sa panahon ng kolonyalismong Español, mula sa abakada noong 1940 hanggang sa modernisasyon ng alpabeto mulang 1987—na nagsisikap ilapat ang pagsulat sa bigkas ng mga mamamayan. Ang "tradisyong" ito ang hindi napapansin sa lubhang ngangayunin lámang na pagtitig sa wika.

Samantala, may lumilitaw namang pagbago sa ilang tuntuning pinalaganap ng *Balarila* na maaaring ituring na batay lámang sa dila ng mga Tagalog at kailangang "paluwagin" upang maisaalang-alang ang mga layuning "pambansa" at "makabansa" ng wikang Filipino. May mga lumang tuntunin na ipinasiyang manatili ngunit may itinuring nang opsiyonal o hindi na nais pairalin bílang tuntunin. May nadagdag na sangkap sa pagsulat dahil sa dibdibang pagsasaalang-alang sa ibang katutubong wika ng Filipinas. Isang radikal na halimbawa ang pinagtibay na dagdag na tuldik na pansamantalang tatawaging **patuldók**, isang tuldik na kahawig ng *umlaut* at *dieresis* (¨), at kakatawan sa tunog na *schwa* na matatagpuan sa Mëranaw, Pangasinan, Ilokano, at mga wika sa Cordillera. Anupa't nakatuon ang talakay ng kasalukuyang gabay na ito hinggil sa paglilinaw ng mga lumang kontrobersiyal na kaso at sa pagpapanukala ng mga kabaguhang dulot ng pambansang pagpapalawak sa kabuluhan ng ortograpiya mula sa lumang saligan ng abakadang Tagalog.

Upang luminaw, natalakay sa 2013 forum ang sumusunod na mithing katangian ng ortograpiyang Filipino:

> (1) Ang pagbuo ng panuto ay kailangang patnubayan ng matiyagang **paglingon sa kasaysayan** upang masipat ang anumang tradisyon ng nagdaang paraan ng pagsulat sa wika, mula sa panahon ng baybáyin, sa panahon ng pagpapalaganap sa alpabetong Romano, sa panahon ng abakada, at hanggang sa paggamit ng modernisadong alpabetong Filipino.
>
> (2) Kailangang ibatay ito sa **mataas na modelo** ng paggamit ng wika. Tinutukoy nitó ang dagdag na pagsuri sa nakasulat na panitikan upang paghugutan ng mga panutong ortograpiko bukod sa pagmamatyag sa nagaganap na pagbabago sa wikang pabigkas. Mahigpit ding kaugnay ito ng katatalakay na mithing hanguin ang tuntuning ortograpiko mula sa karanasang pangkasaysayan.

(3) Kailangang **episyente** ang ortograpiya o kailangang nakatutugon ito sa mga pangangailangan sa pagsulat. Ang pagdaragdag ng mga titik para sa modernisadong alpabeto ay isang maliwanag na pag-angkop ng wikang Filipino sa mga gawaing hindi na káyang tupdin ng lumang abakada.

(4) Kailangang **pleksible** ang ortograpiya upang magampanan ang lumalawak (pambansa) na gamit ng wikang Filipino. Masisinag sa kasalukuyang gabay ang pagsisikap na ipaloob ang ibang katangian ng mga wikang katutubo na walâ sa batayang korpus (ang Tagalog) ng abakada.

(5) Kailangang **madalî itong gamitin**. Ang bagay na ito ang maipagmamalaki ng baybáyin at abakada. Gayunman, sa kabilâ ng pumasok na salimuot mula sa mga tunog ng modernisadong alpabeto ay maipagmamalaki pa rin na madalîng ituro (lalò na sa paaralan) at palaganapin ang kasalukuyang gabay sa ortograpiya ng wikang Filipino.

Noong 1890 ay naipahayag na ni Rizal sa kaniyang panukalang reporma sa ortograpiyang Tagalog na kailangan itong "maging agpang sa diwa ng ating wika at ng mga kapatid na wika nitó" at higit sa lahat, para "mapagaan ang pag-aaral nitó." Ang ibig sabihin, lumilikha ng mga tuntunin ang estandardisasyon tungo sa higit na mabisàng pagtuturo ng pagsulat. Ang ibig sabihin pa, para sa atin ngayon, **inaalis ng mga tuntunin ang hindi kailangang lumang tuntunin at hindi kailangang baryasyon** para higit na madalîng gamitin ang ortograpiya. Sa kabilâ ng lahat, hindi pa ito ang wakas. Sa 2013 forum, pinagtibay din ang pagpapalabas ng isang **alpabetong ponetiko** upang makapatnubay pa sa paggamit ng wika. Abangan ang susunod na kabanata sa pagsúlong ng wikang Filipino bílang isang wikang pambansa at pandaigdig.

Ferndale Homes
17 Abril 2013

1 GRAFEMA

Pangunahing tungkulin ng ortograpiya ang paglalapat ng grafema sa pahayag na pasalita at bigkas. Tinatawag na **graféma** ang isang set o pangkat ng mga bahagi sa isang sistema ng pagsulat. Ang mga grafema sa praktika ng ortograpiyang Filipino ay binubuo ng tinatawag na mga titik at mga di-titik.

1.1 Titik. Ang **títik** o **létra** ay sagisag sa isang tunog sa pagsasalita. Binubuo ito ng mga **patínig** o **bokablo** (*vocablo*) at ng mga **katínig** o **konsonante** (*consonante*). Ang serye ng mga titik o letra ay tinatawag na **alpabéto**. Ang alpabetong Filipino ay binubuo ng dalawampu't walong (28) titik at kumakatawan ang bawat isa sa isang tunog. Binibigkas o binabása ang mga titik sa tunog-Ingles maliban sa Ñ.

Aa *ey*	**Bb** *bi*	**Cc** *si*	**Dd** *di*	**Ee** *i*	**Ff** *ef*	**Gg** *dyi*
Hh *eyts*	**Ii** *ay*	**Jj** *dyey*	**Kk** *key*	**Ll** *el*	**Mm** *em*	**Nn** *en*
Ññ *enye*	**NGng** *en dyi*	**Oo** *o*	**Pp** *pi*	**Qq** *kyu*	**Rr** *ar*	**Ss** *es*
Tt *ti*	**Uu** *yu*	**Vv** *vi*	**Ww** *dobolyu*	**Xx** *eks*	**Yy** *way*	**Zz** *zi*

1.2 Di-titik. Binubuo ang **di-titik** ng mga tuldik at mga bantas. Ang **tuldik** o **asento** ay gabay sa paraan ng pagbigkas ng mga salita. Sa lingguwistika, itinuturing ang tuldik na simbolo para sa impit na tunog o kayâ sa diin o habà ng pagbigkas. Sa abakadang Tagalog, tatlo ang pinalaganap nang tuldik: (1) ang tuldik na **pahilís** (´) na sumisimbolo sa diin at/o habà, (2) ang tuldik na **paiwà** (`), at (3) ang tuldik na **pakupyâ** (^) na sumisimbolo sa impit na tunog. Kamakailan, idinagdag ang ikaapat, ang tuldik na **patuldók**, kahawig ng *umlaut* at *dieresis* (¨) upang kumatawan sa tunog na tinatawag na *schwa* sa lingguwistika.

Ang **bantas** ay kumakatawan sa mga patlang at himig ng pagsasalita sa pagitan ng mga titik at pantig, sa pagitan ng mga salita at mga parirala, at sa pagitan ng mga pangungusap. Mga karaniwang bantas ang **kuwít** (,), **tuldók** (.), **pananóng** (?), **padamdám** (!), **tuldók-kuwít** (;), **tutuldók** (:), **kudlít** ('), **panipi** (" "), at **gitlíng** (-).

Tingnan ang **seksiyong 12** para sa pagtalakay ng mga bantas.

2 PANTIG AT PALAPANTIGAN

Ang **pantíg** o **sílabá** ay isang yunit ng tunog na binubuo ng isang patinig o kambal-patinig at isa o mahigit pang katinig. Bawat **patinig** (a/e/i/o/u) ay isang pantig; samantala, kailangan ng bawat **katinig** ang isang patinig upang maging pantig. Dagdag pa, may isa lámang patinig sa bawat pantig samantalang maaaring mahigit sa dalawa ang katinig sa isang pantig.

Dahil sa tinatawag na tuldik o paraan ng pagbigkas ay mahigit isa ang gamit ng bawat patinig. Ang mga salita na nagtatapos sa patinig ay maaaring bigkasin nang may impit (*glottal stop*), gaya ng tawag sa mga salitâng malumi at/o maragsa ang bigkas. Ang malumi ay kinakatawan ng tuldik na **paiwà** (`), gaya sa **tamà**, **bekè**, **labì**, **lumò**, **bayhù**; ang maragsa ay kinakatawan ng tuldik na **pakupya** (^), gaya sa **tulâ**, **Kulê**, **lambî**, **tambô**, **sampû**. Samantala, dahil sa bagong tuldik **patuldok** (tingnan ang **10.6**) para sa bigkas *schwa* ay may anyong **ë**, gaya sa **dëmdëm**, **Darangën**, **panagbënga**.

2.1 Kayarian ng Pantig. Alinsunod sa sinundang paliwanag, ang pantig ay maaaring binubuo ng isang patinig, o isang katinig at isang patinig, o dalawa o mahigit pang katinig at isang patinig. Sumusunod ang mga **kayarian ng pantig** sa pasulat na simbolo at kinakatawan ng P ang patinig at ng K ang katinig:

Kayarian	Halimbawang Salita
P	a•a
KP	bi•be
PK	ok•ok
KPK	pat•pat, fag•fag•to
KKP	pla•pla
PKK	ang, eng•kan•to
KPKK	dorm, form
KKPK	plan, tram, fak•ghet
KKPKK	tsart
KKPKKK	shorts

Pansinin na ang mga itinanghal na kayarian ng pantig ay nakabatay sa paraan ng pagsulat sa kasalukuyan at hindi sa posibleng tunog sa isang pantig. Sa gayon, hindi nitó nailalarawan ang pagkakaroon ng kambal-patinig sa pantig dahil sa kasalukuyang tuntunin sa pagsulat ng pantig na may kambal-patinig (tingnan ang **seksiyong 5**). Pansinin din na ang mga pantig na may dalawa o mahigit pang katinig ay malimit na taglay ng salitâng hiniram mula sa Español o Ingles.

2.2 Pagpapantig ng mga Salita. Ang pagpapantig ay paraan ng paghati sa isang salita alinsunod sa mga pantig na ipinambuo dito. Nakabatay ito sa grafema o nakasulat na mga simbolo. Halimbawa, /**u•be**/ (ube), /**ba•hay**/ (bahay). Narito ang ilang tuntunin:

Una, kapag may magkasunod na dalawa o mahigit pang patinig sa posisyong pang-una, panggitna, at pandulo, ito ay inihihiwalay na pantig. Halimbawa: /**a•ak•yat**/ (aakyat), /**a•la•a•la**/ (alaala), /**to•to•o**/ (totoo).

Ikalawa, kapag may magkasunod na katinig sa loob ng isang salita, ang una ay isinasáma sa sinundang patinig at ang ikalawa ay isinasáma sa kasunod na pantig. Halimbawa: /**ak•lat**/ (aklat), /**es•pes•yal**/ (espesyal), /**pan•sit**/ (pansit), /**os•pi•tal**/ (ospital). Nasasaklaw nitó pati ang mga digrapo, gaya sa /**kut•son**/ (kutson), /**sit•sa•ron**/ (sitsaron), /**tit•ser**/ (titser).

Ikatlo, kapag may tatlong magkakasunod na katinig sa loob ng isang salita, ang unang dalawa ay sumasáma sa patinig ng sinundang pantig at ang ikatlo ay napupunta sa kasunod na pantig. Halimbawa: /**eks•per•to**/ (eksperto), /**trans•fer**/ (transfer), /**ins•pi•ras•yon**/ (inspirasyon).

Ikaapat, kapag ang una sa tatlong magkakasunod na katinig ay M o N at ang kasunod ay alinman sa BL, BR, DR, PL, at TR, ang unang katinig (M/N) ay isinasáma sa unang patinig at ang sumunod na dalawang katinig ay napupunta sa kasunod na pantig. Halimbawa: /**a•sam•ble•a**/ (asamblea), /**tim•bre**/ (timbre), /**si•lin•dro**/ (silindro), /**tem•plo**/ (templo), /**sen•tro**/ (sentro).

Ikalima, kapag may apat na magkakasunod na katinig sa loob ng isang salita, isinasáma ang unang dalawang katinig sa sinusundang patinig at isinasáma ang hulíng dalawang katinig sa kasunod na pantig. Halimbawa, /**eks•plo•si•bo**/ (eksplosibo), /**trans•plant**/ (transplant).

2.3 Pantig na Inuulit. Kapag ang salita ay nagsisimula sa patinig, ang patinig lámang ang inuulit. Halimbawa: /**a•ak•yat**/ (aakyat), /**i•i•big**/ (iibig), /**u•u•bu•hin**/ (uubuhin). Nagaganap din ito kahit may panlapi ang salita. Halimbawa: /**ma•a•ak•yat**/ (maaakyat), /**u•mi•i•big**/ (umiibig), /**u•mu•u•bo**/ (umuubo).

Kapag nagsisimula sa kayariang KP ang salita, ang unang pantig lámang ang inuulit. Halimbawa: /**la•la•kad**/ (lalakad), /**ba•ba•lik**/ (babalik). Nagaganap din ito kahit may panlapi ang salitâng-ugat. Halimbawa: /**mag•la•la•kad**/ (maglalakad), /**pag•ba•ba•lik**/ (pagbabalik).

Kapag nagsisimula ang salita sa kambal-katinig o kumpol-katinig (consonant cluster), ang unang katinig at patinig lámang ang inuulit. Halimbawa: /**i•pa•pla•no**/ (ipaplano), /**mag•ta•trans•port**/ (magtatransport), /**pi•pri•tu•hin**/ (piprituhin). Nagaganap ito kahit sa kaso ng hindi pa nakareispel na salitâng banyaga. Halimbawa: /**mag•be-blessing**/, /**i•pa•ko-close**/, /**i•se-share**/. Gayunman, maaaring ituring na varyant ang pag-uulit ng dalawang katinig at patinig, gaya sa /**i•pla•pla•no**/, /**mag•ble-blessing**/.

3 PAGBAYBAY NA PASALITA

Isa-isang binibigkas sa maayos na pagkakasunod-sunod ang mga letrang bumubuo sa isang salita, pantig, akronim, daglat, inisyals, simbolong pang-agham, atbp.

3.1 Pantig

Pagsulat	Pagbigkas
to	/ti-o/
pag	/pi-ey-dyi/
kon	/key-o-en/
trans	/ti-ar-ey-en-es/

3.2 Salita

Pagsulat	Pagbigkas
bayan	/bi-ey-way-ey-en/
plano	/pi-el-ey-en-o/
Fajardo	/kapital ef-ey-dyey-ey-ar-di-o/
jihad	/dyey-ay-eyts-ey-di/

3.3 Akronim

MERALCO (Manila Electric Company)	/kapital em- kapital i- kapital ar- kapital ey- kapital el- kapital si- kapital o/
CAR (Cordillera Administrative Region)	/kapital si- kapital ey- kapital ar/
ASEAN (Association of Southeast Asian Nations)	/kapital ey- kapital es- kapital i- kapital ey- kapital en/
AIDS (Acquired Immune Deficiency Syndrome)	/kapital ey- kapital ay- kapital di- kapital es/
EDSA (Epifanio de los Santos Avenue)	/kapital i- kapital di- kapital es- kapital ey/
PAGASA (Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration)	/kapital pi-kapital ey- kapital dyi- kapital ey-kapital es-kapital ey/
Pag-IBIG (Pagtutulungan: Ikaw, Bangko, Industriya, at Gobyerno)	/kapital pi-ey-dyi-gitling- kapital ay- kapital bi- kapital ay- kapital dyi/

3.4 Daglat

Bb. (Binibini)	/kapital bi-bi tuldok/
G. (Ginoo)	/kapital dyi tuldok/
Gng. (Ginang)	/kapital dyi-en-dyi tuldok/
Kgg. (Kagálang-gálang)	/kapital key-dyi-dyi tuldok/
Dr. (Doktor)	/kapital di-ar tuldok/
atbp (at iba pa)	/ey-ti-bi-pi/

3.5 Inisyals

3.5.1.Mga Tao/ Bagay

MLQ (Manuel L.Quezon)	/kapital em- kapital el- kapital kyu/
LKS (Lope K. Santos)	/kapital el- kapital key- kapital es/
AGA (Alejandro G. Abadilla)	/kapital ey- kapital dyi- kapital ey/
TKO (Technical Knockout)	/kapital ti- kapital key- kapital o/
CPU (Central Processing Unit)	/kapital si- kapital pi- kapital yu/
DOA (Dead on Arrival)	/kapital di- kapital o- kapital ey/

3.5.2 Mga Samahan/ Institusyon/ Pook

KKK (Kataas-taasang Kagalang-galangang Katipunan)	/kapital key-kapital key-kapital key/
BSP (Bangko Sentral ng Pilipinas)	/kapital bi-kapital es-kapital pi/
KWF (Komisyon sa Wikang Filipino)	/kapital key-kapital dobolyu-kapital ef/
PLM (Pamantasan ng Lungsod ng Maynila)	/kapital pi-kapital el-kapital em/
MSU (Mindanao State University)	/kapital em-kapital es-kapital yu/
LRT (Light Railway Transit)	/kapital el-kapital ar-kapital ti/

3.6 Simbolong Pang-agham/ Pangmatematika

Fe (iron)	/kapital ef-i/
lb. (pound)	/el-bi tuldok/
kg. (kilogram)	/key-dyi tuldok/
H_2O (water)	/kapital eyts-tu-kapital o/
NaCl (sodium)	/kapital en-ey-kapital si-el/

4 PAGBAYBAY NA PASULAT

Sa pangkalahatan, natutupad pa rin ang payak na tuntuning "Kung ano ang bigkas, siyáng sulat" sa pagbaybay na pasulat. Siyempre, hindi ito nasusunod sa salitâng **mga** na isang pagpapaikli sa lumang anyo nitóng "manga" at ginagamit noon hanggang sa bungad ng ika-20 siglo. Mahalaga ring pag-aralan kung kailan ginagamit ang maikling **ng** at ang mahabàng **nang**, isang tuntuning pinairal mulang Balarila at bumago sa ugali noong panahon ng Español na mahabàng "nang" lagi ang isinusulat.

4.1 Gamit ng Walong Bagong Titik. Isang radikal na pagbabago sa pagbaybay na pasulat ang paggamit ng walong (8) dagdag na titik sa **modernisadong alpabeto**: **C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z**. Pangunahing gamit ng mga ito ang pagpapanatili ng mga kahawig na tunog sa pagsulat ng mga salita mula sa mga katutubong wika ng Filipinas. Ang mga titik na F, J, V, at Z ay napakaimportante upang maigalang ang mga kahawig na tunog sa mga katutubong wika. Hindi tulad noong panahon ng abakada na ang "Ifugaw" ay isinusulat na "Ipugaw" o ang "Ivatan" ay isinusulat na "Ibatan." Narito pa ang ilang halimbawa:

alifuffug (Itawes) ipuipo
safot (Ibaloy) sapot ng gagamba
falendag (Tiruray) plawtang pambibig na may nakaipit na dahon sa ihipan
feyu (Kalinga) pipa na yari sa bukawe o sa tambo
jambangán (Tausug) halaman
masjid (Tausug, Mëranaw mula sa Arabe) tawag sa gusaling sambahan ng mga Muslim
julúp (Tausug) masamang ugali
avid (Ivatan) ganda
vakul (Ivatan) pantakip sa ulo na yari sa damo na ginagamit bílang pananggalang sa ulan at init ng araw
kuvat (Ibaloy) digma
vúyu (Ibanag) bulalakaw
vúlan (Itawes) buwan
kazzing (Itawes) kambing
zigattu (Ibanag) silangan

4.2 Bagong Hiram na Salita. Ginagamit din ang walong dagdag na titik sa mga bagong hiram na salita mulang Español, Ingles, at ibang wikang banyaga. Tandaan: **mga bagong hiram**. Ang ibig sabihin, hindi kailangang ibalik sa orihinal na anyo ang mga hiram na salitâng lumaganap na sa baybay ng mga ito alinsunod sa abakada. Halimbawa, hindi dapat ibalik ang F ng orihinal na *forma* sa Español dahil ginagamit nang matagal ang **pórma** patí ang mga deribatibo nitóng **pormál**, **impormál**,

pormalísmo, **pormalidád**, **depormidád**, atbp. Hindi rin dapat ibalik ang **pírma** sa *firma*, ang **bintanà** sa *ventana*, ang **kálye** sa *calle*, ang **tséke** sa *cheque*, ang **pinyá** sa *piña*, ang **hamón** sa *jamon*, ang **eksisténsiyá** sa *existencia*, ang **sapátos** sa *zapatos*.

4.3 Lumang Salitâng Español. Mahalagang mohon hinggil sa mga lumang salita mulang Español ang mga nakalista sa *Diccionario Tagalog-Hispano* (1914) ni Pedro Serrano-Laktaw hanggang sa mga entri sa *Diksyunaryo Tesauro Pilipino-Ingles* (1972) ni Jose Villa Panganiban. Nakatanghal sa inilistang mga lumang hiram na salita mulang Español ang naganap na pagsasaabakada ng mga tunog na banyaga gayundin ang pagbaluktot sa anyo ng mga orihinal na salita, gaya sa **bakasyón** (*vacacion*), **kabáyo** (*caballo*), **kandilà** (*candela*), **puwérsa** (*fuerza*), **letsón** (*lechon*), **lisénsiyá** (*licencia*), **sibúyas** (*cebolla+s*), **siláhis** (*celaje+s*), **sóna** (*zona*), **kómang** (*manco*), **kumustá** (*como esta*), **pórke** (*por que*), at libo-libo pa sa Bikol, Ilokano, Ilonggo, Kapampangan, Pangasinan, Sebwano, Tagalog, Waray, at ibang wikang katutubo na naabot ng kolonyalismong Español.

4.4 Di Binabagong Bagong Hiram. Ngunit pigilin ang pagbaybay paabakada sa mga idinadagdag ngayong salita mulang Español. Maituturing na bagong hiram ang mga salita na hindi pa matatagpuan sa dalawang binanggit na diksiyonaryo sa **seksiyong 4.3**. Halimbawa, maaaring hiramin nang buo at walang pagbabago ang **fútbol**, **fertíl**, **fósil**, **vísa**, **vertebrá**, **zígzag**. Samantala, dahil sa walong dagdag na titik, maraming salita mulang Ingles ang maaaring hiramin nang hindi nangangailangan ng pagbago sa ispeling, gaya ng **fern**, **fólder**, **jam**, **jar**, **lével** (na hindi dapat bigkasing mabilis—"lebél"—gaya ng ginagawa ng mga nag-aakalang isa itong salitâng Español), **énvoy**, **devélop**, **ziggúrat**, **zip**.

4.5 Problema sa C, Ñ, Q, X. Gayunman, mapapansin sa mga binanggit na halimbawa ng bagong hiram na salita na hindi pa ginagamit ang lahat ng dagdag na titik. Walang halimbawa ng hiram na salita na may mga titik C, Ñ, Q, at X. Bakit? Narito ang paliwanag. Isang magandang simulaing pangwika mula sa baybáyin hanggang abakada ang pangyayaring **iisang tunog ang kinakatawan ng bawat titik**. Sa kaso ng C, problema ang pangyayari na may dalawang paraan ito ng pagbigkas na maaaring katawanin ng K o S. Halimbawa, K ang tunog nitó sa unang titik ng *coche* (**kótse**) ngunit S naman ang tunog sa unang titik ng *ciudad* (**siyudád**). Sa kaso ng Ñ, napakalimitado kahit sa Español ang mga salita na nagtataglay ng titik na ito. Ang ilang salitâng pumasok na sa Filipino ay natapatan na ng NY, gaya sa **dónya** (*doña*), **pinyá** (*piña*), **bányo** (*baño*).

Sa kaso naman ng Q at X, may palagay na hindi isahang tunog ang mga nabanggit na titik—nagiging **kw** o **ky** ang Q at ks ang X. Sa gayon, tulad ng babanggitin sa **4.6**, ginagamit lámang ang mga ito sa mga pangngalang pantangi (Quintos, Xerxes) at katawagang teknikal at pang-agham (Q clearance, X-ray). Kapag humiram ng pangngalang pambalana at nais ireispel, ang ginagamit noon pa sa paabakadang pagsulat ay ang katumbas ng tunog ng Q at X. Ang Q ay nagiging K sa mulang Español na **késo** (*queso*) at KW sa mulang Ingles na **kwit** (*quit*) o KY **bárbikyú** (*barbeque*). Ang X naman ay tinatapatan noon pa ng KS gaya sa **ékstra** (*extra*).

4.6 Panghihiram Gamit ang Walong (8) Bagong Titik. Sa kasalukuyan, sa gayon, ang lahat ng walong dagdag na titik sa alpabeto ay ginagamit sa tatlong pagkakataón ng panghihiram mula sa mga wikang banyaga. **Una**, sa mga pangngalang pantangi na hiram sa wikang banyaga, halimbawa, Charles, Ceferino, Catherine, Colorado, Fidel, Feliza, San Fernando, Filipinas, Jason, Jennifer, St. Joseph, Jupiter, Beijing, Niñez, Montaño, Santo Niño, Enrique, Quiroga, Quirino, Vicente, Vladimir, Nueva Vizcaya, Vancouver, Xerxes, Maximo, Mexico, Zenaida, Zion, Zobel, Zanzibar. **Ikalawa**, sa mga katawagang siyentipiko at teknikal, halimbawa, "carbon dioxide," "*Albizia falcataria*," "jus sanguinis," "quorum," "quo warranto," "valence," "x-axis," "oxygen," "zeitgeist," "zero," "zygote." **Ikatlo**, sa mga salita na mahirap dagliang ireispel, halimbawa, "cauliflower," "flores de mayo," "jaywalking," "queen," "quiz," "mix," "pizza," "zebra."

4.7 Eksperimento sa Ingles. Sa pangkalahatan, ipinahihintulot at ginaganyak ang higit pang eksperimento sa **reispeling** o pagsasa-Filipino ng ispeling ng mga bagong hiram sa Ingles at ibang wikang banyaga. Dapat madagdagan nang higit ang **istámbay** (*stand by*), **iskúl** (*school*), **iskédyul** (*schedule*), **pulís** (*police*), **bóksing** (*boxing*), **risés** (*recess*), **bílding** (*building*), **gróserí** (*grocery*), **ánderpás** (*underpass*), **háywey** (*highway*), **trápik** (*traffic*), **grádweyt** (*graduate*), **kórni** (*corny*), **písbol** (*fishball*), **másinggán** (*machinegun*), **ármaláyt** (*armalite*), **bísnés** (*business*), atbp. Ang ganitong reispeling ay malaking tulong sa mga mag-aaral dahil higit na madalî niláng makikilála ang nakasulat na bersiyon ng salita.

Kailan Hindi Pa Maaari ang Reispeling. Ngunit tinitimpi ang pagsasa-Filipino ng ispeling ng mga bagong hiram kapag: (**1**) nagiging kakatwa o katawa-tawa ang anyo sa Filipino, (**2**) nagiging higit pang mahirap basáhin ang bagong anyo kaysa orihinal, (**3**) nasisira ang kabuluhang pangkultura, panrelihiyon, o pampolitika ng pinagmulan, (**4**) higit nang popular ang anyo sa orihinal, at (**5**) lumilikha ng kaguluhan ang bagong anyo dahil may kahawig na salita sa Filipino.

Halimbawa, bakâ walang bumili ng "Kok" (*Coke*) at mapagkamalan itong pinaikling tilaok ng manok. Matagal mag-iisip ang makabása ng "karbon day-oksayd" bago niya maikonekta ito sa sangkap ng hangin. Iba ang *baguette* ng mga Pranses sa ating kolokyal na "bagets." Nawawala ang samyo ng *bouquet* sa nireispel na "bukey." Nakasanayan nang basahin ang *duty-free* kayâ ipagtataká ang kāratulang "dyuti-fri." May datíng na pambatas ang *habeas corpus* kaysa isina-Filipinong "habyas korpus." Bukod sa hindi agad makikilála ay nababawasan ang kabuluhang pangkultura ng *feng shui* kapag binaybay na "fung soy" samantalang mapagkakamalan pang gamit sa larong dáma ang *pizza* kapag isinulat na "pitsa." Malinaw ding epekto ito ng lubhang pagkalantad ng paningin ng mga Filipino sa mga kasangkapang biswal (iskrin, karatula, bilbord) na nagtataglay ng mga salitâng banyaga sa mga orihinal na anyong banyaga.

4.8 Español Muna, Bago Ingles. Dahil sa mga naturang problema, iminumungkahi ang pagtitimpi sa lubhang pagsandig sa Ingles. Sa halip, maaaring unang piliin ang singkahulugang salita mulang Español, lalò't may nahahawig na anyo, dahil higit na umaalinsunod ang wikang Español sa bigkas at baybay na Filipino kaysa Ingles. Higit na magaang basáhin (at pantigin) ang **estandardisasyón** (*estandardizacion*) mulang Español kaysa "istandardiseysiyon" (*standardization*) mulang Ingles, ang **bagáhe** (*bagaje*) kaysa "bageyds" (*baggage*), ang **birtúd** (*virtud*) kaysa "virtyu" (*virtue*), ang **ísla** (*isla*) kaysa "ayland" (*island*), ang **imáhen** (*imagen*) kaysa "imeyds" (*image*), ang **sopistikádo** (*sofisticado*) kaysa "sofistikeyted" (*sophisticated*), ang **gradwasyón** (*graduacion*) kaysa "gradweysiyon" (*graduation*).

4.9 Ingat sa "Siyókoy." Mag-ingat lang sa mga tinatawag na **salitâng siyókoy** ni Virgilio S. Almario, mga salitâng hindi Español at hindi rin Ingles ang anyo at malimit na bunga ng kamangmangan sa wastong anyong Español ng mga edukadong nagnanais magtunog Español ang pananalita. Napansin ito nang iuso ni Rod Navarro sa programa niya sa radyo ang "konsernado," na pagsasa-Español niya ng Ingles na *concerned*. Pinuna ang artistang anawnser dahil "siyokoy" ang Español. Ang tumpak na anyo nitó sa Español ay **konsernído** (*concernido*). Ngunit marami siyáng katulad sa akademya at midya. Dahil kulang sa bantay-wika, dumami ang salitâng siyokoy. Bagaman bago, mabilis kumakalat ang mga salitâng siyokoy dahil pinalalaganap ng mga sikat na artista, brodkaster, manunulat, at akademiko na limitado ang kaalaman sa wikang Español.

Ilang siyokoy ngayon ang "aspeto" na hindi ang Español na *aspecto*; "imahe" na hindi ang wastong **imahen** (*imagen*), "pesante" na hindi ang tumpak na *paisano* ng Español ni ang *peasant* ng Ingles; "kontemporaryo" na hindi ang **kontémporaneó** (*contemporaneo*) ng Español; "endorso" na halatang naipagkakamali ang *endorse* ng

Ingles sa *endóso* ng Español. Ipinapayo ang pagkonsulta sa mapagkakatiwalaang diksiyonaryong Español bago isalin sa Español ang nais sanang sabihin sa Ingles. O kayâ, huwag ikahiya ang paggamit ng terminong Ingles kung iyon ang higit na alam: *aspect*, *image*, *peasant*, *contemporary*, *endorse*. O kayâ, maaaring higit na maintindihan ng madla kung ang katapat na salita sa Filipino ang gagamitin: **mukhâ** o **dakò**, **laráwan** o **hulágway**, **magbubukíd** o **magsasaká**, **kapanahón** o **nápápanahón**, **pinilì** o **pinagtibay**.

Maituturing ding siyokoy ang paraan ng paggamit sa *level* ng ilang akademisyan ngayon. Binibigkas ito nang mabilis at binabaybay nang "lebél" sa pag-aakalang naiiba ito sa Ingles na *level*. Hindi kasi nilá alam na ang tunay na salitâng Español nitó ay **nibél** (*nivel*) at matagal nang hiniram ng ating mga karpintero. Kung nais ang Ingles, bigkasin nang wasto ang **lével** (malumay) at hindi na kailangang ireispel. Tulad sa bagong pások sa Filipino mulang Ingles na **lével-ap** (*level-up*). Kung nais namang higit na maintindihan, maaaring gamitin ang Tagalog na **antas** gaya sa "antas primarya" at "antas sekundarya," o **taas** gaya sa "taas ng tubig sa dagat" o "taas ng karbon sa hangin."

4.10 Eksperimento sa Español. Iba sa salitâng siyokoy ang sinasadyang eksperimento o neolohísmo sa pagbuo ng salitâng pa-Español. Nagaganap ito malimit ngayon sa paglalagay ng hulaping pangkatawagan, na gaya ng *-ismo*, *-astra* (*astro*), *-era* (*ero*), *-ista* (*isto*), *-ica* (*ico*), *-ia* (*io*), *-ga* (*go*). Pinapalitan o pinagpapalit ang mga ito sa ilang eksperimento kung kailangan at nagbubunga ng salita na iba sa orihinal na anyo ng mga ito sa Español. Isang malaganap na ang **kritisismo** para sa **panununrìng pampánitikán**. Kung susundin, **krítiká** (*critica*) ang tumpak na anyo nitó at may ganito nang salita sa Tagalog noon pa, pati ang **krítikó** para sa **manunurì** o **mapanurì**. Maaari din sanang **kritisísim** (*criticism*) mula sa Ingles. Ngunit ginamit ng nag-eksperimento ang *-ismo* upang waring ibukod ang **kritisismo** bílang panunuring pampanitikan sa karaniwang **kritika**. Ang totoo, noon pang dekada 60 ay inimbento rin ni Alejandro G. Abadilla ang "kritikástro" upang tuksuhin ang kaniyang mga kritiko at may alusyon ang neolohismo sa diktador na si Fidel Castro. May nagpalabas din ng "kritikéro" para sa mababàng uri ng pamumuna. Ngunit higit ngayong ginagamit sa akademya at pormal na pagsulat ang **kritisísmo**.

Dalawa pang magandang neolohismo ang **siyentísta** at **sikolohísta**. Kung susundin ang anyong Español, ang dapat gamitin ay **siyentípikó** (*cientipico*) at **sikólogó** (*psicologo*). Pero ang *cientipico* ay pantawag kapuwa sa dalubhasa sa agham at sa pang-uri hinggil sa may katangiang pang-agham. Anupa't nais ng pag-imbento sa **siyentísta** na ibukod ang tao upang maipirme sa pang-uri ang **siyentípikó**. Samantala, ayaw

ng mga dalubhasa sa sikolohiya ang "sikologo" (para daw katunog ng "kulugo"!), kayâ higit na nais niláng gamitin ang inimbentong **sikolohísta**. Tandaan: Sinasadya ang naturang neolohismo at may dahilan ang paglihis sa anyo ng orihinal sa wikang hiniraman. Kaiba ito sa "siyokoy" na bunga ng malîng akala at dahil sa limitadong kaalaman sa hinihiramang wikang Español o ibang wikang banyaga.

Kaugnay ng naturang pangangailangan, sa halip na laging manghiram sa Español o Ingles, kailangang isaloob ang paggamit ng angkop na salita mulang ibang katutubong wika upang itumbas sa isinasalin na konseptong banyaga. Maraming kaalamang wala sa korpus na Tagalog ngunit nása ibang wikang katutubo ng Filipinas. Halimbawa, ang ginagamit na ngayong **ilahás** mulang Ilonggo upang itapat sa konseptong *wild* sa agham, ang **rabáw** mulang Ilokano upang itumbas sa siyentipikong *surface*, ang **láwas** mulang Sebwano upang itapat sa *body*.

4.11 Gamit ng Español na Y. May espesyal na gamit ang titik na **Y**—na binibigkas na katulad ng ating **I**, gaya sa "**Isulat**," at kasingkahulugan ng ating **at**—na mungkahing ipagpatuloy ang gamit sa Filipino. Ginagamit ito, una, upang isulat nang buo ang pangalan ng lalaki kasáma ang apelyido ng ina. Halimbawa, isinusulat kung minsan ang pangalan ng pangulo ng Republikang Malolos na "**Emilio Aguinaldo y Famy**" upang idugtong ang apelyido ng kaniyang inang si Donya Trinidad Famy. Ginagamit ito, ikalawa, sa pagbílang sa Español at binabaybay. Halimbawa:

Alas-dos y medya (ikalawa at kalahati)
Ala-una y kuwarto (ikaisa at labinlima)
Alas-singko y beynte (ikalima at dalawampu)
Kuwarenta y singko (apatnapu't lima)
Singkuwenta y tres (limampu't tatlo)
Treynta y siyete (tatlumpu't pitó)

Pansinin na nawawala ang **Y** kapag nagtatapos sa **E** ang pangalan ng unang bílang, gaya sa **beynte dos**, **alas-siyete kuwarto**, **alas-dose medya**.

4.12 Kaso ng Binibigkas na H sa Hiram sa Español. Sa wikang Español, ang titik **H** (*hache*) ay hindi binibigkas. Kayâ ang *hielo* ay **yélo**; *hechura*, **itsúra**; *hacienda*, **asyénda**; *heredero*, **eredéro**; *hora(s)*, **óras**; at *habilidad*, **abilidád**. Ngunit may ilang salitâng Español na kailangang panatilihin ang **H** dahil may kahawig ang mga ito na salitâng iba ang kahulugan. Halimbawa, ang *humáno* (tao) na kapag inalisan ng **H** ay makakahawig ng katutubong **umanó**. Sa gayon, kahit ang mga deribatibo ng **humáno** na hiniram na ngayon sa Filipino, gaya ng **humanísmo**, **humanísta**, **humanidád(es)**, **humanitáryo**, ay hindi pinupungusan ng unang titik. Katulad

din bagaman may kaibhan ang kaso ng *historia*, na sa Español ay maaaring gamiting kasingkahulugan ng "kuwento" o ng "kasaysayan." Sa praktika ngayon, ang **hístorya** ay ginamit na singkahulugan ng kasaysayan samantalang ang **istórya** ay itinapat sa salaysay. Kasáma ng **historya** sa Filipino ang **historyadór**, **historikó**, **historisísmo**.

4.13 Gamit ng J. Sa pangkalahatan, ang bagong titik na **J** ay ginagamit sa tunog na /**dyey**/. Ibig sabihin, hindi na ito gagamitin sa panghihiram mulang Español ng mga salitâng ang J ay may tunog na /**ha**/ at tinatapatan ng H, gaya ng ginawa noon sa *justo* at *juez* na may anyo na ngayong **hústo** at **huwés**. Ilalapat, sa gayon, ang bagong titik na J sa mga katutubong salita na may tunog /dyey/, gaya ng **jámbangán** at **jántung** ng Tausug, **sínjal** ng Ibaloy, at **jínjin** at **íjang** ng Ivatan. Gagamitin din ito sa mga bagong hiram na salita, gaya ng **jet**, **jam**, **jazz**, **jéster**, **jíngle**, **joy**, **enjóy** ng Ingles, **jujítsu** ng Japones, at **jatáka** ng Sanskrit. Ngunit hindi sakop nitó ang ibang salitâng Ingles na nagtataglay ng tunog /dyey/ ngunit hindi gumagamit ng J, gaya sa *general*, *generator*, *digest*, *region* na kung sakáling hiramin man ay magkakaroon ng anyong "dyeneral," "dyenereytor," "daydyest," "ridyon." Hindi naman kailangang ibalik ang J sa mga salitâng Ingles na matagal nang isinusulat nang may DY, gaya sa **dyípni** (*jeepney*), **dyánitór** (*janitor*), at **dyáket** (*jacket*).

5 KASONG KAMBAL-PATINIG

Kailangang tingnan sa kasaysayan ang kaso ng **kambal-patinig**. Noon pa, mahahalata na ang dalawang tradisyonal na pagsulat sa tunog ng kambal patinig, gaya sa salitâng **buwáya**. Ang unang kambal-patinig na UA ay siningitan ng malapatinig na W at naging dalawang pantig. Samantala, sa ikalawang kambal-patinig na IA, tinapyas ang unang patinig na I at pinalitan ng malapatinig na Y. Ang problema: Kailan nananatili ang kambal-patinig kahit padulasin sa isinisingit na W o Y at kailan tinatanggal ang unang patinig at pinapalitan ng W o Y? Sa kaso ng **buwáya**, lumilitaw na isang tradisyonal na agsulat sa kambal-patinig ang pagpapanatili nitó at pagtuturing na dalawang pantig kapag lumitaw sa unang pantig ng isang salita, gaya sa **buwán**, **tuwíng**, **tiyán**, **siyá**, **biyák**, kahit na isinusulat din ang mga ito noon na "buan," "tuing," "tian," "sia," "biak." Kapag naganap ang kambal-patinig sa ikalawa o iba pang pantig ng salita, ang unang patinig ay inaalis at pinapalitan ng W o Y, gaya sa **tulyá**, **tilapyà**, **sawá**, **pinawà**. Umiral ang paraang ito sa pagsulat ng mga hiram na salitâng may diptonggo mulang Español, gaya ng makikita sa pagsulat noon ng **piyáno**, **kuwénto**, **diyamánte** ngunit **karwáhe**, **báryo**, **brilyánte**. Ang orihinal na mga panuto hinggil dito ay inilatag sa *Mga Batayang Tuntuning Sinusunod sa Pagsusuring Aklat* (1977) ng Surian.

Isa ito sa binago ng *Mga Tuntunin ng Ortograpiyang Filipino* noong 1987 at ang naturang pagbabago ay pinagtibay pa ng mga gabay ng KWF noong 2001. Ninais ng mga gabay noong 1987 at 2001 na pumilì ang manunulat ng isa sa dalawang paraan—(1) manatili ang diptonggo kahit may singit na Y at W o (2) tanggalin ang unang patinig—at ang pinilìng paraan ang laging gamitin. Hindi pinansin ng maraming editor ang ninais na "konsistensi" sa tuntunin ng mga gabay 1987 at 2001. Ngunit hinati nitó ang damdamin ng akademya. May patuloy na nanalig sa orihinal na tuntunin ng Surian ngunit may mga kolehiyong arál sa lingguwistika ang naggiit sa pagbabago at higit na mahilig sa paraang tinatanggal ang unang patinig sa diptonggo. Mapapansin naman sa nagbabagong mga edisyon ng gabay ng KWF mulang 2009 hanggang 2012 ang pagbabalik sa "tradisyonal" na pagtuturing sa kambal-patinig. Ganito rin ang pinagtibay ng 2013 forum ng KWF at iminumungkahing pairalin ng kasalukuyang ortograpiya, gaya sa sumusunod na paliwanag:

Sa pangkalahatan, nawawala ang unang patinig sa mga kambal-patinig na I+(A, E, O) at U+(A, E, I) kapag siningitan ng Y at W sa pagsulat. Ang ibig sabihin, napapalitan ng Y ang orihinal na I at ng W ang orihinal na U sa diptonggo. Ganito ang nagaganap sa **kompanYA** (*compañia*), **akasYA** (*acacia*), **tenYEnte** (*teniente*), at **benepisYO** (*benepicio*); sa **indibidWAl** (*indibidual*), **agWAdor** (*aguador*), **sinigWElas** (*chineguelas*), **perWIsyo** (*prejuicio*). Maaaring ipaliwanag ang pangyayari na ang I at U ay inuuring mga **patinig na mahinà** kung ikokompara sa mga patinig na A, E, O na itinuturing namang mga **patinig na malakas**. Sa gayon, naglalaho ang tunog ng

I at U kapag napalitan ng tunog na Y at W. Pansinin pa: Nagiging isang nagsasariling pantig ang kambal-patinig na napalitan ng Y o W ang unang patinig.

Ngunit may apat (4) na kataliwasan sa pangkalahatang tuntunin. May kaukulang katwiran din ang bawat kataliwasan.

5.1 Unang kataliwasan: kapag ang kambal-patinig ay sumusunod sa katinig sa unang pantig ng salita. Halimbawa, **tIYA** (*tia*), **pIYAno** (*piano*), **pIYEsa** (*pieza*), **kIYOsko** (*kiosco*), **bIYUda** (*viuda*); **tUWAlya** (*toalla*), **pUWErsa** (*fuerza*), **bUWItre** (*buitre*). Pansinin: nahahati sa dalawang pantig ang kambal-patinig at nása ikalawang pantig ang diin o tuldik. Mabilis ang bigkas mula sa una tungo sa ikalawang pantig ngunit tulad ng ipinahihiwatig ng pangalan nitó, dalawa ang patinig kayâ nangangailangan ng dalawang pantig. Ganito rin naman ang dahilan sa tradisyonal na baybay noon pa ng katutubong diptonggo, gaya ng **siyá**, **niyá**, **tuwíng**, at **buwán**. Kung nais isulat ang bigkas nang wala ang unang patinig, kailangang katawanin ang nawalang patinig ng simbolikong kudlit (’), gaya sa **s’ya**, **n’ya**, **t’wing**, o **b’wan**.

5.2 Ikalawang kataliwasan: kapag ang kambal-patinig ay sumusunod sa dalawa o mahigit pang **kumpol-katinig** (*consonant cluster*) sa loob ng salita. Halimbawa, **ostIYA** (*hostia*), **impIYErno** (*infierno*), **leksIYOn** (*leccion*), **eleksIYOn** (*eleccion*); **lenggUWAhe** (*lenguaje*), **engkUWEntro** (*encuentro*), **biskUWIt** (*biscuit*). May layuning pedagohiko ang kataliwasang ito. Ang pagpapanatili sa unang patinig ay isang paraan ng “pagpapaluwag” sa mga pantig at upang matulungan ang mag-aaral (lalo na ang hindi sanay sa Español) sa pagpapantig ng salita. Isipin, halimbawa, ang magiging kalituhan ng estudyante kung paano papantigin ang “induSTRYa” (*industria*) o “iMPLWeNSYa” (*influencia*) kapag inalis ang unang patinig na I at U at nagkumpulan ang mga katinig. Samantala, higit na magaan itong mapapantig sa anyong **indústriyá** /in•dus•tri•ya/ o **impluwénsiyá**/im•plu•wen•si•ya/.

5.3 Ikatlong kataliwasan: kapag ang kambal-patinig ay sumusunod sa tunog na H. Halimbawa, **mahIYA** (*magia*), **estratehIYA** (*estrategia*), **kolehIYO** (*colegio*), **rehIYOn** (*region*). Ang H ay isang mahinàng katinig kayâ naglalaho ito kapag walang kasámang patinig, gaya sa naganap na paglalaho nitó sa perwisyo (prejuicio). Imposible, sa gayon, ang anyong “kolehyo” o “rehyon” dahil magiging “koleyo” o “reyon” ang karaniwang aktuwal na bigkas kapag hindi binigyan ng tanging diin ang H na walang kasunod na patinig.

5.4 Ikaapat na kataliwasan: kapag ang kambal-patinig ay nása dulo ng salita at may diin ang bigkas sa unang patinig ang orihinal. Halimbawa, **ekonomIYA** (*economía*), **pilosopIYA** (*filosofía*), **heograpIYA** (*geografía*). Sa mga naturang halimbawa, may

lumitaw nang varyant na "ekonomya" at "pilosopya" (kung minsan, "pilusupya") ngunit malimit na ginagamit ito nang may pakahulugang iba sa orihinal na kahulugan ng mga ito bílang mga disiplina o sangay ng karunungan. Ang **ekonomyá** (mabilis ang bigkas) ay matalik na kaugnay ng pagtitipid; ang **pilosopyá**, gaya sa "pamimilosopya," ay higit na ukol sa mapagmalabis na paggamit ng pangangatwiran.

Kapag pinag-aralan ang mga nabanggit na kataliwasan, maiintindihan kung bakit **Húnyo**, **Húlyo**, **Setyémbre**, **Nobyémbre**, **Disyémbre** ang anyo ng *junio*, *julio*, *septiembre*, *noviembre*, *diciembre* ngunit **Miyérkolés**, **Huwébes**, **Biyérnes** ang anyo ng *miercoles*, *jueves*, *viernes*. Maiintindihan din kung bakit lumaganap sa panahon pa ng Americano ang anyong **kuwénto** (*cuento*), **biyólin** (*violin*), **suwérte** (*suerte*), **diyalékto** (*dialecto*), **aksiyón** (*accion*) at lalo na ang **Kristiyáno** (*cristiano*), **senténsiyá** (*sentencia*), **sarsuwéla** (*zarzuela*), bagaman may **pasyón** (*pasion*), **kalbáryo** (*calvario*), **komédya** (*comedia*). May sistema ang naturang pagtrato sa mga kambal-patinig ng salitâng Español, at isang tradisyon itong hindi basta mabubura sa pamamagitan ng "konsistensi."

5.5 Malalakas na Patinig. Sa kabilâng dako, hindi nagdudulot ng ganitong sigalot ang mga kambal-patinig na may **malakas na unang patinig** (A, E, O). Maliban sa ilang varyant, maaaring baybayín ang mga ito nang walang singit na Y o W. Halimbawa, **aórta** (*aorta*), **paráon** (*faraon*), **baúl** (*baul*), **haúla** (*haula*); **ideá** (*idea*), **ideál** (*ideal*), **teátro** (*teatro*), **león** (*leon*), **neón** (*neon*), **teórya** (*teoria*); **poéta** (*poeta*), **poesíya** (*poesia*). Maaaring ituring na varyant lámang ng **ideá** ang **ideyá**, ng **ideál** ang **ideyál**.

Gayunman, dapat pansinin ang nakagawiang pagturing sa diptonggong AU na katulad ng AO, at kaugnay ng panukala ni Rizal noon, ang ikalawang patinig ay pinatutunog na W. Ito ang sanhi sa popular na varyant ng **haúla** na **háwla**. Malinaw ding ito ang nasusunod sa mga kasalukuyang anyo ng **máwsoléo**, (*mausoleo*), **áwditóryo** (*auditorio*), **áwditíbo** (*auditivo*), **báwtísmo** (*bautismo*), **káwdílyo** (*caudillo*). Pansinin ding nagaganap ito kapag ang diin ay nása unang patinig ng diptonggo.

6 KAMBAL-KATINIG AT DIGRAPONG SK, ST, SH, KT

Maituturing na **kambal-katinig** o **dígrapó** ang dalawang magkadikit na katinig na pinatutunog sa loob ng isang pantig, gaya ng SK o SC sa Ingles na *desk*, *disc*, *brisk*, ng ST sa Ingles na *test*, *contest*, *pest*, *post*, *artist*, ng KT (CT) sa Ingles na *aspect*, *subject*, *correct*. Pansinin: Násа dulo ng mga salita ang mga inihanay na kambal-katinig. Malimit kasing natitilad ang mga ito sa dalawang pantig kapag násа gitna o umpisa ng salita, gaya sa naging bigkas Filipino sa *scholar* (**iskólar**) at *schedule* (**iskédyul**).

6.1 Pasók ang SK, ST. Sa abakadang Tagalog noon, hindi pinatutunog ang ikalawang katinig sa mga binanggit na mga kambal-katinig, kayâ "des" noon ang *desk* at "kontes" ang *contest*. Sa mga ginanap na forum mulang 2005 hanggang 2013, pinagtibay ang pangyayari na pinatutunog sa Filipino ang SK at ST. Sa gayon, maaari nang baybayín ang *desk* at *disc* na **desk** at **disk**. Samantala, tinatanggap na sa Filipino ang anyong **test**, **kóntest**, **pest**, **post**, **ártist**.

6.2 Walang KT. Gayunman, hindi tinanggap ang KT (CT) dahil hindi diumano pinatutunog ang T sa tabi ng K sa loob ng isang pantig. Sa gayon, **áspek** ang *aspect*, **korék** ang *correct*, at maaaring **sábjek** ang *subject*. Narito pa ang ilang halimbawa:

ábstrak (*abstract*)
ádik (*addict*)
konék (*connect*)
kóntrak (*contract*)

6.3 Digrapong CH at SH. Ang digrapo ay kambal-katinig na binibigkas nang may isang tunog, gaya ng CH sa *cheese*, *check*, *chopstick*, at ng SH sa *shooting*, *shampoo*, *shop*, *workshop*, *ambush*, *brush*. Ang CH ay matagal nang tinapatan ng TS sa Tagalog kapag nanghiram sa Español. Kayâ kung isasa-Tagalog ang tatlong halimbawa ng CH mulang Ingles ay magiging **tsis**, **tsek**, **tsap-istík** ang mga ito. Ganito rin ang mangyayari sa *rich* (**rits**), *peach* (**pits**), *pitcher* (**pítser**). Tinatapatan na ng TS ang ganitong tunog sa mga wikang katutubo, gaya sa **tsidát** (kidlat) ng Ivatan at **tsánga** (sistema ng patubig sa payyo) ng Ifugaw. Ang totoo, dapat tapatan ng TS sa halip na CH ang ganitong tunog sa mga balbal na imbentong gaya ng **tsánsa**, **tsáka**, **tsíka**, **tsitsà**, at **tsibúg**. Narito pa ang mga halimbawa mulang Español at Ingles:

tsísmis (*chismes*)
tsápa (*chapa*)
tsampáka (*champaca*)
títser (*teacher*)
tsánel (*channel*)
tsánsēlór (*chancellor*)
tsupér (*chofer*)
letsón (*lechon*)

swits (*switch*)
tsart (*chart*)
letsúgas (*lechugas*)
atsára (*achara*)

Ngunit tigib sa alinlangan hanggang ngayon ang pagtanggap sa digrapong SH kung pananatilihin o tatapatan ng tunog Tagalog. May nagnanais panatilihin ito, gaya sa "shampu." May nagnanais tapatan ito ng SY, gaya sa "syuting." Ngunit may nagsasabing nawawala ito sa dulo ng salita kayâ dapat "ambus" ang *ambush*. Pansamantalang nakabukás hanggang ang kasalukuyang gabay para sa mananaig na eksperimento hinggil dito.

6.4 May SH ang Ibaloy. Ang malaking problema, isang lehitimong tunog ang SH sa mga wika sa Cordillera. Sa wikang Ibaloy, natatagpuan ang SH sa umpisa, gitna, at dulo ng salita. Halimbawa, **shuwa** (dalawa). Sa 2013 forum, ipinasiya na isaalang-alang ang SH bílang isang tunog ngunit hindi tutumbasan ng katapat na bagong titik. Ang ibig sabihin, mananatili ito sa anyo nitó ngayon bílang katutubong digrapo at babaybayin sa mga titik S at H, gaya sa sumusunod na mga salitâng Ibaloy:

shuhol—nahiga
sadshak—kaligayahan
savishong—lason
peshen—hawak

6.5 May TH at KH ang Mëranaw. Isang bagong pások na kaso ang pagpapatunog sa H, na kumakatawan sa nagaganap na **aspirasyon**, o **pahingal** na pagpapatunog sa katinig o patinig, sa digrapong TH at KH. Sa lumang abakadang Tagalog ay hindi pinatutunog ang aspiradong H ng TH at KH. Kayâ binabaybay noon na "maraton" ang *marathon*. Ngunit binago ito; ang ibig ngang sabihin, tinanggap sa 2013 forum upang gamitin ang aspirado o pahingal na bigkas sa H. Hindi ito dahil sa Ingles na gaya ng aspiradong bigkas sa *tin* at *kit*. Ang higit na mahalagang dahilan: Naririnig ang bagay na ito sa wikang katutubo na tulad ng Mëranaw:

thínda—magluluto
thengéd—pinsan
lítha—gulay
khabádot—mahuhugot
pekháwaw—nauuhaw
kalókha—pansamantalang pagtigil

Ang totoo, sa Mëranaw, mahalaga ang pagpapatunog sa H sa TH at KH upang

maibukod ang mga salitâng may aspiradong T at K sa mga kahawig na salitâng walang aspiradong T o K. Halimbawa:

mathây—matagal, patagalin
matáy—mamatay

lítha—gulay
litâ—dagta

khan—kakain
kan—kumain

khalà—tumawa
kalà—laki

Gayunman, ang paglalagay ng titik H katumbas ng pahingal na tunog kasunod ng T o K ay limitado pa sa gamit sa ganitong katangian ng mga katutubong wika ng Filipinas. Hindi pa ito magagamit sa Ingles, dahil na rin sa pangyayaring malimit na bigkas Filipino ang nagaganap na panghihiram ng salita mulang Ingles.

7 PALITANG E/I AT O/U

Walâ namang batas hinggil sa nagaganap na pagpapalit ng E sa I at ng O sa U. May ilang tuntunin lámang ang *Balarila* kung kailan ito nagaganap kayâ umiral ang paniwalang isang natural na pangyayari sa mga wikang katutubo sa Filipinas ang gayong pagpapalit. Maaari din itong ugatin sa pangyayari na tatlo (3) lámang ang titik ng baybayin para sa mga tunog ng patinig. Sa naturang sitwasyon, nagsasálo sa isang titik ang E at I gayundin ang O at U. Maaaring ito ang sanhi ng nakaugaliang pagdausdos ng dila sa pagbigkas ng E at I at ng O at U gayundin ang nagkakapalitang pagsulat sa dalawang tila kambalang mga patinig.

Alam ito ni Tomas Pinpin. Kayâ noong isulat niya ang aklat na *Librong pagaaralan nang manga Tagalog nang uicang Caftilla* (1610) ay nag-ukol siyá ng mga leksiyon hinggil sa wastong pagbigkas ng E o I at O o U kalakip ang babala na hindi dapat ipagkamali ang E sa I o ang O sa U sapagkat may mga salita sa Español na magkatulad ng baybay ngunit nagkakaiba ng kahulugan dahil sa may E ang isa at may I ang ikalawa o may O ang isa at may U ang ikalawa. Ibinigay niyang mga halimbawa ang *pecar* at *picar*, *queso* at *quizo*, *peña* at *piña*, *modo* at *mudo*, at *poro* at *puro*.

Kahit ngayon, maaaring idagdag ang pagkakaiba sa isa't isa ng **pénoy** at **Pinóy**, ng **méron** at **mirón**, ng **bálot** at **balút**, ng **Móra** at **múra**, ng **ébun** sa Kapampangan at **íbon** sa Tagalog, ng **otót** (dagâ) at **utót** (kirot) sa Pangasinan. Kahit sa hanay ng mga kabataan, ibinubukod ng E ang ekspresyon niláng "**Hánep**!" sa ibig sabihin ng orihinal na "**hánip**."

7.1 Disiplina sa Pagbigkas ng E/I at O/U. Bahagi sa pagdisiplina sa ating dila ang tuntunin upang maibukod ang E sa I at ang O sa U. Pahihintuin ng naturang disiplina ang balbal na ugaling gawing I ang E sa umpisa ng mga salita, gaya sa "iskandalo" sa halip na **eskandaló**, "istasyon" sa halip na **estasyón**, "istilo" sa halip na **estílo**, "minudo" sa halip na **menúdo**, atbp. Bagaman nakapagtatakang hindi napalitan ng I ang unang E sa **estéro**, **estranghéro**, **eréhe**, at **eredéro**. Kung didisiplinahin, mapipigil ang paabakada kunong "liyon" sa halip na **león**, "nigatibo" sa halip na **negatíbo**. Mapipigil din ang ugaling palitan ng U ang O sa gaya ng "kuryente" sa halip na **koryénte**, "Kuryano" sa halip na **Koreáno**, "dunasyon" sa halip na **donasyón**, "murado" sa halip na **morádo**, "kumpanya" sa halip na **kompanyá**, "sumbrero" sa halip na **sombréro**, "pulitika" sa halip na **politiká**.

7.2 Senyas sa Español o sa Ingles. Sa kaso ng E/I, magiging senyas ang E sa mga salitâng Español na nagsisimula sa ES upang ibukod sa mga salitâng Ingles na halos katunog ngunit nagsisimula sa S, gaya sa sumusunod:

eskándaló (*escandalo*)
estasyón (*estacion*)
espesyál (*especial*)
esmárte (*esmarte*)
eskuwéla (*escuela*)
estandárte (*estandarte*)
estílo (*estilo*)
eskolár (*escolar*)

iskándal (*scandal*)
istéysiyón (*station*)
ispésyal (*special*)
ismárt (*smart*)
iskúl (*school*)
istándard (*standard*)
istáyl (*style*)
iskólar (*scholar*)

7.3 Kapag Nagbago ang Katinig. Sa kaso ng O/U, ipinahihintulot ang pagpapalit ng O sa U kapag nagbago ang kasunod na katinig sa loob ng pantig. Nagaganap ito sa pagpapalit ng N sa M kapag nag-uumpisa ang kasunod na pantig sa B/V at P/F. Halimbawa, ang anyong **kumperensiya** ng *conferencia*. Napalitan ng U ang O kaugnay ng naganap ng pagpapalit ng kasunod na N sa M dahil sumusunod sa P/F. Ito rin ang katwiran sa pagpalit ng U sa O sa orihinal ng salitâng Español sa sumusunod:

kumbensiyón (*convencion*)
kumpisál (*confesar*)
kumbénto (convento)
kumpórme (*conforme*)
kumportáble (*confortable*)
kumpiská (*confisca*), **kumpiskasyón** (*confiscacion*)
kumpéti (*confeti*)

Hindi sakop ng tuntuning ito ang "kumpanya" at "kumpleto" na dapat baybayíng **kompanya** at **kompleto** dahil compañia at completo ang orihinal sa Español. Letrang M na talaga ang kasunod ng O sa orihinal. Kaugnay ng tuntunin, malinaw din na hindi dapat gawing U ang O kung N ang orihinal na kasunod sa mga salitâng gaya ng **monuménto** (*monumento*), **kontráta** (*contrata*), **kontrobérsiyá** (*controvercia*), at **konsúmo** (*consumo*).

7.4 Epekto ng Hulapi. Nagiging I ang E at nagiging U ang O kapag násа dulo ng salita at sinusundan ng hulapi. Halimbawa, ang E sa "babae" ay nagiging I sa **kababaihan**; ang O sa "biro" ay nagiging U sa **biruin**. Halimbawa pa:

balae—balaíhin
bale—pabalíhin
tae—nataíhan
onse—onsíhan
kalbo—kalbuhín

pasò—pasùin
takbo—takbuhán
tabò—tabùan

Ngunit tandaan: Nagaganap lámang ang pagpapalit kapag binubuntutan ng hulapi ang salitâng-ugat.

7.5 Kailan Hindi Nagpapalit. Taliwas sa lumaganap na akala, hindi awtomatiko ang pagpapalit kayâ hindi nagaganap sa ibang pagkakataón, gaya sa sumusunod:

(1) Hindi kailangang baguhin ang E at O kapag sinundan ng pang-ugnay na **na(-ng)**. Tumpak ang "**babáeng** masipag" at hindi kailangan ang "babaing masipag"; tumpak ang "**biròng** masakit" at hindi kailangan ang "birung masakit."

(2) Hindi kailangang baguhin ang E at O kapag inuulit ang salitâng-ugat. Wasto ang **babáeng-babáe** at di-kailangan ang "babaing-babae"; wasto ang **birò-birò** at hindi nararapat ang "biru-biro." Maaaring nagaganap ang pagpapalit ng I sa E o ng U sa O sa karaniwang pagbigkas ng mga Tagalog ngunit hindi kailangan isulat, maliban kung **bahagi ng realismo** sa wika ng isang akdang pampanitikan. Ang ibig sabihin pa, hindi kailangan ang tuntunin hinggil sa pagpapalit dahil may mga Tagalog na hindi isinasagawa ang gayong pagpapalit sa kanilang pagsasalita. Bukod pa, isang bawas na tuntuning dapat isaulo ng mga hindi Tagalog ang tuntuning ito mula sa *Balarila*. Tandaan pa ang sumusunod:

anó-anó hindi "anu-ano"
alón-alón hindi "alun-alon"
taón-taón hindi "taun-taon"
píso-píso hindi "pisu-piso"
pitó-pitó hindi "pitu-pito"
palóng-palúngan hindi "palung-palungan"
pátong-pátong hindi "patung-patong"

7.6 Kapag Bago ang Kahulugan. Sa kabilâng dako, nagaganap ang pagpapalit ng I sa E at U sa O kapag walang gitling ang inuulit na salita at nagdudulot ng bagong kahulugan, gaya sa "haluhalo" na iba sa "halo-halo." Isang popular na pagkaing pampalamig ang **haluhalò**; paglalarawan naman ng pinagsáma-sámang iba't ibang

bagay ang **halò-halò**. Narito pa ang halimbawa ng salitâng may gitling at walang gitling:

sálo-sálo—magkakasáma at magkakasabay na kumain
salusálo—isang piging o handaan para sa maraming tao

bató-bató—paraan ng paglalarawan sa daan na maraming bato
batubató—ibon, isang uri ng ilahas na kalapati

7.7 Huwag Baguhin ang Dobleng O. Iminumungkahi rin ang paggalang sa ilang salita na may **dobleng O** (oo) kahit sinusundan ng hulapi, gaya sa **noó** na lagyan man ng hulapi ay nananatiling **noohín**. Iminumungkahi ring pairalin ito sa ilang salita na may UO gaya sa **tuón** at **tuós** na dapat baybayíng **pagtuonán** at **tuosín**. Narito pa ang halimbawa:

noón—kanoonán
noód—panoórin
doón—paroonán
poót—kapootán
poók—poók-pookín
tuód—tuoránin
buód—buorín
buô—kabuòan
salimuot—kasalimuotán

8 PAGPAPALIT NG "D" TUNGO SA "R"

May mga tiyak na pagkakataón na napapalitan ng R ang D sa pagsasalita. Halimbawa, ang **dito** ay nagiging **rito** at ang **dami** ay nagiging **rami**. Karaniwan nagaganap ang pagpalit ng R sa D kapag napangunahan ang D ng isang pantig o salita na nagtatapos sa A. Halimbawa, ang D ng "dito" ay nagiging R sa **narito** o **naririto**. Ngunit nananatili ang D kapag **andito** o **nandito**. Tingnan pa ang sumusunod:

doón—naroón (ngunit **andoón** o **nandoón**)
dámi—marámi (ngunit **pagdámi** o **dumámi**)
dápat—marápat, nararápat, karapatan (ngunit **karapát-dápat**)
dúnong—marúnong, pinarúnong (ngunit **dunóng-dunúngan**)
dupók—marupók (ngunit **pagdupók**)
dálitâ—marálitâ (ngunit **nagdálitâ** o **pagdarálitâ**)

Ang naturang pagpapalit ng tunog ay malinaw na isang paraan ng **pagpapadulas sa pagsasalita**. Kayâ karaniwang ginagamit ang D sa unahán ng salita. Sa loob ng salita, karaniwang sumusunod ito sa katinig (**sandok**, **kordon**, **bundat**) samantalang higit na malimit makikita ang R sa loob ng salita lalo na't sumusunod sa patinig (**markado**, **kariton**, **bolero**, **bangkero**, **bordador**, **birtud**).

8.1 Kasong Din/Rin, Daw/Raw. Ang pagpapalit ng D tungo sa R ay nagaganap sa mga pang-abay na **din/rin** at **daw/raw**. Sang-ayon sa tuntuning pinalaganap ng *Balarila*, nagiging **rin** ang **din** o **raw** ang **daw** kapag sumusunod sa salitâng nagtatapos sa patinig o **malapatinig** o *glide* (W at Y), gaya sa sumusunod:

Masaya rin ngunit **Malungkot din**
Uupô raw ngunit **Aalis daw**
Nabili rin ngunit **Nilanggam daw**
Okey raw ngunit **Bawal daw**
Ikaw raw ngunit **Pinsan daw**

Ngunit sinasabi rin ng tuntunin na kapag ang sinusundang salita ay nagtatapos sa **-ri**, **-ra**, **-raw**, o **-ray**, ang **din** o **daw** ay hindi nagiging **rin** o **raw**, gaya sa sumusunod:

Maaari din hindi **Maaari rin**
Kapara daw hindi **Kapara raw**
Biray din hindi **Biray rin**
Araw daw hindi **Araw raw**

Walang paliwanag sa nabanggit na kataliwasan. Marahil, dahil nagiging lubhang malamyos ang pagsasalita kapag sinundan pa ng **rin** o **raw** ang isang salita na nagtatapos sa pantig na may R. Ngunit kahit sa tula ay hindi ito ipinagbabawal. Sa halip, sinisikap pa ng makata ang paglikha ng ganitong **aliterasyon**.

8.2 "D" Kahit Kasunod ng Patinig. Dapat ding banggitin na may salitâng gaya ng **dulás** at **dalî** na malimit na binibigkas at isinusulat nang may D kahit may sinusundang A, gaya sa **madulás** o **mádulás** [bagaman may pook na "Marulas" (madulas) at "Marilao" (madilaw) sa Bulacan] at sa **madalî**, **mádalìan**, **madalián**. May kaso rin ng magkahawig na salita na may nagkakaibang kahulugan dahil sa D o R, gaya sa mga pang-uring **madamdámin** (tigib sa damdamin) at **maramdámin** (madalîng masaktan ang damdamin). Sa ganitong pangyayari, magandang isaalang-alang ang pinalaganap na paraan ng paggamit sa **daw/raw** at **din/rin**.

Subalit tandaan: **Hindi ito dapat iturìng na tuntunin sa pagsulat.** Ang ibig sabihin pa, **hindi dapat iturìng na pagkakamali** ang paggamit ng **din** at **daw** kahit sumusunod sa salitâng nagtatapos sa patinig at malapatinig.

9 KAILAN "NG" AT KAILAN "NANG"

Isang malimit pagtaluhan kahit ng mga eksperto sa Filipino ang wastong gamit ng **ng** (maikli) at **nang** (mahabà). May mga nagmumungkahi tuloy na alisin na ang **ng** at **nang** na lámang ang gamitin sa pagsulat. Isang panukalang paurong ito dahil ganoon na nga ang ugali bago ang *Balarila* ni Lope K. Santos. Sa panahon ng mga Español, nang lámang ang ginagamit sa pagsulat ng mga misyonero.

9.1 Mga Gamit ng "Nang." Ang higit na dapat tandaan ay ang tiyak na mga gamit ng nang at lima (5) lámang ang mga tuntunin:

> **Una**, ginagamit ang **nang** na kasingkahulugan ng **noong**. Halimbawa, "Umaga **nang** barilin si Rizal. **Nang** umagang iyon ay lumubha ang sakit ni Pedro."
>
> **Ikalawa**, ginagamit ang **nang** kasingkahulugan ng **upang** o **para**. Halimbawa, "Sa isip ng mga Español, kailangang bitayin si Rizal **nang** matakot ang mga Filipino. Dinala si Pedro sa ospital **nang** magamot."
>
> **Ikatlo**, ginagamit ang **nang** katumbas ng pinagsámang **na** at **ng**. Halimbawa, "Pero sa isip ng mga Filipino, sobra **nang** lupit ang mga Español. Sobra **nang** hirap ang dinanas ni Pedro."
>
> **Ikaapat**, ginagamit ang **nang** para sa pagsasabi ng paraan o sukat (pang-abay na pamaraan at pang-abay na panggaano). Halimbawa, "Binaril **nang** nakatalikod si Rizal. Namayat **nang** todo si Pedro dahil sa sakít."
>
> **Ikalima**, ginagamit ang **nang** bílang pang-angkop ng inuulit na salita. Halimbawa, "Barilin man **nang** barilin si Rizal ay hindi siyá mamamatay sa puso ng mga kababayan. Ginamot **nang** ginamot si Pedro para gumaling."

Ang iba pang pagkakataón, bukod sa nabanggit na lima, ay kailangang gamitan ng **ng**. Halimbawa: "Ipinabaril **ng** mga Español si Rizal. Pinainom **ng** gamot si Pedro." Ngunit tingnan ang pagkakaiba ng dalawang pangungusap. (1) "Pagkamartir ang katulad **ng** sinapit ni Rizal." (2) "Gusto mo ba ang katulad **nang** magmartir si Rizal?"

9.2 Ingatan ang Pinagdikit na "na" at "ang." Malimit mapagkamalang **nang** ang kontraksiyon ng **na** at **ng** ang, gaya sa pangungusap na "Laganap **nang** himagsik pagbaril kay Rizal." Kailangang isulat ito nang may kudlit (') upang ipahiwatig ang naganap na kontraksiyon ng **na** at **ng** ang, gaya sa "Laganap **na'ng** himagsik pagbaril kay Rizal."

10 PAGBABALIK SA MGA TULDIK

Mahalagang ibalik ang paggamit sa mga **tuldík** o **aséntо**. Kung mahihirapang markahan ang lahat ng salita, gamitin ang tuldik upang maipatiyak ang wastong bigkas lalò na sa mga salitâng magkakatulad ng baybay ngunit nagbabago ang kahulugan dahil sa bigkas. Karaniwang gamitin noon ang iba't ibang paraan ng bigkas sa "**paso**" (**páso**, **pasó**, **pasò**, **pasô**) na may iba't iba ring kahulugan. Sa Balarila, ipinasok ni Lope K. Santos ang tatlong tuldik bílang sagisag sa mga paraan ng pagbigkas: (1) ang tuldik **pahilís** (´) na ginagamit para sa salitâng mabilis, (2) ang tuldik **paiwà** (`) na ginagamit para sa salitâng malumi, at (3) ang tuldik **pakupyâ** (^) para sa salitâng maragsa.

Totoo, maaaring magbago sa pagtagal ng panahon ang bigkas sa mga salita. Halimbawa, ang **balatkayó** ay mabilis sa panahon ni Balagtas ngunit ngayon ay maragsa na ang bigkas: **balatkayô**. Ngunit nagaganap ngayon ang maraming malîng bigkas dahil hindi nabibigyan ang madla—lalò na ang kabataan at mga bagong gumagamit ng wikang Filipino—hinggil sa wastong tuldik ng mga ordinaryong salita. Halimbawa, ang **bakâ** (hindi tiyak) ay maragsa ngunit binibigkas ng mga estudyante sa Maynila na malumi: "bakà." Ang **kíta** ay malumay ngunit napagkakamalang malumi ("kità") kayâ lumilitaw ang aberasyong gaya ng "kitain" sa halip na **kitáhin**.

10.1 Isang Anyo, Iba-Ibang Bigkas. Nagiging komplikado pa ang problema sa bigkas kapag isinaalang-alang ang mga salita sa ibang katutubong wika ng Filipinas na may magkakahawig na ispeling ngunit iba-iba ang kahulugan dahil sa iba-ibang bigkas. Halimbawa, ang **layà** (malumi) ay unang ginamit noong 1882 ni Marcelo H. del Pilar bílang katumbas ng *libertad* sa Español. Iba ito sa **láya** (malumay) sa Bikol at Kabisayaan na isang uri ng lambat na pangisda. Iba rin ang **layá** (mabilis) ng Ilokano na tumutukoy na halamang-ugat na lúya ng mga Tagalog. Iba rin ang **layâ** (maragsa) sa Kabisayaan na tumutukoy sa layak at mga tuyong dahon at tangkay, at sa pang-uring **layâ** (maragsa) na ilahas para sa mga Tagalog at lantá para sa Kabisayaan. Narito pa ang halimbawa:

páli—Sinaunang Tagalog para sa pagpapalitan ng katatawanan
palí—Ivatan para sa pagpulpol ng dulo.
palì—Kapampangan para sa init o alab.
palî—Tagalog para sa organo sa tabi ng bituka, spleen sa Ingles. Ilonggo din para sa naghilom.

10.2 Dagdag na mga Gamit ng Pahilis. Hinihingi ng masinop na pagsulat ang mga dagdag na gamit ng tuldik na pahilis upang higit na matulungan ang mambabasá

hinggil sa tumpak na bigkas. May diksiyonaryong nagsasagawa na ng sumusunod na gamit sa tuldik pahilis: (1) Tuldik sa salitâng malumay at iminamarka sa itaas ng patinig bago ang hulíng pantig; (2) Ikalawang tuldik sa mahabang salita; (3) Tuldik sa unlaping **ma-(na-)** na nagpapahayag ng hindi sinasadyang kilos o pangyayari; (4) Panlinaw na tuldik sa salitâng mabilis na may tuldik patuldok (tingnan sa **10.7** ang dagdag na paliwanag).

10.3 Tuldikan Kahit Malumay. Ipinapayo para sa maingat na pagsulat at pagbigkas ang pagmamarka ng pahilis kahit sa salitâng malumay. Mahalaga ito, lalo na, para tiyakin ang bigkas at kahulugan ng isang salitâng malumay na may kahawig na anyo ngunit iba ang bigkas at kahulugan.

húli—paraan upang mawalan ng layang kumilos ang isang tao o bagay
hulí—hindi nakarating o nakatapos sa oras

níto—katapat ng patuná sa Ilokano
nitó—panghalip na pamatlig sa kaukulang paari na tumutukoy sa tao, bagay, o pangyayaring nagtataglay ng anumang katangiang ipinahahayag ng nagsasalita malapit sa kaniya

píli—malaki-laking punongkahoy na may makinis at madaling matanggal na balat
pilì—hirang o paghirang para sa isang gawain o tungkulin

10.4 "Ma-" na May Pahilis. Mahalaga rin ang dagdag na markang pahilis para sa unlaping **ma- (na-)** na nagpapahayag ng kilos o pangyayaring hindi sinasadya at upang maibukod ito sa kahawig ng baybay ngunit ibang bahagi ng pangungusap, gaya sa **mádulás** (naaksidenteng nabuwal) na iba sa pang-uring **madulás**; **nápatáy** (hindi sinasadyang nabaril o nasaksak) na iba sa pandiwang **namatáy**. Iba rin ang **máhulí** (hindi umabot sa takdang panahon) sa **máhúli** (mábihag ang tumatakas) at ang **másáma** sa pang-uring **masamâ**. Narito pa ang mga halimbawa:

mádapâ, nádapâ
másagasàan, násagasàan
máligtás, náligtás

10.5 Dagdag na Gamit ng Pakupya. May bagong tungkulin din ang pakupya. May eksperimento ngayon na gamitin itong simbolo sa impit na tunog sa loob ng

isang salita na nagaganap sa Bikol at mga wika sa Cordillera. Sa Bikol, halimbawa, ang **hâ-dit** ay balísa at iba sa **hadít** na nauukol sa pag-iingat. Ipinahihiwatig ang impit sa loob ng salita sa pamamagitan ng tuldik pakupya sa ibabaw ng patinig at gitling pagkatapos ng pantig. Halimbawa:

lî-muhen (Tiboli) ibong nagbibigay ng babala ang huni
tî-sing (Tiboli) singsing
bû-ngaw (Bikol) bangin, na iba sa búngaw, Bikol din para sa sakit na luslós.
kasâ-lan (Bikol) kasalanan
bâ-go (Bikol) bágo
hû-lung (Ifugaw) patibong sa daga
mâ-kes (Ibaloy) pagbatì
pê-shit (Ibaloy) isang seremonyang panrelihiyon na may kantahan at sayawan
sâ-bot (Ibaloy) dayuhan

10.6 Tuldik Patuldok. Isang bagong tuldik ang ipinasiyang palagiang gamitin upang katawanin ang bigkas na *schwa* na matatagpuan sa mga katutubong wikang gaya ng Mëranaw, Pangasinan, Ilokano, Kinaray-a, Kuyonon, Kankanay, at Ibaloy. Tinawag itong **tuldik patuldók** at kahawig ng *umlaut* o *dieresis* (¨) na tila kambal na tuldok sa ibabaw ng patinig. Narito ang ilang halimbawa:

wën (Ilokano) katapat ng oo
kën (Ilokano) katapat ng din/rin
këtkét (Pangasinan) katapat ng kagat
sílëw (Pangasinan) katapat ng ilaw
útëk (Pangasinan) katapat ng utak
panagbëngá (Kankanay) panahon ng pamumulaklak
tëló (Mëranaw) katapat ng tatlo
mátëy (Mëranaw) katapat ng matagal
tëngél (Mëranaw) katapat ng sampal
sëléd (Kinaray-a) katapat ng loob
yuhém (Kinaray-a) katapat ng ngiti
gërét (Kuyonon) katapat ng hiwa

Solusyon ito sa kasalukuyang hindi magkasundong ginagawang pagtutumbas ng A o E sa bigkas na schwa, gaya sa Darangan/Darangen at Bantugan/Bantugen. Ang dalawang nabanggit na salitâng Mëranaw ay dapat baybayíng **Darangën** at **Bantugën**.

10.7 Pahilis sa Itaas ng Tuldik Patuldok. Bílang dagdag na panlinaw sa bigkas ng salitang may tuldik patuldok, iminumungkahi ang paglalagay ng̊ tuldik pahilis kung malumay o mabilis ang bigkas.

aampakálingẽ (Ayta Mag-Antsi) bingi
ëmẽt(Agutaynen) pisngi
erënëmẽn(Kuyonon) alak
magayẽn (Tagbanwa) maganda
marahẽt (Ivatan) masamâ

Bílang dagdag na tulong sa mga gumagamit ng computer, narito ang talahanayan ng mga dapat tipahin para makabuo ng mga titik na may tuldik at ng iba pang espesyal na karakter:

a	e	i
á – Alt 160	é – Alt 130	í – Alt 161
à – Alt 133	è – Alt 138	ì – Alt 141
â – Alt 131	ê – Alt 136	î – Alt 140
	ë – Alt 137	
	ẽ–Alt 137 + 0301 Alt X	

o	u
ó – Alt 162	ú – Alt 163
ò – Alt 149	ù – Alt 151
ô – Alt 147	û – Alt 150

Ñ	Alt 165
ñ	Alt 164
•	Alt 0183 (gituldok; tuldok sa pagpapantig)
ˆ	Alt 0136
´	Alt 0180
`	Alt 096
¨	Alt 0168
’	Alt 0146 (upang maiwasan ang baligtad [‘])
–	Alt 0150 (gatlang en)
—	Alt 0151 (gatlang em)

11 MGA WASTONG GAMIT NG GITLING

Isang bantas na maraming gamit ang **gitling** (-). Dahil dito, marami din ang nalilito at nagagamit ang gitling sa mga pagkakataóng hindi ito kailangan. Naririto ang mga wastong gamit ng naturang bantas:

11.1 Sa Inuulit na Salita. Ginagamit ang gitling sa mga salitâng inuulit:

anó-anó
aráw-áraw
gabí-gabí
sirâ-sirâ
ibá-ibá

Kung mahigit dalawang pantig ang salita, ang unang dalawang pantig lámang ang inuulit. Halimbawa:

pali-palíto
suntok-suntukín
balu-baluktót

Pansinin: Inuulit ang buong unang dalawang pantig kung may dalawang pantig lámang ang salita. Ngunit hindi inuulit ang panghulíng katinig ng ikalawang pantig kapag mahigit dalawang pantig ang salita.

bálik-bálik
wasák-wasák
bali-baligtád
bula-bulagsák

Ngunit kung may unlapi, isinasáma ito sa unang bahaging inuulit. Halimbawa:

pabálik-bálik
nagkawasák-wasák
pagbali-baligtarín
pabula-bulagsák

Tandaan din: Ginagamit ang gitling sa salitâng inuulit. Hindi ito ginagamit sa salita na may mga pantig na inuulit ngunit walang kahulugan kapag hindi inulit. Halimbawa: **paruparó**, dahil walang "paro," **alaala** dahil walang "ala," **gamugamó** dahil walang "gamo." Ngunit may gitling ang **sarì-sarì** dahil may salitâng **sarì**,

sámot-sámot dahil may **sámot** at dapat ding gitlingan ang pinagsámang **sámot-sarì**. Malîng anyo ang "samo't-sari" dahil di inuulit bukod sa walang kahulugan ang "samo't" bílang isang salita. Malîng anyo din ang "iba't-iba" dahil hindi ito inuulit kundi kontraksiyon ng **iba at iba**. May gitling din ang **mayâ-mayâ** kayâ may anyong **mamayâ**.

11.2 Sa Isahang Pantig na Tunog. Gayunman, ginagamit ang gitling sa **onomatopeikong** pagsulat sa mga iisahing pantig na tunog, gaya sa sumusunod:

tik-tak
ding-dong
plip-plap
tsk-tsk
rat-ta-tat

11.3 Sa Paghihiwalay ng Katinig at Patinig. Ginagamit ang gitling upang paghiwalayin ang pantig na nagtatapos sa katinig at ang sumusunod na pantig na nagsisimula sa patinig. Halimbawa:

pag-ása
ágam-ágam
mag-isá
pang-uménto
pang-úlo (kasuotan para sa ulo, at iba sa "pangúlo" o presidente)
tsap-istík (kahit isang salita ang orihinal na *chopstick*)
brawn-awt (kahit isang salita ang orihinal na *brownout*)

Ngunit ginagamitan ng gitling ang salita kahit nagtatapos sa patinig ang unang pantig kapag pangngalang pantangi ang kasunod:

pa-Mandaluyong, ngunit **pahilaga**
taga-Itogon, ngunit **tagalungsod**
maka-Filipino, ngunit **makalupa**

at kapag salitâng banyaga at násа orihinal na baybay ang kasunod:

pa-cute, ngunit **pakyut**
ipa-cremate, ngunit **ipakrimeyt**
maki-computer, ngunit **makikompiyuter**

11.4 Sa Pinabigat na Pantig. Ginagamit din ang gitling upang bigyan ng bigat o diin ang kakaibang bigkas sa naunang pantig, gaya sa matandang "**gáb-i**" na kasingkahulugan lámang din ng makabagong "**gabí**." Narito pa ang ilang halimbawa:

líg-in (Sinaunang Tagalog) pagiging alanganin
láng-ap (Sinaunang Tagalog) pag-inom nang mabilis
múng-ay (Hiligaynon) hitik sa bunga
mús-ing (Bikolano) dungis
láb-ong (Ilokano) isang uri ng pansilo o pambitag
húl-ab (Sebwano) ukà

11.5 Sa Bagong Tambalan. Ginagamit ang gitling sa mga bagong tambalang salita, gaya sa sumusunod:

lipat-bahay
bigyang-búhay
bagong-salta
pusong-martir
amoy-pawis

Walang tiyak na tuntunin kung kailan inaaalisan ng gitling ang tambalang salita.May salitâng gaya ng "kathang-buhay" para sa nobela noong panahon ng Amerikano ang isinusulat nang **kathambúhay** ngayon. May matandang **palipád-hángin**, **basâng-sísiw**, at **bunông-bráso** na hindi pa rin inaalisan ng gitling. May bagong imbento naman, gaya ng **balikbáyan**, na wala nang gitling nang unang ilathala. Mahirap nang masaliksik kung kailan inalisan ng gitling at pinagdikit ang **pikitmatá**, **anakpáwis**, **balinsusô**.

11.6 Iwasan ang "Bigyan-." Magtipid sa paggawa ng tambalang salita, lalò't hindi kailangan. Halimbawa, isang bisyo na ang pagdurugtong ng anumang nais sabihin sa **bigyan-** gaya sa **bigyang-diin** at **binigyang-pansin**. Marami ang nagsasabing "bigyang-pugay" samantalang puwede naman at mas maikli pa ang **nagpugay**; "bigyang-parangal" samantalang puwede itong **parangalan**; "bigyang-halaga" bagaman puwede na ang **pahalagahan**; "bigyang-tulong" samantalang higit na idyomatiko ang **tulúngan**. Kahit ang "binigyang-pansin" ay puwede nang **pinansin**.

11.7 Tambalan ang "Punòngkahoy." Dapat malinawan na may salitâng gaya ng **punòngkáhoy** at **buntonghiningá** na likha mula sa dalawang salita: "puno+ng" at "kahoy" at "bunton+ng" at "hininga." May bumabaybay sa mga ito na "punungkahoy"

at 'buntunghininga" dahil sa arbitraryong pagsunod sa O na nagiging U sa loob ng pinagtambal na may salita. Ngunit kung babalikan ang tuntunin **7.5**, hindi na kailangan ang naturang pagpapalit. Nagkadikit man, wala namang bagong kahulugang lumitaw sa pagdidikit. Bukod pa, madalî ring makikilála ng mambabasá ang dalawang orihinal na salitâng pinagsáma sa **punongkahoy** at sa **buntonghininga**.

11.8 Sa Pasulat na Oras. Ginagamit ang gitling upang ihiwalay ang numero sa oras at petsang may ika- gayundin sa pagbílang ng oras, numero man o binabaybay, na ikinakabit sa alas- gaya sa sumusunod:

ika-8 ng umaga, ngunit **ikawalo ng umaga**
ika-9 ng Marso, ngunit **ikasiyam ng Marso**
ika-100 anibersaryo, ngunit **ikasandaang anibersaryo**
alas-12 ng tanghali, alas-dose ng tanghali
alas-3 ng hápon, alas-tres ng hápon

Tandaan: Laging binabaybay ang oras na **ala-una**.

11.9 Sa Kasunod ng "De." Ginagamitan ng gitling ang salitâng may unlaping **de-** mula sa Español na nangangahulugang "sa pamamagitan ng" o "ginawa o ginagamit sa paraang." Halimbawa:

de-kolór
de-máno
de-kahón
de-bóla
de-láta
de-bóte

11.10 Sa Kasunod ng "Di." Ginagamitan ng gitling ang salitâng pinangungunahan ng **dî** (pinaikling hindî) at nagkakaroon ng kahulugang idyomatiko, tila kasabihan, malimit na kasalungat ng orihinal nitó, at malimit na may mapagbiro o mapang-uyam na himig. Halimbawa:

di-mahapáyang-gátang
di-mahipò
di-maitúlak-kabígin
di-mahúgot-húgot
di-kágandáhan
di-maliparáng-uwák

11.11 Sa Apelyido. Ginagamitan ng gitling ang mga apelyido ng babaeng nag-asawa upang ipakita ang orihinal na apelyido noong dalaga pa. Halimbawa:

Carmen Guerrero-Nakpil
Gilda Cordero-Fernando
Genoveva Edroza-Matute
Gliceria Marella-Villavicencio
Anastacia Giron-Tupas

Kapag ginamit ang anyong ito sa laláki, gaya sa kaso ni **Graciano Lopez-Jaena**, ang apelyido pagkatapos ng gitling ang apelyido sa ina. Kung iwawasto alinsunod sa praktikang Español, ang dapat sanang anyo ng pangalan ng dakilang Propagandista ay **Graciano Lopez y Jaena**.

11.12 Pagsaklaw ng Panahon. Ginagamitan ng gatláng en (en dash) ang panahong sakop o saklaw ng dalawang petsa. Halimbawa:

1882–1903 (Panahon ng Patinding Nasyonalismo)
23 Hulyo 1864–13 Mayo 1903 (Apolinario Mabini)

Gatlang en din ang ginagamit kapag nawawala ang pangwakas na petsa ng isang panahunan gaya sa:

1870– (hindi tiyak ang petsa ng kamatayan)

Ang mas mahabà, ang **gatlang em** (*em dash*), sa halip na gitling, ang dapat gamitin kapag ibinitin ang daloy ng pangungusap at may idinadagdag na impromasyon sa loob ng isang pangungusap. Halimbawa:

Napalingon ako—at nanlaki ang matá—nang makita siyá.

Kailangan ng taumbayan ang anumang tulong—pagkain, damit, higaan, malinis na palikuran, tubig, atbp.

12 MGA BANTAS

Dahil sa matagal nang kasaysayan ng nakasulat at nakalimbag na teksto ay marami nang tinanggap na mga tiyak na gamit ang bawat bantas. Gayunman, may mga editor at lathalaan pa rin na may kani-kaniyang manwal sa estilo o "house rules." Magkakaiba man, ang pangunahing layunin pa rin sa pagbabantas—upang makatulong sa magaang pagbása—ang kailangang masunod. Ang mga sumusunod na tuntunin sa pagbabantas ay inipon mula sa mga kasalukuyang praktika ng mga pangunahing lathalaan sa daigdig.

12.1 TULDOK. Karaniwang gamit ng **tuldók** (*period*) ang pananda para sa pagwawakas ng pangungusap na paturol o pautos.

Maganda si Minda Limbo. Dumito ka.

May kulang.

Lahat ng malalaki't maliliit na hayop sa gubat na iyon ay dumalaw kay Leon dahil may sakit ito.

12.1.1 Sa pagpapaikli. Ginagamit ang tuldok sa pagdadaglat ng mga salita.

Nanguna sa pangangasiwa ng Ambagan 2013 ang Filipinas Institute of Translation, Inc. (Ang "Inc." ay daglat ng Incorporated.)

Hindi nilá kasáma si Dra. Kriscell Labor sa sasakyan. (Ang "Dra." ay daglat ng Doktora.)

Naging panauhing pandangal sa pambansang summit si Sen. Bam Aquino. (Ang "Sen." ay daglat ng Senador.)

Lumipad na patungong Japan si Prop. Joey Baquiran kahapon. (Ang "Prop." ay daglat ng Propesor.)

Sa mga liham, madalas dinadaglat ang mga titulo sa patunguhan.

Kgg. PURIFICACION G. DELIMA, PhD
Full-time Komisyoner
Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 J. P. Laurel Street
San Miguel, Maynila

Sa mga pangalan, ginagamit ang tuldok kapag inisyals lámang ng gitnang pangalan (at minsan, maging ang unang pangalan) ang isinusulat. Madalas makita ang mga pangalan ng kalyeng nakasulat sa inisyals ang una at gitnang pangalan.

Sandor B. Abad
Jomar I. Cañega
L.A. Lopez
M.H. del Pilar Avenue
J.P. Laurel Street

12.1.2 Paglilista o enumerasyon. Sa paglilista, naglalagay ng tuldok pagkatapos ng numero/ titik.

Ang sumusunod ang mga tuntunin sa timpalak Talaang Ginto:

1. Bukás ang timpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.
2. Ang lahok ay kailangang orihinal at nasusulat sa Filipino, hindi salin mula sa ibang wika at hindi pa nalalathala sa alinmang publikasyon. Hindi patatawarin ang sino mang nahúli at napatunayang nagkasála ng pangongopya. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nitó sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
3. Ang paksa para sa Makata ng Taon 2014 ay tungkol sa kabayanihan. Tatalakayin ng tulang ipapása ang isang malaki at makabagong problema at kung paano kikilos ang isang makabagong bayani upang lutasin ito. Ilalahok ang mga tulang may sukat at tugma na nása antas tudlikan pataas. Ang mga taludtod ng tulang ilalahok ay hindi bababa sa apatnapung (40) taludtod, at lalagpas sa walumpung (80) taludtod.

Ang mga nominado ay kinakailangang magtaglay ng mga sumusunod na katangian:

a. May hawak na kaukulang lisensiya (LET, atbp.), full-time at permanenteng status.
b. Nakapaglingkod nang tatlo o higit pang taon bílang guro ng Filipino o mga kaugnay na disiplina na ang gamit ay Filipino bílang wikang panturo sa anumang antas ng edukasyon at may antas ng kahusayan (performance rating) na hindi bababa sa Very Satisfactory sa buong panahon ng paglilingkod.

c.Nakapag-ambag sa pagpapalaganap ng wikang Filipino sa rehiyon sa pamamagitan ng pananaliksik, publikasyon, seminar, pagsasanay, palihan, at iba pang katulad na aktibidad.

Ngunit, hindi sa lahat ng pagkakataón ay tuldok ang ginagamit. Kapag gumagamit ng panaklong (isahan o dalawahan), hindi na ito nilalagyan ng tuldok. Ang sinundang halimbawa ay magiging tulad ng sumusunod kapag ginamitan ng dalawahang panaklong:

Ang sumusunod ang mga tuntunin sa timpalak Talaang Ginto:

(1) Bukás ang timpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.
(2) Ang lahok ay kailangang orihinal at nasusulat sa Filipino, hindi salin mula sa ibang wika at hindi pa nalalathala sa alinmang publikasyon. Hindi patatawarin ang sino mang nahúli at napatunayang nagkasála ng pangongopya. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nito sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
(3) Ang paksa para sa Makata ng Taon 2014 ay tungkol sa kabayanihan. Tatalakayin ng tulang ipapásа ang isang malaki at makabagong problema at kung paano kikilos ang isang makabagong bayani upang lutasin ito. Ilalahok ang mga tulang may sukat at tugma na nása antas tudlikan pataas. Ang mga taludtod ng tulang ilalahok ay hindi bababa sa apatnapung (40) taludtod, at lalagpas sa walumpung (80) taludtod.

o kayâ ang sumusunod kapag ginamitan ng isahang panaklong:

Ang sumusunod ang mga tuntunin sa timpalak Talaang Ginto:

1) Bukás ang timpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.
2) Ang lahok ay kailangang orihinal at nasusulat sa Filipino, hindi salin mula sa ibang wika at hindi pa nalalathala sa alinmang publikasyon. Hindi patatawarin ang sino mang nahúli at napatunayang nagkasála ng pangongopya. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nito sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
3) Ang paksa para sa Makata ng Taon 2014 ay tungkol sa kabayanihan. Tatalakayin ng tulang ipapásа ang isang malaki at makabagong problema at kung paano kikilos ang isang makabagong bayani upang

lutasin ito. Ilalahok ang mga tulang may sukat at tugma na nása antas tudlikan pataas. Ang mga taludtod ng tulang ilalahok ay hindi bababa sa apatnapung (40) taludtod, at lalagpas sa walumpung (80) taludtod.

12.1.3 Sa Agham at Matematika. Sa Matematika, ginagamit ang tuldok sa sistemang desimal.

3.1416 (halaga ng π)
2.54 sentimetro
1.414 (Pythagoras constant)
6.67×10^{-11} N (m/kg^2) (gravitational constant)

Sa Agham, madalas na gamitin ang tuldok sa pagsulat ng mga pangalang siyentipiko ng mga nilaláng na hayop o halaman:

R. leonardi (daglat ng *Rafflesia* ang R.; specie ng rafflesia na ipinangalan kay Leonard Co)

C. plicatilis (daglat ng *Cestraeus* ang C.; mas kilalá sa tawag na ludong)

Carica papaya L. (daglat ng Linnaeus ang L.)

D. dugon (daglat ng *Dugong* ang D.)

12.1.4 Relasyon sa Iba pang Bantas. May mga pagkakataóng nakapaloob ang tuldok sa iba pang bantas tulad ng panipi, panaklong, at panakláw.

Kung ang pangungusap (na tuldok ang nása dulo) ay tuwirang sisipiin at magiging panimulang bahagi ito bílang sipi sa ibang pangungusap, tinatanggal ang tuldok.

"Walâ po akong kasalanan," giit ng batà. "Napakahusay mo, anak," puri ng ama sa bunso.

"Hindi ko po alam," katwiran ng empleado sa kaniyang amo. "Sana ginawa na natin ito noon pa," sumbat ng kaibigan ni Letty.

Samantala, pinananatili ang tuldok sa loob ng panipi kung ang tuwirang sinipi ay nása hulihang bahagi ng pangungusap.

Iginiit ng batà na "Walâ po akong kasalanan." Puri ng ama sa bunso, "Napakahusay mo, anak."

Katwiran ng empleado sa kaniyang amo, "Hindi ko po alam."

Sumbat ng kaibigan ni Letty, "Sana ginawa na natin ito noon pa."

May mga pagkakataóng nakapaloob sa panaklong o panakláw ang buong pangungusap. Sa mga pagkakataóng ganito, ipinapasok sa loob ng pangungusap ang tuldok.

Noong nakaraang buwan, lumipad patungong Qatar ang kaniyang Ina. (Kabílang ang kaniyang ina sa mga hinatiran ng tulong ng grupo upang makapag-abroad.)

Nabanggit itong sandigan ng pagkukuro kahit sa mga akdang relihiyoso. [At kailangang muli nating sumipat pabalik sa kasaysayan.]

Samantala, may mga pagkakataón ding bahagi lámang ng isang pangungusap ang nakapaloob sa panaklong o panakláw. Inilalagay sa labas ang tuldok sa mga pagkakataóng ganito sapagkat bahagi pa rin ng pangungusap ang násа loob ng panaklong o panakláw.

Hindi makatanggi ang dalawa nang dalhin ng mga pulis (sapagkat hindi na silá makatatakas).

Idinagdag sa haka ni Aristotle hinggil sa kaisahan ng aksiyon ang pagkakaroon ng isang tagpuan at isang maikling kathang panahunan (kung maaari, di lalagpas sa isang araw).

Sa totoo lang, 32% ng mga Filipino ang nagsabing hindi silá nagtitiwala sa kaniya [sa field reporter].

12.1.5 Sa Sanggunian. Bukod sa tuldok sa dulo, ginagamit din ang tuldok upang paghiwalayin ang mga detalye hinggil sa awtor at sa pamagat ng aklat bílang isang lahok o entri sa sanggunian.

Almario, Virgilio. *Balagtasismo Versus Modernismo*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1984.

Mangahas, Rogelio G., at Leonida B.Villanueva, mga editor.
Patnubay sa Korespondensiya Opisyal. Ikaapat na ed.
Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.

12.1.6 Sa Sangguniang Online. Ginagamit din ang tuldok upang paghiwalayin ang mga detalye sa isang URL (uniform resource locator).

www.kwf.gov.ph
http://kalatasliteraryezine.wordpress.com/
http://www.ncca.gov.ph/
https://www.facebook.com/angkomisyonsawikangfilipino

12.1.7 Sa Diksiyonaryo. Ginagamit ang tuldok bílang hudyat ng pagwawakas ng lahok sa diksiyonaryo.

charade (sya•réyd) *png* [*Ing*] **1**: laro ng pagpapahula ng mga salita o parirala sa pamamagitan ng aksiyong pantomima **2**: lantarang pagkukunwari o pandaraya.

kim•bót *png* [*Tag War*]: pakiramdam kapag natutuksó.

lú•kát *png* [*ST*] **1**: pagbúnot ng haláman sa pamamagitan ng pailalim na paghukay sa lupa **2**: Bot uri ng matigas na behuko na ginagamit para itali ang mga haligi.

ma•ka•tá•o *pnr* [maka+tao]: punô ng pagmamahal sa kapuwa tao *Cf* PILANTROPO: HUMAN².

12.1.8 Gituldok: Espesyal na Uri ng Tuldok. Ang *middle dot* na iminumungkahing tawaging **gituldok** (gitnang tuldok) ay ginagamit sa pagpapantig ng isang entri sa diksiyonaryo at sa pagbigkas ng hiram na mga salita.

charade (sya•réyd) *png* [*Ing*] **1**: laro ng pagpapahula ng mga salita o parirala sa pamamagitan ng aksiyong pantomima **2**: lantarang pagkukunwari o pandaraya.

kim•bót *png* [*Tag War*]: pakiramdam kapag natutuksó.

lú•kát *png* [*ST*] **1**: pagbúnot ng haláman sa pamamagitan ng pailalim na paghukay sa lupa **2**: Bot uri ng matigas na behuko na ginagamit para itali ang mga haligi.

ma•ka•tá•o *pnr* [maka+tao]: punô ng pagmamahal sa kapuwa tao *Cf* PILANTROPO: HUMAN[2].

12.1.9 Kailan Hindi Naglalagay ng Tuldok. Hindi na kailangang lagyan ng tuldok ang mga kabanata, pamagat, mga pamagat ng mga talahanayan, at iba pang katulad na mga pang-ulo.

12.2 KUWIT. Ginagamit ang **kuwít** (*comma*) upang matukoy ang pinakamaikling pagputol ng idea o pinakamaliit na paghinto sa daloy ng isang pangungusap. Tanda ito ng pansamantalang pagtigil sa daloy ng idea (at pagbása).

Bago ang lahat, naisip niya, nais niyang maghanapbuhay.

Nang maging guro siyá, inakala niyang habambuhay siyáng magiging tagapagmulat ng murang isipan sa isang nayon.

Hindi nagtagal, nagising siya sa katotohanang hindi siya tutulungan ng mga táong kaniyang pinagkatiwalaan.

12.2.1 Sa mga Serye. Ginagamit ang kuwit sa serye ng tatlo o mahigit na mga idea sa isang pangungusap na pinagsasáma ng isang pang-ugnay. Kailangang tandaan na naglalagay din ng kuwit bago ang pang-ugnay.

Uunahin ba niya ang magtayô ng manukan, magtanim ng gulay, o magbukás ng isang tindahan?
Isang tao akong masayá, mahilig kumain, ngunit kuripot.

Naging mainit ang púlong ng mga propesor sapagkat tinalakay ang pagtaas ng matrikula, pagpapataas ng sahod, at pagbabâ ng bílang ng mag-aaral sa unibersidad.

Nang maging guro siyá, inakala niyang habambuhay siyáng magiging tagapagmulat ng murang isipan sa isang nayon ng mga magsasaká, mag-uuling, at mangingisda, at maligaya na kung nakatatayâ sa huweteng araw-araw, nakaiinom kung Biyernes, at nakaliligtas sa bagyo.

12.2.2 Pambukod ng mga Idea. Ginagamit din ang kuwit upang paghiwalayin ang magkahawig o magkasalungat na mga idea, malimit upang kumatawan sa inalis na "ay" o "at".

Kapag may tiyaga, may nilaga.

Ang lumakad nang matulin, kung matinik ay malalim. Malayò man, malapit din sa atin ang mga nawalay na kamag-anak.

Ang proyekto ay gagawin sa loob ng anim na buwan, hindi isang taón.

Nais kong linawing kayó ang mag-iisip ng konsepto, hindi kami.

12.2.3 Pambukod ng mga Detalye. Ginagamit ang kuwit sa pagbubukod ng mga titulo/ posisyon ng isang tao, pagbubukod sa mga elemento sa tirahan, at sa petsa (kung ang sinusundang format ay buwan-petsa-taón).

Nagbigay ng pahayag si Dr. Alison Medina, ang pangulo ng Philippine Doctor's Association, hinggil sa pagtaas ng presyo ng mga gamot.

#18 Kalye Pinalagad, Malinta, Lungsod Valenzuela Enero 4, 2014

Kapag isinusulat ang pangalan na nauuna ang apelyido, naglalagay ng kuwit pagkatapos ng apelyido upang ibukod ito sa unang pangalan.

Cagalingan, Rene Roy B.
Duclay, Jose F.
Abad, Sandor T.
Manalo, Alyssa Romielle P.
Mendillo, Benjamin M.

12.2.4 Pansamantalang Pagtigil. Ihinihiwalay sa pamamagitan ng kuwit ang mga madamdaming pahayag, bulalas, padamdam na "O" at "A", at iba pang kahawig na mga salitâng nakapagbibigay ng pansamantalang pagtigil sa pangungusap.

Ay, naku! Nakalimutan kong magdalá ng sepilyo.

A, muntik ko nang maiwan ang bag ko!

O, Ilaw sa gabing malamig!

Nakikiusap ako, patawarin mo ako!

Oo, uuwi ako ngayon.

12.2.5 Sa pagsipi. Sa tuwirang pagsipi ng mga pahayag (bahagi man o buo), naglalagay ng kuwit bago ang siniping bahagi. Kung ang sinipi ay matatagpuan sa simula ng pangungusap, pinapalitan ng kuwit ang tuldok mulâ sa orihinal nitó.

> Saglit na napaisip si Bea at nag-usisa, "Ano ang kinalaman mo sa nangyari kay ama?"
>
> "Hindi ako mapakali," ang banggit ni Tania hábang hinihintay ang pag-uwi ng anak.

Sa pagsulat ng talababâ, ginagamitan ng kuwit ang mga katawagang Latin na gaya ng ibid. at op. cit. kapag may kasunod pang impormasyon.

> [1]Teodoro A. Agoncillo, *The Revolt of the Masses*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1956, p. 88.
> [2] *Ibid.*, p. 9
> [3]De Leon, *op. cit.*, p. 1.

12.2.6 Matapos ang Pang-abay at Pangatnig. Naglalagay ng kuwit kasunod ng mga pangatnig tulad ng **gayunman** at pang-abay tulad ng **samantala** at **samakatwid**.

> Gayunman, hindi siyá nakatiis at lumuhod sa kaniyang harap.
>
> Samakatwid, nagsinungaling siyá upang makuha ang kaniyang nais.
>
> Nakarinig siyá ng kaluskos sa labas ng kuwarto. Dali-dali siyáng nagtago sa kama, naghihintay sa pagpasok ng di-kilalang bisita.
> Samantala, hindi niya namalayan ang mabilis na paghila sa kaniyang mga paa ng isang mabalahibong kamay.

12.2.7 Bílang Pamalit sa Detalye. Sa paglilista, maaaring palitan ng kuwit ang mga pahayag o pariralang maaaring naipahihiwatig na ng pangungusap.

> Noong 2008, naitala sa Rehiyon IV-A ang pinakamaraming bílang ng mga namatay sa panganganak sa 232; sumunod ang Rehiyon VII, 181; NCR, 176; at Rehiyon III, 166.
>
> Sa pagbubukas ng bagong restoran ni Letty noong Nobyembre, halos 20% agad ang naibalik sa kaniyang puhunan; nitóng Disyembre, 15%; at sa buwang ito, 10%.

12.2.8 Sa mga Liham. Sa korespondensiya opisyal, ginagamit ang kuwit sa dulo ng batìng pambungad at batìng pangwakas ng iba't ibang uri ng liham.

Mahal na Bb. Sandor Abad, (batìng pambungad)

Lubos na gumagalang, (batìng pangwakas)

12.2.9 Sa Diksiyonaryo. Sa mga entri sa diksiyonaryo, ginagamit ang kuwit sa serye ng mga impormasyon hinggil sa kahulugan ng isang salita.

dis•kré•to *pnr* [*Esp discreto*]: maingat sa salita at kilos, lalo na upang hindi makasakit ng loob o makasirà ng tiwala: DISCREET.

falchion (*fál•ki•yón*) *png* [*Ing*]: espadang malapat at maikli, malanday ang gilid, at pakuba ang dulo.

ko•ra•són de-mar•yá *png Bot* [*Esp corazon de maria*]: halámang gamot (*Caladium bicolor*) balisaksak, may guhit na pulá ang dahon, at karaniwang nabubúhay sa mamasâ-masâng lugar: CALADIUM.

12.3 TANDANG PANANONG. Pangkalahatang gamit ng tandang pananong ang pagpapahayag ng tanong, usisa, o alinlangan (sa datos na nakalap).

Saan ka tutungo?

Sigurado ka na ba sa iyong desisyon?

Si Mother Ignacia (1663? –1748) ay tunay na mapagkalinga.

12.3.1 Relasyon sa Ibang Bantas. Katulad sa kaso ng tuldok sa **12.1.4**, may mga pagkakataón ding nakapaloob sa panipi, panaklong, o panakláw ang pangungusap na ginagamitan ng pananong.

Taliwas sa tuntunin sa tuldok, nananatili ang tandang pananong sa isang siniping pahayag.

Hindi na siyá nagpaligoy-ligoy pa at nag-usisa, "Saan nanggáling ang perang ipinambayad sa pagpapaospital ni Ama?"

"Kailan ba natin matatamasa ang hustisya?" tanong ni Mang Tino sa kaniyang mga kasama.
"Paano niya maitatanggi ang paratang sa kaniya?" pag-aalala ni Jose.

Gayundin sa mga tanong na nakapaloob sa panaklong at panakláw.

Napayuko na lámang siyá dahil sa narinig. (Ano pa ba ang kanilang magagawa para maisalba ang kapatid?)

"Walâ na ngang ibang dahilan," pagtatapos ni Renato sa usapan. [Gaano siyá kasigurado?]

12.3.2 Mga Tuwiran at Di-tuwirang Tanong. Ginagamit din ang pananong sa mga tuwirang tanong na matatagpuan sa pangungusap.

Káya ko kayâ ito? usisa niya sa sarili.

Makatakas kayâ ang mga kasáma? tanong sa kaniya ng kaibigan.

Bakit di siya takót? pagtataká ng batà sa kaniyang kalaro.

Ngunit hindi nilalagyan ng pananong kung ito ay di-tuwirang tanong.

Inusisa niya ang sarili kung káya niya ito.

Itinanong sa kaniya ng kaibigan kung makatatakas kayâ ang kanilang mga kasáma.

Nagtataka ang batà kung bakit hindi takót ang kaniyang kalaro.

12.3.3 Mga Pakiusap na Patanong. May mga pagkakataong tíla tanong ang mga pakiusap ngunit itinuturing ang mga ito na mga pangungusap na pautos kayâ nilalagyan ng tuldok.

Maaari bang ikuha mo ako ng baso.

Puwede ba na ikaw na ang mag-asikaso sa hiling niya.

12.4 TANDANG PADAMDAM. Ginagamit ang tandang padamdam sa mga pahayag na dulot ng bugso ng damdamin, sigaw, o pahayag na mapang-uyam.

Aray! Nasugatan ako! Kay laki ng ipinayat mo! Magsitigil kayo!

Tunay siyáng mapag-aruga. Aba'y paglakarin ba naman ang matanda sa init ng araw!

12.4.1 Relasyon sa Ibang Bantas. Katulad sa kaso ng tandang pananong, nananatili ang tandang padamdam sa mga pahayag na nakapaloob sa panipi, panaklong, at panakláw.

"Hindi ko na káya!" naibulalas niya nang makita ng ina. Tinatáyang limampung bangkay ang natagpuan sa nahulog na bus. (At patuloy pang nadaragdagan ang bílang!)

"Tamà bang siyá ang paboran niya!?" pagtatampo ni Jing sa ama.

12.4.2 Iwasan ang Doble o higit pang Padamdam. Sa pormal na sulatín, hindi gumagamit ng higit pa sa isang padamdam sa mga pahayag o pangungusap. Kailangan ang disiplinang ito para magpahayag sa pinakamaikli ngunit pinakamalinaw na paraan.

Ngunit sa mga islogan, karaniwang dinadamihan ang padamdam upang ipahiwatig ang marubdob na saloobin.

Welga! Welga!! Welga!!!

Doble-dobleng sarap!!!

12.5 TULDOK-KUWIT. Ginagamit ang **tuldók-kuwít** o **semikolon** (*semicolon*) tuwing paghihiwalayin ang mga sugnay na nakapag-iisa na walâng pang-ugnay. Bagaman maaaring gawing magkahiwalay na pangungusap ang mga sugnay na nakapag-iisa sa pamamagitan ng paggamit ng tuldok, mas naipakikita ang mas malapit na relasyon ng mga sugnay sa isa't isa kapag pinagsáma ang mga ito sa tambalang pangungusap at ginamitan ng tuldok-kuwit.

Napakalaking tulong sa kabuhayan ang padaláng salapi ng mga OFW; ngunit higit na tatatag ang kabuhayan kung magkakaroon ng sariling industriya ang mga tao.

Bagaman napakahusay magsalita ni Martin at maraming idea, hindi siya mahilig magbasá; sinasabi niyang ang mga pagkatutong ibinabahagi ay mulâ sa kaniyang karanasan.

12.5.1 Sa mga Komplikadong Serye sa Pangungusap. Ginagamit din ang tuldok-kuwit sa isang serye na lubhang komplikado at kinapapalooban ng maraming bantas.

Sa kaniyang sanaysay ay binanggit ni Almario ang mga dahilan ng kaniyang pagsusulong ng Filipinas: (1) ang Filipinas ang ibininyag ng Español na si Villalobos at nag-isa sa buong kapuluan, na siyá ring pangalang ginamit ng mga rebolusyonaryo hanggang sa proklamasyon ng kalayaan ng bansa noong 1898; (2) may baluktot sa magkaibang pagpapangalan sa bansa (Pilipinas) at sa wika (Filipino); at (3) ang Filipinas ay makapagpapagaan sa pagtuturo ng wika, pagtukoy sa mamamayan, at sa bansa.

Noong 2008, naitalâ sa Rehiyon IV-A ang pinakamaraming bílang ng mga namatay sa panganganak sa 232; sumunod ang Rehiyon VII, 181; NCR, 176; at Rehiyon III, 166.

12.5.2 Bago ang mga Pang-abay. Naglalagay ng tuldok-kuwit bago ang mga pang-abay na katulad ng **samakatwid**, **bagkus**, **gayon**, at **sa halip** kapag pinag-uugnay nitó ang dalawang sugnay na nakapag-iisa.

Hindi malinaw para sa mga bagong mag-aaral ang alituntunin sa wastong pananamit; samakatwid, kailangang ipaliwanag nang mabuti ng mga guro sa kanilang klase ang tungkol dito.

Nais ni Karen na bumili ng sarili niyang kotse; sa gayon, sinimulan niya ngayong mag-ipon.

Kailangan mong turuang makipagkapuwa ang kapatid mo; sa halip na ipagtatanggol mo pa sa mga nabubuwisit na kamag-aral.

12.5.3 Sa paghihiwalay ng mga Detalye. Gumagamit ng tuldok-kuwit upang paghiwalayin ang mga reperensiya kapag ang isa o higit pa sa mga reperensiya ay may ibang bantas panloob.

Hen. 2:3–6; 3:15, 17; 6:5, 14
Sebastian, p. 12; Panganiban, p. 3
San Juan p. 37–40; de Leon p. 93

12.5.4 Relasyon sa ibang Bantas. Laging isinusulat sa labas ng panipi o panaklong ang tuldok-kuwit. Kapag ang isang sipi ay nagtatapos sa isang tuldok-kuwit, inaalis ang tuldok-kuwit.

Nakakikiliti ng imahinasyon ang kuwentong "Unang Baboy sa Langit"; nakakukurot naman sa puso ang "Tuwing Sabado."

Hindi akalain ni Norma na mapapagod siyá nang husto (mali siyá ng pagtantiya sa distansiya); ngunit ayos lang para sa kaniya dahil natunaw ang kaniyang mga taba.

12.6 TUTULDOK. Ipinakikilála ng tutuldók (colon) ang listahan ng mga parirala, o pangungusap. Karaniwang naglalagay ng espasyo pagkatapos ng tutuldok kung ang listahang ipinakikilála ay nása kaparehong linya nitó.

Hindi makapili si Leo ng kasáma: si Piolo, si Dingdong, o si Derek?

Marami akong kailangang baguhin sa aking sarili: estilo ng pananamit, estilo ng buhok, at estilo ng pamumuhay.

Maraming maaaring mangyari kung mahúli kang nangongopya:
(1)Dalawang oras kang magwawalis ng kalsada;
(2)Magsusulat ka ng limanaang kopya ng "Hindi na ako mangongopya"; at
(3)Sanlinggo kang masususpinde.

12.6.1 Sa Pagsipi. Ginagamit din ang tutuldok bago ang pagsipi ng mga pahayag, o upang ipakilála ang mga pahayag.

Sa mga kataga ni Aling Sepa nagtatapos ang dula: "My parents ruined my life. Yours will not be ruined. I shall not let your father do it...." (Sinira ng aking mga ama ang aking buhay. Ang sa iyo'y hindi. Hindi ko hahayaang gawin iyon ng iyong ama....)

Maaari din ang ganitong pagsipi gamit ang tutuldok:

> Kabaligtaran nitó, ang teksto ni Abriol tungkol sa búhay ni Santa Rita ay waring umiiwas sa pagbanggit ng pambubugbog:
>
> Sa loob ng labingwalong taóng pagsasama nilá ay hapis at dalita ang tiniis niya sa kaniyang asawa. Subalit sa kaniyang walang humpay na dalangin at pagpapakasakit ay nagbalik-loob din ang lalaki bago ito napatay ng mga kaaway.

12.6.2 Sa Paglilista. Sa paglilista, kadalasang sinusundan ng tutuldok ang mga salitâng **halimbawa**, at **gaya ng sumusunod**.

> Maraming maaaring maipanregalo ngayong Pasko na kakasiya sa badyet, halimbawa:
> 1.mga panyong beynte piso ang presyo
> 2.wallet
> 3. libro sa yoga
>
> Ang tungkulin ng bagong sangay na Sangay ng Literatura at Araling Kultural ay gaya ng sumusunod:
> 1. pangangalap, pagrerepaso, at pag-aaral sa mga literatura at kulturang nasusulat sa Filipino at iba pang wika sa rehiyon, bukod sa mga nasusulat sa Ingles at iba pang internasyonal na wika;
> 2.pagbuo ng aklat, tsapbuk, teksbuk, at antolohiya ukol sa mga araling pangkultura kada taon; at
> 3.paghikayat sa mga Sentro ng Wika at Kultura na mag-ambag sa mga pananaliksik pangwika at pangkultura.

12.6.3 Sa Oras at sa Kabanata ng Bibliya. Ginagamit ang tutuldok sa pagsulat ng oras at ng kabanata sa Bibliya.

> Juan 3:16
>
> Kawikaan 7:18
>
> 7:30 nu
>
> 8:15 ng

12.6.4 Sa Sanggunian. Sa pagsulat ng sanggunian, ginagamit ang tutuldok sa pagitan ng pook na pinaglathalaan at ng pangalan ng naglathala ng aklat.

Almario, Virgilio S. *Filipino ng mga Filipino*. Lungsod Pasig: Anvil, 2009.
Barrantes, Vicente. *El Teatro Tagalo*. Madrid: 1889.
Eugenio, Damiana L. *Awit and Corrido: Philippine Metrical Romances*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1987.
Serrano Laktaw, Pedro. *Diccionario Tagalog-Hispano*. Maynila: 1914.

Ginagamit din ang tutuldok upang ihiwalay ang bílang ng tomo sa bílang ng pahina sa isang entri sa sanggunian.

Philippine Journal of Linguistics 3:15–33
Pandiwa 1: 21–25

Sa uri ng sanggunian na nása loob ng teksto, ginagamit ang tutuldok upang ihiwalay ang taón sa páhina ng aklat/sanggunian.

Ang tagpo ay mula sa salin ni Virgilio S. Almario (1998: 253– 254) sa *Noli Me Tangere* ni Jose Rizal. Katawa-tawang kalunos-lunos ang karakter ni Donya Consolacion na nagsala-salabid ang dila sa pagbigkas ng pangalan ng "p-bayan": Felifenas, Felipenas, Felipinas, Fele...File...gayong wala ni isa sa tinuran ang tama.

12.6.5 Sa mga Bahagi ng Liham. Sa korespondensiya, ginagamitan ng tutuldok ang batìng panimula, paglalakip, tawag-pansin, paksa, at notasyon ng binigyang-sipi sa mga opisyal o pormal na liham.

Mahal na Senador Legarda:

Kalakip: Borador ng Memorandum

Tawag-pansin: Francisco Bulalacao, EPS MAPEH
Nora Laguda, EPS Filipino

Paksa: Pagbuo ng Komite sa Pagrepaso at Pagsubaybay sa Proyekto

Binigyang-sipi:
John Enrico C. Torralba, SEN
Julio A. Ramos, SPP
Dr. Sheilee B. Vega, SSG

12.6.6 Treyser. Sa korespondensiya pa rin, tinatawag na **treyser** (*tracer*) ang mga inisyals na kumakatawan sa mga tao o opisinang pinagdaanan ng isang inihandang dokumento. Gumagamit ng tutuldok pagkatapos ng mga inisyals ng táong kasangkot sa transaksiyong ito. Násа malaking titik ang nagpahanda ng liham samantalang násа maliliit na titik ang nag-enkowd nitó. Pagkatapos ng mga inisyals, inilalagay din ang petsa na nasusulat sa bílang.

RTA:jag/01082014
PGD: sba/03212014
LEF:jic/02112014

May mga pagkakataóng ang inutusang maghanda ng liham ay iniutos din sa isa pang tao ang pag-eenkowd. Parehong malalaking titik ang inisyals ng mga nag-utos samantalang maliit ang para sa nag-enkowd. Kapag ganito ang naganap, ang naunang halimbawa ay magiging:

VSA:RTA:wml/01082014
RTA:JIC:pjt/02172014
LEF:JSR:eef/03252014

12.6.7 Iskrip. Karaniwang ginagamit sa pagsulat ng iskrip sa dulang pantanghalan, pambrodkast,at pampelikula, ang tutuldok pagkatapos ng pangalan ng tauhang magsasalita.

MENANGGUE: Ang kulasisi bagang bigay mó?
TOMING: At alin pa kundî itó.
MENANGGUE: Di kulasisi't k'wago
ó sabukot ang tingin ko.

12.7 PANIPI. Sa pangkalahatan, ginagamit ang panipi sa pagsipi o tuwirang pagpapasok sa isang pangungusap ng isa o mahigit na pahayag o pangungusap mula sa ibang nagsasalita o sanggunian. Halimbawa: Ipinahayag niya sa madla na "Ang balakid sa aking daan ay ipatatanggal ko." o kayâ: "Ang balakid sa aking daan ay ipatatanggal ko," pahayag niya.

Puntahan ang **seksiyong 16** para sa higit na detalyadong pagtalakay sa mga uri at gamit ng panipi.

12.8 GITLING. Ang **gitlíng** (*hyphen*) ay tanda upang paghiwalayin ang mga inuulit na salita o mga inuulit na pantig sa salita. Ginagamit din ito upang ihiwalay sa panlapi ang mga hiram na salitâng násа orihinal na baybay at ang mga pangngalang pantangi.

ano-ano
karapat-dapat
hali-halili
pare-pareho
mag-shake
nag-makeup
naka-Gucci
kontra-Marxismo

Para sa mas detalyadong pagtalakay sa naturang mga gamit ng gitling, tingnan ang **seksiyong 11**.

12.8.1 Paghihiwalay ng Numero. Ang gitling din ang ginagamit sa paghihiwalay ng mga pangkat ng numero sa telepono, ISBN, ID, at kauri.

236-7982 (numero ng telepono)
978-971-9901-78-2 (numero ng ISBN)
2006-75693 (numero ng ID)
449-179-631-000 (numero ng TIN)

12.8.2 Pagbabaybay. Ginagamit ang gitling sa pagbabaybay ng mga titik ng salita.

Ang Filipinas ay ibinabaybay na F-i-l-i-p-i-n-a-s o kayâ naman ay /kapital ef-ay-el-ay-pi-ay-en-ey-es/.

Ang Bukal Manleluag ay ibinabaybay na B-u-k-a-l M-a-n-l-e-l-u-a-g o kayâ naman ay /kapital bi-yu-key-ey-el kapital em-ey-en-el-yu-ey-dyi/.

Ang Cabo Engaño ay ibinabaybay na C-a-b-o E-n-g-a-ñ-o o kayâ naman ay /kapital si-ey-bi-o kapital i-en-dyi-ey-enye-o/.

12.8.3 Pananda ng Panlapi. Gitling ang pananda upang maláman kung ang panlapi ay unlapi, gitlapi, o hulapi.

nag- (unlapi)	**nag**basa
-in- (gitlapi)	g**in**awa
-han (hulapi)	una**han**
mag-+SU+-an (unlapi at hulapi)	**mag**sulat**an**

12.8.4 Senyas ng Naputol na Salita. Ginagamit ang gitling bílang senyas na naputol ang isang salita sa dulo ng isang linya at nása susunod na linya ang karugtong. Mahalaga na wasto ang pagpapantig sa naging pagputol sa salita sa dulo ng linya.

> Mainam ang sagot ng estudyante. Ngunit kailangang ipaliwa-nag ang ibig niyang sabihin sa pagbanggit sa mga Negrito bílang mga ninuno natin. Nangangahulugan ba na lahat ng mga Filipino sa kasalukuyan ay may dugo ng Negrito? O na-is lámang niyang idiin na mga Negrito ang unang nanirahan sa ating mga isla?

12.9 GATLANG EN. May dalawang uri ng **gatláng** (*dash*): ang gatlang en at gatlang em. Noong walâ pang computer, karaniwang ginagamit ang gitling sa gamit na para sa gatlang en. Ngunit ang gatlang en ay iba sa gitling at may mga tiyak na gamit. Ginagamit ang **gatlang en** upang katawanin sa simbolo ang salitâng "hanggang." Madalas itong ginagamit upang ipakita ang sinaklaw na ng oras, petsa, o datos pansanggunian.

1971–1986 (petsa)

9:00–11:00 (oras)

Taón II–IV (mga tomo ng jornal)

78–89 (mga pahina ng aklat)

Ginagamit din ang gatlang en sa mga panahong nagpapatuloy o hindi alam ang karugtong, gaya sa mga petsa ng kapanganakan at kamatayan (at walang impormasyon hinggil sa kamatayan).

10 Enero 1700– (hindi tiyak ang kamatayan)

Enero 1990– (hanggang ngayon)

9 Marso 1944–(hanggang ngayon)

14 Agosto 1991–(hanggang ngayon)

12.9.1 Gatlang en Para sa mga Lugar. Iminumungkahi na rin ang paggamit ng gatlang en upang katawanin ang salitâng "hanggang" sa binabanggit na mga lugar.

biyaheng Baguio–Sagada
dyip na dumadaan sa Cubao–Fairview
bus na Davao–Gen San

12.10 GATLANG EM. Samantalang ang primaryang gamit ng gatlang en ay upang kumatawan sa sagisag na "hanggang," ang gatlang em naman ay ginagamit upang magsaad ng pansamantalang pagtigil—sa pagbása o sa daloy ng idea—at sa pagdidiin sa paliwanag.

Huwag mong masamain ngunit— Patawad sa aming inasal da—

Hindi ko alam kung magagawa—ngunit ako'y umaasa—na mapagbigyan ang ating hiling.

Walang magagawa ang karamihan—kahit magplano silá nang masamâ—sapagkat makikita ng mga tao ang kabutihan ng planong ito.

12.10.1 Sa Pagsulat ng Diyalogo. May mga publikasyon ding ginagamit ang gatlang em sa pagsulat ng mga siniping teksto (kadalasan ay diyalogo).

—Sigurado ba siyáng hindi na siyá magpapahinga?
—Opo. Nabanggit niyang marami pa siyáng tatapusin sa opisina.

12.10.2 Gatlang 3 em sa Sanggunian. Bukod sa gatlang em, mayroon pang gatlang 3 em o tatlong gatlang em na sunod-sunod. Ginagamit ang gatlang 3 em sa listahan ng mga sanggunian o talasanggunian at may lahok na kasunod ng sangguniang mula sa iisang awtor.

Almario, Virgilio S. *Ang Pag-ibig sa Bayan ni Andres Bonifacio*. Maynila: UST Publishing House, 2012.
———. *Pag-unawa sa ating Pagtula*. Maynila: Anvil Publishing Inc., 2006.

12.11 PANAKLONG. Ginagamit ang panaklong o parentesis (parenthesis) upang ibukod sa iba pang bahagi ng pangungusap o talata ang isang idea, salita, pahayag, o pangungusap.

Sapagkat marami nang hinahamak sa lipunan (lalò't hindi maláy ang karamihan), kailangan ng maraming intelektuwal na tutulong sa kawawang bayan.

Ang buong paraan ng pagdaragdag sa kulang at bútas sa kasaysayan (ang tinatawag ng ibang kritiko na "mga puwang ng katahimikan") ay isang lehitimo at ordinaryong gawaing malikhain, at lalò na'y maaasahan mula sa hanay ng mga imbentor na Romansero.

12.11.1 Para sa Paglilinaw. Ginagamit ang panaklong para sa tamàng pagbigkas ng hiram na salita na ginamit sa orihinal nitóng anyo at para linawin ang orihinal na salita ng isang ginamit na salin o reispeling.

charade (sya•réyd)

May karbohaydreyt (carbohydrate) sa lupa

Ang gahúm (hegemony) sa lipunan

12.11.2 Sa Sanggunian. Sa sanggunian, ginagamit ang panaklong para sa pagtukoy ng awtor, páhiná, at taón sa mga tekstong ginagamit.

Sa Noceda at Sanlucar (1754), may ikalawang lahok ang "tocso" at may kahulugang "examinar preguntado" at may sinonimong "tanong."

May kasaysayan (Constantino, 88–93) na lubhang makadayuhan ang pananaw.

12.12 KUDLÍT. Ginagamit ang **kudlít** tuwing mayroong tinatanggal o ibinabawas na titik sa isang salita o numero.

"Naiinggit ako 'ka ko sa iba," sabi ni Al. "Sa 'yo halimbawa."

'Pinasundo na n'ya ang doktor.

12.12.1 Hindi Dapat Pagdikitin. May mga salita sa Filipino na sapagkat nakasanayang banggitin nang magkasunod ay inaakalang iisang salita lámang. Naisusulat halimbawa ang ilan nang ganito:

Ano bayan!

Sabagay, hindi ka nakikinig.

Ikaw batong nása larawan?

Ano kamo?

Naron na ang kukuha ng retrato.

Anong sabi mo?

Malaking di-pagkakaunawaan ang maidudulot ng ganitong kawalang-disiplina sa pagsulat. Aakalaing "bayan" ang nais sabihin sa unang halimbawa, nakaimbento ng salitâng "sabagay" sa Filipino sa ikalawa, "bato" ang nais sabihin sa ikatlo, mapagkakamalang panghalip na Sinaunang Tagalog ang "kamo," bagong salitâng Filipino ang "naron," at ipalalagay na may kakabit na pang-ukol ang "ano" sa "anong". Kontraksiyon ang lahat ng halimbawa at nangangailangan ng kudlit maliban sa ikalawa. Samantala, bukod sa kudlit, kailangan ding paghiwalayin ang mga salita sa una, ikatlo, at ikaapat na halimbawa. Mungkahing isulat ang mga ito sa sumusunod na paraan:

Ano **ba 'yan**!

Sa bagay, hindi ka nakikinig.

Ikaw **ba 'tong** násа larawan?

Ano **'ka mo**?

Naro'n na ang kukuha ng retrato.

Ano'ng sabi mo?

Para sa paggamit ng kudlit sa kontraksiyon ng "na" at "ang," tingnan ang **9.2**.

12.12.2 Kudlit sa mga pangalang banyaga. May mga pangalang banyaga rin na ginagamitan ng kudlit. Kailangang isaalang-alang kung walang espasyo at mga may malaking titik kung isinulat ang mga ito.

Sean O'Casey	Côte d'Ivoire
Eugene O'Neill	Côte d'Azur
Flannery O'Connor	Muang T'hai

Dapat ding pagtuunan ng pansin ang wastong anyo ng kudlít. Ayon sa *The Chicago Manual of Style* ika-16 edisyon, ang kudlít ay ang *right single quotation mark* (’). Akala ng karamihan ay ang "default undirectional mark" (U+0027) ang kudlít. Napagkakamalan ding kudlít ang *left single quotation mark* (‘) lalò na kung direktang ipinipindot ang isahang panipi na makikita sa keyboard. Dalawang beses na pindutin ang simbolo ng kudlit sa keyboard upang lumitaw sa itinitipa ang wastong anyo ng kudlít.

12.13 PANAKLÁW. Ang **panakláw** (*bracket*) ay ginagamit tuwing mayroong idinadagdag o binabago sa siniping orihinal na teksto ang editor o sinuman sa pangkat pang-editing maliban sa manunulat nitó. Magandang halimbawa ang muling paglilimbag ng mga akda ng Katipunan sa *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896)* ni Virgilio S. Almario:

> . . . Sapagkat waring pagsipi kay Balagtas ang hulíng dalawang saknong na panawagan sa Diyos, inisip kong hanapin ang nawawalang taludtod sa Florante at Laura. Hindi ako nagtagumpay sa naturang saliksik. Ngunit kung kukunin ang pamagat ng tula ay maaari itong ipasok sa patlang ng nawalang taludtod kasáma ang dagdag pang anim na pantig. Halimbawa'y sa ganitong paraan:
>
> Kupkupin mo nama't ituro ang landas
> ng katahimikan at magandang palad,
> [sa pakikibaka'y tapunan ng lingap]
> kaluluwa namin nang di mapahamak.

12.13.1 Sa Agham at Matematika. Ginagamit din sa Matematika ang panakláw, partikular sa Alhebra (set at *subset* na mga bílang).

5 + 6 [8 + (9 x 13)] = 755 [4 + 9 (3)] 5 = 155

12.14 PAHILÍG. Ang tinatawag na *slash* (/) at iminungkahing isalin sa **pahilíg** (mabilis ang bigkas) ay ginagamit para sa pagpapakita ng alternatibong elemento o ng pagpipilian. Kinakatawan din nitó ang pangatnig na "o."

babae/lalaki

at/o

doktor/a

Ginagamit din ang pahilíg sa mga parirala.

Kailangang ipakilala ang huwaran/ituro ang pinagbuhatan ng isang susing salita.

Hindi nila lubos maisip ang pagpapabaya ng mga kasáma/ pang-aabuso ng mga pinunò katulad ng naririnig nila sa iba.

Panatag si Mariano na papayag ang kaniyang asawa na silá ay magbakasyon sa isla/pumasyal sa panganay sa Amerika.

12.14.1 Saklaw ng Panahon. Sa halip na gatlang en, ginagamit din ang pahilíg sa mga petsa upang maipahiwatig ang saklaw ng panahong tinutukoy.

Nagpainit sa ulo ng mga tao ang balitang pagtaas ng singil sa koryente sa 2014/2015.

Nag-anunsiyo ang mga kompanya ng langis na magbababâ silá ng presyo ng petrolyo sa 25/26 ng Marso.

Sa pagitan ng 25/26 ang gagawing ulat ni Mateo kung kayâ pinaghahandaan niya ito nang mabuti.

12.14.2 Pagsulat ng Petsa. May anyo din ng pagsulat ng petsa (numeral) na ginagamitan ng pahilíg ngunit hindi iminumungkahing gamitin ang anyong ito sa pormal na pagsulat.

3/9/1944
9/11 bombing
11/8/2013
3/29/2014
7/23/2014

Sa treyser, katulad ng halimbawa sa **12.6.6**, ginagamit ang pahilíg bílang indikasyon na petsa ang kasunod ng inisyals ng nag-enkowd.

VSA:RTA:wml/01082014

12.14.3 Representasyon ng kada at bawat. Kinakatawan din ng pahilíg ang panghalip na "per," "kada," o "bawat." Ngunit muli, sa pormal na pagsulat ay hindi iminumungkahi ang paggamit nitó.

PHP0.45/kWh

PHP75.00/kopya

PHP120/piraso

PHP38/dosena

90 tao/km² (kilometro kuwadrado)

12.14.4 Sa Agham at Matematika. Mas madalas na makikita ang gamit ng pahilíg sa Agham at Matematika.

1 c = 299,792,458 m/s
1 J = 1 kg m2/s²
G = 6.67 x 10^{-11} N (m/kg²)

12.14.5 Sa Pagsipi ng Tula. Ginagamit ang pahilíg sa pagpapakita ng hatì ng mga taludtod sa mga sinisiping tula. Tandaan na may espasyo bago at pagkatapos ng pahilig.

> . . . Ang una'y maaaring kipilin na parang bugtong hinggil sa isang maasim na bungangkahoy: "masarap sa labas / masaklap pagkagat." Ang pangungusap mismo'y may panloob na sintunugan at maaaring basahing patula: "Tayo'y huag / mainaman sa balat / pagka't / di kinakain at / karaniwang magkalaman ng masaklap."

Gumagamit ng dalawang magkasunod na pahilíg (//) upang markahan ang katapusan ng una at ang simula ng ikalawa sa magkasunod na dalawang saknong na ginamit sa pagsipi.

> Kahit ang payo ni Balagtas laban sa "laki sa layaw" ay may kalakip na dahilang praktikal, gaya sa pagsasabing "at sa katuwaa'y kapag namihasa / kung lumaki'y walang hihinting ginhawa. // Sapagkat ang mundo'y bayan ng hinagpis, / nama-maya'y sukat tibayan ang dibdib...." Paano nga naman maa-aring mabuhay sa isang mundong maligalig ang isang tao na hindi marunong dumanas ng hirap?

12.14.6 Sa URL ng Website. Sa internet URL, ginagamit din ang pahilíg.

http://www.kwf.gov.ph/mga-sangay/
http://www.kwf.gov.ph/salin-na-2014-bukas-na-sa-mga-lahok/

12.15 ELIPSIS. Ang **elípsis** (*ellipsis*) ay kinatawan ng mga nakaltas na salita, parirala, linya, o pahayag sa isang sinisiping teksto nang hindi nagbabago o nawawala ang kahulugan nitó. Kinakatawan ito ng tatlong tuldok na may patlang bago at pagkaraan ng bawat isa (. . .), at maaaring pangunahan o sundan ng ibang bantas. Halimbawa, ang mga pahayag na ito:

> Personal ang aking pagsasalin, noon pa at hanggang ngayon, sa dahilan at sa proseso. Anuman ang sabihin ng iba, kung gusto ko ang isang akda, kanino mang akda, isinasalin ko, at sa paraang gusto ko.

ay maaaring paikliin sa ganitong paraan at ipakatawan sa mga elipsis ang kinaltas na mga bahagi ng pangungusap:

> Personal ang aking pagsasalin . . . sa dahilan at proseso. Anuman ang sabihin ng iba, kung gusto ko ang isang akda . . .isinasalin ko, at sa paraang gusto ko.

Gayunman, kailangang tiyakin ng sumisipi na hindi nalalayô sa orihinal ang kahulugan ng sinipi.

12.15.1 Apat na Tuldok. Naglalagay ng tuldok bago ang elipsis upang ipahiwatig na tinanggal ang hulíng bahagi ng pangungusap. Sa biglang malas, tila ito apat na tuldok. Ngunit ang unang tuldok sa ganitong elipsis ay nakadikit sa sinundang salita upang ipahiwatig na ang dulo ng pangungusap ang pinutol.

> Personal ang aking pagsasalin. . . . Anuman ang sabihin ng iba, kung gusto ko ang isang akda . . . isinasalin ko, at sa paraang gusto ko.

Nagkakaroon din ng apat na tuldok sa kaso ng tinanggal na unang bahagi ng pangungusap. Ngunit nakadikit ang ikaapat na tuldok sa kasunod na salita, na kailangang simulan sa malaking titik kung isang pangungusap ang sumusunod sa elipsis. Maaari ding lagyan ng panaklaw ang isinamalaking titik upang ipahiwatig na maliit na titik ito sa orihinal na pangungusap.

> Personal ang aking pagsasalin . . . sa dahilan at proseso. . . . [K]ung gusto ko ang isang akda . . . isinasalin ko, at sa paraang gusto ko.

12.15.2 Sa Pagsipi ng Tula. Sa pagsipi ng mga linya ng tula, hindi maiiwasang ibawas dito ang mga hindi kailangang teksto. Sa pagkakataóng ganito, maglagay ng serye ng mga tuldok (at espasyo) na kapantay ng hulíng linyang sinipi.

Opkors, Nakakain ang F (sipi) ni Richard Gappi

Ito ang food tulad ng french fries at fruit juice
sa mga fastfood chain na nag-ooffer din ng fish fillet at fettucine.
Ito ang fagfagto sa Igorot na ritwal ng kalalakihan sa Bontoc
bilang pasasalamat sa masaganang ani ng kamote,
. . . . . .

Ito ang fabanga ng mga Tiruray na 'uri ng anting-
anting na itinatali sa baywang upang palakasin ang
pag-iisip. Ito ang factory sa Ingles para sa pabrika. Ito
ang fair na pook bentahan ng iba't ibang bilihin.
Ito ang faith para sa buong tiwala at pananalig at relihiyon, sa
faith-healer o sa fakang na para sa mga Tiruray
ay ang anting-anting na inilalagay sa lupa
upang malaman o makilala ang magnanakaw.

12.16 PANAKLANG. Ang **panaklang** na mungkahing salin para sa *angle bracket* ay simbolo sa matematika para sa mas higit sa (>) o mas mababà sa (<). Karaniwan ding ginagamit ang panaklang sa pagsulat ng URL o upang ibukod ang email adres sa iba pang bahagi ng pangungusap.

<komfil@kwf.gov.ph>
<vsalmario@gmail.com>

12.17 Mahigit Isang Bantas. Malimit maganap ang magkasunod na dalawang bantas sa kaso ng panipi, gatlang em, panaklong, at panaklaw kasáma ng mga tuldok, kuwit, tuldok-kuwit, tutuldok, tandang pananong, o tandang padamdam. Natalakay na ang maraming ganitong kaso sa nakaraang mga tuntunin. Pangwakas na tagubilin: Isa lámang ang tuldok na kailangan para magwakas ang isang pangungusap. Kung may pahayag na may tuldok at sinundan ng kuwit, kapuwa isulat ang tuldok at ang kuwit.

Lilibot si RR sa U.S., Brit., at Ita.

Lagyan mo ng ibid., pagkatapos, mga páhinang ginamit ang talababang ito.

12.18 Isang Font sa mga Bantas. Lahat ng bantas ay kailangang gamitan ng isang font— romano o italiko—na katulad ng nakapaligid na teksto, maliban sa bantas na kasáma ng pamagat o ng isang pahayag na padamdam na naiiba ang font.

12.19 YUNIKOWD NG BANTAS. Ang **Yunikowd** (*Unicode*) ang unibersal na sistema ng pagsasakodigo para sa bawat karakter na matatagpuan sa computer. Ito ang estandardisadong identidad na numeriko (*numeric identity*) ng bawat titik, simbolo, at bantas na ginagamit sa computer o word processor. Makatutulong ang pagtukoy sa yunikowd ng mga bantas upang mas mapadali ang pagiging estandardisado ng mga anyo at porma ng mga bantas na ginagamit.

BANTAS	SIMBOLO	UNICODE NUMBER	Shortcut Key
tuldok	.	U+002E	(násа keyboard)
gituldok	•	U+00B7	Alt+0183
kuwít	,	U+002C	(násа keyboard)
pananong	?	U+003F	Shift+(pahilíg)
padamdam	!	U+0021	Shift+1
tuldok-kuwit	;	U+003B	(násа keyboard)
tutuldok	:	U+003A	Shift+(tuldok-kuwit)
paniping isahan (*single quotation mark*)	‘ ’	U+2018 (left single quotation mark); U+2019 (right single quotation mark)	left single quotation mark (násа keyboard); right single quotation mark (Ctrl+double click ‘)
paniping dalawahan (*double quotation mark*)	“ ”	U+201C (left double quotation mark); U+201D (right double quotation mark)	Shift+(‘) (left double quotation mark) Shift+(double click ‘) (right double quotation mark)
gitling	-	U+002D	(násа keyboard)
gatlang en	–	U+2013	Alt+0150
gatlang em	—	U+2014	Alt+0151
panaklong	()	U+0028 (left parenthesis) U+0029 (right parenthesis)	Shift+9 (left parenthesis) Shift+0 (right parenthesis)
kudlít	’	U+2019 (kapareho ng right single quotation mark)	Ctrl+(double click ‘)
panaklaw	[ ]	U+005B (Left square bracket) U+005D (Right square bracket)	(násа keyboard)
pahilíg	/	U+002F	(násа keyboard)
elipsis	. . .	U+2026	Alt+Ctrl+(tuldok)
panaklang	‹›	U+003C (Left) U+003E(Right)	(násа keyboard)

13 MGA BÍLANG

Pinakamalaking suliranin sa pagbílang ang kung kailan ito isusulat sa numeral o kung kailan isusulat na pabaybay. Sa kásong ito, higit na mahalaga ang konsistensi kaysa pagpapagaan sa pagbása. Higit na nakahilig sa pagsulat sa numeral ang mga sulating siyentipiko at teknikal. Subalit hindi pa rin napapalitan ang ilang tradisyonal na pagsulat ng bílang sa paraang pabaybay sa mga akdang pampanitikan. Narito ang ilang pangkalahatang patnubay batay sa mga praktika ng mga pangunahing lathalaan.

13.1 Numeral vs. Pabaybay. Ang pangkalahatang tuntúnin, sa mga hindi teknikal na gamit, binabaybay ang bílang mulâ zero hanggang sandaan.

Bumili si Rolly ng limang pirasong papel.

May bagong lipat na walumpu't siyam na estudyante mula Leyte.

Nagpagawa ang punong-guro ng limampu't limang silya.

May proyekto ang pamahalaan na dalawampung gusali para sa mga publikong paaralán.

13.2 Alternatibong Tuntúnin. Para sa mga publikasyon, kasáma na ang mga sulatíng siyentipiko at pamperyodismo, sundin ang sumusunod na simpleng tuntúnin: Baybayín ang isang dihitong bílang at isulat naman sa numeral ang mulâ sampu pataas. Ito ang ginagamit ng mga peryodiko at iminumungkahing mas praktikal na gamitin.

Nagtalaga ng tatlong reporter ang diyaryo para sa pista ng Quiapo.

May 10 bangkay pang hindî nakukuha mulâ sa lumubog na barko.

Nakatakdang ipalimbag ang 55 aklát ng aming tanggapan.

13.3 Malaking Bílang at Halaga. Kapag ang bílang ay sinusundan ng binaybay ding "daan," "libo," at "daang libo" (maliban sa sulatíng pang-agham) baybayín ang bílang, eksakto man itó ó pagtantiya lámang.

Nakapulot siyá ng sandaang piso sa daan.

Siningil niyá si Zenny ng walong daang libong pisong utang nitó.

Násа limampu't isang libong katao ang inaasahang walâng trabaho sa aming lalawigan.

Binabaybay ang numero na sinusundan ng "milyon," "bilyon," at mas malaki pa kung eksakto at isinusulat sa numeral ang malalaking bílang na hindi eksakto o may daming praksiyonal (sundin ang alternatibong tuntunin).

Isang milyong botante ang kailangan niyáng suyuin para iboto siyá.

Ang walong milyong mamamayan ay umaasa sa mga pangako ng pamahalaan.

May 210 bilyong piso siyang deposito sa bangko.

Tinatáyang 12.5 milyon ang mamamayang walâng trabaho.

Sa malalaking halaga ng salapi, karaniwang isinusulat sa numeral ang halaga.

Pumirma ng walong taóng kontrata sa ABS-CBN si Kris Aquino sa halagang 12 milyong piso.

Nanalo si Jomar sa lotto ng 63 milyong piso.

Karaniwan sa mga foreclosed na bahay sa Urdaneta Village ay mahigit 20 milyong piso.

Sa kasong pampinansiya, isinusulat sa numeral ang halaga at tinutumbasan ang libo ng letrang K.

Ibinebenta ng SMDC ang bawat condo unit sa halagang PHP375K.

13.4 Pangungusap na Nagsisimula sa Numero. Baybayín ang numero kung itó ay simula ng pangungusap, kulang man ó mahigit sandaan, gayundin kung nagsisimula itó sa taón. Ang higit na mainam, iwasang magsimula ng pangungusap sa bílang. Halimbawa, ang pangungusap na "13 pasahero ang namatay sa aksidente" ay iminumungkahing baguhin sa sumusunod na paraan:

May 13 pasaherong namatay sa aksidente.

Ayon sa balita, 13 ang namatay sa aksidente.

Namatay sa aksidente ang 13 pasahero.

Kung ang pangungusap ay nagsisimula sa numeral at sinusundan ng ibá pang numero, baybayín lámang ang una.

Sa isang daang nagsipagtapos, 51 ang kumuha ng kursong edukasyon.

Sampu ang inahin ko, 12 ang tandang, at 34 ang dumalaga.

13.5 Mga Ordinal. Baybayín nang buo kapag hindî ginamitan ng gitling pagkatapos ng ika o pang, ngunit maglagay ng gitling pagkatapos ng **ika-** o **pang-** kung susundan ng numeral.

Ang anák niyá ang panlima sa kanilang klase.

Kuwento ng kaniyang anak ay pang-20 siyá sa kanilang klase.

Násа ikaapat na baitang na ang anák ni Lourdes.

Hindî akó nakasisiguro kung ika-10 nga ba siyá sa listahan ó ika-17.

13.6 Konsistensi at Pleksibilidad sa Gamit. Kapag maraming numero sa isang talata o mga talata, panatilihin ang konsistensi alinsunod sa gamit. Baybayín ang naunang íilan at sulátin ang kasunod, ngunit kapag malaking bílang at taón ang magkasunod, kapuwa isulat sa numeral ang mga ito.

Sa mga bagong gusali, tatlo ang may 120 palapag, lima ang may 50, at ilang dosena ang may 5 o 7, alinsunod sa mungkahi ng inhenyero.

Násа pagitan ng 1,900 at 2,100 ang mga táong nanood sa konsiyerto ni Sarah.

Kalagitnaan ng ikalabinsiyam na dantaon nang ang populasyon ng bansa ay biglang tumaas mulâ 75,000 noong 1855 sa 1.3 milyon noong 1900.

Upang maiwasan ang mabigat sa paningin na pagbaybay sa marami't sunod-sunod na bílang, iminumungkahing isulat sa numeral ang mga ito sa halip na baybayín.

13.7 Mga Kantidad na Pisikal. Sa pangkalahatan, ang distansiya, habà, lawak, sukat, atbp sa hindi teknikal na sulatin ay karaniwang sumusunod sa pangkalahatang tuntunin.

Sa loob ng sampung minuto ay bumaba ang temperatura niya sa tatlumpung digri.

Tinakbo lámang niya ng apatnapung minuto ang dalawang kilometro.

Marami sa mga kaklase niya ang naglalakad pa ng limang kilometro pagpasok sa paaralan.

Ang ilang uri ng kantidad kapag teknikal ay karaniwang isinusulat nang numeral.

Bumili siya ng 25 watt bombilya.

Nagpapahanap siya sa tindera ng size 14 sando.

Ang bayarin nila sa tubig ay 25 cu. meter.

Minana niya sa kaniyang mga magulang ang 10 ektaryang lupain.

13.8 Mga Praksiyon. Baybayín kung simpleng praksiyon lámang para mas madalîng basahin. Sa ibang kaso, mas mainam na isulat sa numeral.

Ang kalahati ng kanilang lote ay naipagbili ng kaniyang mga magulang.

Nagpakuha ang kanilang guro nang sangkapat na bahagi ng papel.

Nainom na niyá ang sangkatlong bahagi ng kaniyang gamot sa ubo.

Ang tatlongkapat ng klase ay umayon sa panukala ng kanilang pangulo.

May taas si Judy na 5 talampakan at 5¼ pulgada. Nagprint siya ng liham sa 8½" x 11" bond paper.

13.9 Praksiyong Desimal at Paggamit ng Zero. Ang malakí at komplikadong mga praksiyon ay buong isinusulat sa numeral. Kapag kulang itó sa isá (1.00), nilalagyan itó ng zero bago ang puntong desimal upang higit na madalîng basáhin, lalo na sa mga pahayag na teknikal at siyentipiko.

Mabilis niyáng natukoy ang sagót ng pangalawang bílang at ito'y may mean na 0.37.

Katumbas sa 0.028 o 2.8% ang tinubò niyá sa kaniyang negosyo.

Bumabâ ang bagsak sa nakaraang taón mulâng 2.5% sa 0.85.

May ilang kaso rin sa estadistika na hindî na isinusulat ang zero bago ang puntong desimal.

p <.15
R =.20
.01 o .05 *level of significance*

Hindî na isinusulat ang zero sa pagtukoy ng klase ng baril.

Nahúli ang may daláng kalibre .22 sa loob ng bag.

Pinaghinalaan ang nakatirá sa bahay na may di-rehistradong kalibre .38.

Ginagamit madalas sa pangangaso ang .357 magnum revolver.

Ngunit kung layon na basáhin ito sa paraang ninanais, mainam na baybayín ang uri ng baril.

May sukbit siyáng kuwarenta y singko paglabas ng bahay.

Nakitahan si Kiko ng beynte dos.

Nakuha ang beynte singko kay Lester nang hulíhin siyá ng mga pulis.

13.10 Salapî. Batay sa pangkalahatang tuntúnin, baybayín ang mga buông halaga hanggang sandaan.

Ang pitumpu't limang sentimo noon ay malaking halaga na.

Hanggang sekundarya, ang báon ko ay limang piso.

Nagkakahalaga ang tsinelas ng dalawampung piso.

May natitiráng pitumpu't apat na piso sa kaniyang pitaka.

Kapag isinulat sa numeral ang halaga, dapat na may puntong desimal at mga zero ito. Iminumungkahi ring gamitin ang simbolong **PHP** para sa salapi ng Filipinas sang-ayon sa International Organization for Standardization (ISO 4217) Code para sa mga salapi.

PHP20.00
PHP74.00
PHP100.00

Kung itó ay hindi uri ng salapi (*currency*) ng ating bansa, tiyakin kung saang bansa itó at karaniwang sinusulat na nauuna ang simbolo sa numeral. Ngunit tiyakin din ang nakagawiang paraan ng ibang uri ng salapi sapagkat may maliliit na halagang hulí ang simbolo nilá sa numeral.

C$300 o Can$300 (Canadian Dollars)
NZ$750 (New Zealand Dollars)
£15 (British pounds)
SF 65.50 (Swiss francs)
£10 15s. 6d. (British, ten pounds, 15 shillings, at sixpence)

13.11 Mga Bahagi ng Aklat. Isulat ang numero kapag tinutukoy ang pahina, kabanata, bahagi, taón o tomo, at ibang bahagi sa aklát, gayundin kapag tinutukoy ang mga ilustrasyon ó talahanayan.

Binása ko ang Kabanata I, pahina 9–20 ng Banaag at Sikat.

Sinagutan niya ang mga pagsasanay sa pahina 138–141.

Mali ang larawan sa Ilustrasyon 1 at mga datos sa Talahanayan 7 ng sangguniang aklat.

Ang mga preliminaryong páhina ng aklát ay isinusulat sa arabe ngunit sa maliliit na tipo, samantalang sa romano namán ang sumusunod na mga pahina.

Ang pambungad ng aklat ay nása pahina iii–vi, samantalang matatagpuan sa pahina vii ang pagkilála at pasasalamat.

Kadalasang ibinibilang na páhina i ang pahinang pampamagat ngunit hindi na ito inilalagay sa mismong pahina.

Sa Bibliya, isinusulat sa numero ang mga kabanata at talata, na may tutuldok sa pagitan.

Mga Gawa 27:1

Exodus 20:3–17

2 Corinthians 11:29–50

13.12 Mga Bahagi ng Peryodikal. Ang mga sangguniang peryodikal na gaya ng jornal, magasin, diyaryo, at kauri ay isinusulat sa numerong arabe ang taón o tomo, bílang ng isyu, petsa ng paglabas, mga pahina, at sa ganito ring pagkakasunod-sunod. Hindî na kailangang lagyan ng panandang **Taón** at **pahina**, bagaman inilalagay ang daglat na **blg.** bago ang aktuwal na numeral para sa bílang ng isyu.

Nabása ko ang kaniyang artikulo sa *Pandiwa: Lathalaan ng mga Wikà at Kultura* 1, blg. 1 (2013): 1-23.

Tinalakay sa *The Manila Chronicle 15th Anniversary Edition* (1960) ang tabako bílang pangunahing produktong agrikultural ng Ilocos.

Mababása ang isang pag-aaral sa Alim ng mga Ifugaw sa *Humanities Diliman* 10, blg. 1 (2013).

13.13 Mga Bahagi ng Legal na Dokumento. Kapag tumutukoy sa batas, promulgasyon, ordenansa, at iba pang katulad, alinman sa dalawa—arabe at romano—ay maaaring gamitin.

Batas Republika Blg. 9994

Barangay Ordinance Blg. I

Kautusang Pangkagawaran Blg. 34, s. 2013

Proklamasyon Blg. 12

Kautusang Tagapagpaganap Blg. 263

13.14 Taón sa Petsa. Isinusulat ang taón sa numeral, maliban kung itó ay nása unahán ng pangungusap na kailangang baybayín.

Napakamakasaysayan sa mga taga-Leyte at Samar ang 2013. Sa 2017, plano ng aming pamilya na manirahan sa probinsiya.

Dalawang libo't labintatlo nang una siyáng nakauwi sa lalawigan ng Samar.

Kapag ginamit ang dinaglat na anyo ng taón, ang unang dalawang numero ay sinasagisag ng kudlit.

Siyá ay mulâ sa klase ng '92.

Hindî niyá makalilimutan ang karanasan sa Alay Lakad '99.

13.15 Kompletong Petsa. May dalawang paraan ng pagsulat sa kompletong petsa: ang lumang sistemang buwan-araw-taón, gaya sa "Marso 9, 1944" at ang bagong araw-buwan-taón, gaya sa "9 Marso 1944." Matipid ang ikalawa dahil walâ nang kuwit at mainam sa tekstong maraming kompletong petsa. Kapag walâng tiyak na araw at buwan at taón lámang ang isusulat, hindi na kailangan ang kuwit, gaya sa "Marso 1944."

Noong 23 Mayo 2003 ang una niyang luwas sa Maynilà.

Isinilang siyá noong 9 Pebrero.

Kapag araw lámang ang binanggit at walâng buwan at taón, binabaybay ang araw.

Sa beynte dos ang alis niya.

Tuwing a kinse at katapusan siya sumusuweldo.

Sa beynte otso siya magdiriwang ng kaarawan.

13.16 Siglo at dekada. Ang isang tiyak na siglo ay binabaybay at sa maliit na letra.

Ganap nang maunlad ang kanilang bansa sa ikadalawampu't isang siglo.

Mula ikasiyam hanggang ikalabindalawang siglo ay mabilis ang pag-unlad ng bansa.

Dumating ang mga Español sa bansa noong ikalabing-anim na siglo.

Maáaring baybayín o sulátin sa numeral ang dekada. Binabaybay ito sa maliit na titik. Maaaring ang tiyak na dekada lámang ang isulat sa numeral kung isang dekada ito sa nakaraan o kasalukuyang siglo; kailangang isulat ang buong taón kung mahigit isang siglo na ang nakalilipas.

Sikát noong sisenta ang maluluwang na laylayan ng pantalon.

Popular noong mga dekada 80 at 90 sina Sharon at Maricel.

Umigting ang damdaming makabayan noong mga dekada1880 at 1890.

13.17 Mahabàng Panahon. Sa kasalukuyan, ginagamit para saklawin ang dalawang mahabàng panahon ng mundo sa mga daglat ng Ingles na BC (*Before Christ*) at ng Latin na AD (*Anno Domini*). Isinusulat ang mga ito pagkatapos ng numero ng taón, sa malaking titik, at walang tuldok. Pababâ ang bílang ng taón sa BC at pataas ang bílang ng taón sa AD.

5,000 BC
1250 AD
1500–1320 BC
1250–1621 AD

13.18 Petsang Numero Lahat. Para makatipid, ginagamit sa impormal na sulatín ang petsang numero lahat, na maaaring hinahati sa pahilíg (9/3/44) o sa gitling (9-3-44). Hindi ito dapat gamitin sa pormal na sulatín, bagaman ipinahihintulot ang pagdaglat sa buwan (9 Mar 44) sa talahanayan para makatipid ng espasyo.

13.19 Sistemang IOS. Iminumungkahi ng International Organization for Standardization (IOS) ang pagsulat nang buong numeral sa sistemang taón-buwan-araw at ginagamitan ng gitling. Buong isinusulat ang taón, buwan, at araw. Kung isang dihito lámang ang araw at buwan, nilalagyan ng zero sa unahan ng numero. Mabisà ang ganitong sistema dahil napagsusunod-sunod ang mga ito sa *electronic file*.

Disyembre 27, 2013 magiging **2013-12-27**
Enero 7, 2014 magiging **2014-01-07**
Marso 29, 2014 magiging **2014-03-29**
Abril 2, 2014 magiging **2014-04-02**

13.20 Oras. Isinusulat sa numero ang kompletong oras na sinusundan ng mga inisyals na **nu** (ng umaga), **nh** (ng hapon), at **ng** (ng gabi). Gamitan ng gitling upang ihiwalay ang numero sa oras at kung ikinakabit sa **ika-** at **ala(s)**.

7 nu, ika-7:00 nu, ngunit **ikapito ng umaga**
9 ng, alas-9:00 ng, ngunit **ikasiyam ng gabi**
5 nh, ika-5:00 nh, ngunit **alas-singko ng hapon**
1 nh, ika-1:00 nh, ngunit **ala-una ng hapon**

13.21 Oras Militar. Sa militar, dahil alinsunod ang oras sa dalawampu't apat na sistema ng bílang, apat na dihito ang ginagamit na walâng anumang bantas sa pagitan ng oras at minuto.

0630—ika-6:30 nu
1200—tanghal
1515—ika-3:15 nh
1738—ika-5:38 nh
2400—hatinggabi

13.22 Pangalang may Kasámang Bílang. Bílang romano ang ginagamit kakabit sa mga pangalan kung nais ibukod ang pangalan ng isa sa naunang kapangalan ngunit hindi na kailangang lagyan ng kuwit pagkatapos ng pangalan.

Haring Felipe II
Papa Benedict XVI
Benigno Aquino III
Tirso Cruz III

Bílang romano din ang ginagamit upang tukuyin ang karugtong na bahagi ng isang nobela o isang pelikula o/at upang mapagbukod ang dalawang pamagat na may iisang paksa.

Ang Tanging Ina I; Ang Tanging Ina II
Godfather II; Godfather III

Ginagamit din ang bílang romano sa mga sasakyang panlupa at pantubig samantalang bílang arabe naman sa mga sasakyang panghimpapawid.

Maharlika I
M/V Catalina II
Bluebird 4
C130

13.23 Bílang ng Serye. Binabaybay ang bílang upang ipakita ang pagkakasunod ng mga yugto, gaya sa pamahalaan at iba pang samahán o organisasyon.

Ikalabintatlong Kongreso
Ikalabing-anim na Republika
Ikatlong Presinto
Ikasiyam na Sangay ng Pambatasan

13.24 Adres. Ginagamit ang bílang arabe sa pagtukoy ng mga kalye, malaking kalsada, gusali, at mga apartment.

5th Avenue
Km. 501
Platinum 2000
Robinsons Tower 1

Kapag ang tinutukoy sa adres ay ang mismong gusali, binabaybay ito.

One IBM Plaza
One Hundred One Lake Shore Drive

13.25 Bantas sa Pagsulat na Numeral. Kapag pasulat ang pagbibiláng, naglalagay ng kuwit mulâ sa sanlibo pataas sa pagitan ng ikatlo at ikaapat na dihito mulâ sa kanan. Ngunit sa mga pahina, adres, siryal (gaya ng tiket, sedula, atbp.) at taón ay hindi na kailangan ang paglalagay ng kuwit, maliban kung limang dihito na ang taón.

1,234
5,678
1,234,567
1610 J.P. Laurel St., San Miguel, Maynilà

May pagkakataón na ibang bantas ang ginagamit gaya ng gitling, panaklong, atbp.

CFL-376-7
KWF-10-056
(049) 536-2862
736-2519

Ginagamit ang gatlang en sa pagitan ng dalawang numero o mga numero at sa pagsaklaw ng mga taón, upang ipakahulugang **mula** at **hanggang sa** o mga saklaw

na bílang/taón. Ngunit kapag binaybay ang numero, hanggang sa halip na gatlang ang ginagamit. Maaari ding ipahayag ang saklaw na dami o panahon sa tulong ng **at** kahit nakasulat ang mga ito sa numero.

2004–2010
FY 2013–2014 (o 2013/14)
FY 2013–14
noong 1981–1985
115 BC–10 AD
mulang apat hanggang anim na pahina
naghari sa mga taóng 1542 at 1543

13.26 Wastong Baybay ng mga Bílang. Ang sumusunod ang listahan ng wastong baybay ng mga bilang. Sa pangkalahatan, sa mga pangkat ng sampu, idinidikit ang salitâng "pu" sa mga bilang isa hanggang siyam kasáma ang pang-ukol na "na" kung kaya ang "isa+na+pu" ay nagiging sampu, at ang "dalawa+na+pu" ay nagiging dalawampu. Samantala sa mga pangkat ng isang daan, hindi idinidikit ang pang-ukol na "na" at salitâng "daan" sa bilang isa hanggang siyam.

Bílang	Baybay	Bílang	Baybay	Bílang	Baybay
1	isa	10	sampu	100	isang daan
2	dalawa	20	dalawampu	200	dalawang daan
3	tatlo	30	tatlumpu	300	tatlong daan
4	apat	40	apatnapu	400	apat na daan
5	lima	50	limampu	500	limang daan
6	anim	60	animnapu	600	anim na daan
7	pitó	70	pitumpu	700	pitóng daan
8	walo	80	walumpu	800	walong daan
9	siyam	90	siyamnapu	900	siyam na daan

13.27 Bílang Romano. Ganito ang pangkalahatang tuntúnin sa pagsulat ng bílang romano: Kapag ang isang letra ay nauna sa letrang may mataas na katumbas, ito ay pagbabawas; kapag sumunod ang isang letra sa mas mataas na katumbas, ito ay pagdaragdag. Maaaring sulatín sa maliliit na letra ang bílang romano (i, ii, iii, iv, atbp).

Arabe	Romano	Arabe	Romano	Arabe	Romano
1	I	17	XVII	200	CC
2	II	18	XVIII	300	CCC
3	III	19	XIX	400	CD
4	IV	20	XX	500	D
5	V	21	XXI	600	DC
6	VI	22	XXII	700	DCC
7	VII	23	XXIII	800	DCCC
8	VIII	24	XXIV	900	CM
9	IX	30	XXX	1,000	M
10	X	40	XL	2,000	MM
11	XI	50	L	3,000	MMM
12	XII	60	LX	4,000	MV
13	XIII	70	LXX	5,000	$\overline{V}$
14	XIV	80	LXXX	10,000	$\overline{X}$
15	XV	90	XC	100,000	$\overline{C}$
16	XVI	100	C	1,000,000	$\overline{M}$

14 MGA PANGALAN AT KATAWAGAN

May mga padron ang paraan ng pagsulat ng mga pangalan at katawagan kung kailan dapat simulan sa malaking titik ang mga ito at kung kailan dapat simulan sa maliit na titik. Gayundin ang masasabi sa mga pangalan ng samahan, ahensiya, korporasyon, at sangay ng gobyerno, mga pangalan ng pook at pangyayari, at mga pangalan ng makabuluhang bagay at malikhaing akda. Mahalaga ang pagsisimula sa malaking titik upang magpakita ng paggálang. Ngunit may kilusan kamakailan tungo sa pagdisiplina sa lubhang mapagmalabís na paggamit ng malaking titik.

14.1 PANGNGALANG PANTANGI. Nagsisimula sa malaking titik ang mga pangngalang pantangi, lalò na ang mga pangalan ng tao at pook. Ngunit may ilang pagkakataon na hindi lahat ng sangkap ng halimbawa'y buong pangalan ng tao ang sinisimulan sa malalaking titik.

14.2 Pangalan ng Tao. Mainam na pag-aralan muna kung paano o ano ang popular nang gamit o baybay sa mga pangalan ng tao. Isinusulat sa malaking titik ang bawat unang titik ng bahagi ng pangalan ng tao (unang pangalan, gitnang pangalan, at apelyido), ito man ay totoong tao o kathang-isip lámang.

Jose Rizal
Lope K. Santos
Crisostomo Ibarra
Arcadio Polintan
Leoncio Santos

Ang mga **de**, **de la**, **dela**, o **de las** sa apelyido ay isinusulat sa maliit na titik maliban kung nása unahan ng pangungusap.

Juan dela Cruz; dela Cruz
Jose Corazon de Jesus; de Jesus
Dela Cruz ang isa sa pinakapopular na apelyido.

Sa mga apelyidong may gitling o ekstensiyon, ang unang titik ng bawat apelyido ay isinusulat sa malaking titik. Ginagamit ang dalawang apelyido kung apelyido lámang ang babanggitin. Ang mga ekstensiyon namang **Jr.** at **Sr.** ay isinusulat kasunod ng apelyido. (Karaniwang isinusulat ang mga ekstensiyong Jr. at Sr. kasunod ng kuwit matapos ang apelyido. Iminumungkahing alisin na ang naturang kuwit.) Tinatanggal ang mga ekstensiyon kung apelyido lámang ang gagamitin.

Miriam Defensor-Santiago; Defensor-Santiago
Pura Santillan-Castrense; Santillan-Castrense
Cesar S. Peralejo Jr.; Peralejo
Fernando Poe Sr.; Poe

14.3 Opisyal na Pangalan at Pamagat. Isinusulat sa malaking titik ang simula ng mga opisyal na pangalan ng katungkulan. Kung may nakasanayan nang daglat, isinusulat nang dinaglat ang opisyal na pangalan ng katungkulan kapag kasunod ang buong pangalan ng opisyal. Isinusulat naman nang buo ang opisyal na pangalan ng katungkulan kapag kasáma lámang ang apelyido ng opisyal.

Sen. Loren Legarda; Senador Legarda
Dir. Ponciano Pineda; Direktor Pineda
Kal. Armin Luistro; Kalihim Luistro
Kom. Orlando Magno; Komisyoner Magno
Gob. Pablo Tecson; Gobernador Tecson
Prop. Jomar I. Cañega; Propesor Cañega

Gayundin ang mga pantawag ng paggálang sa pribadong mamamayan. Dinadaglat ito kapag nása unahan ng buong pangalan at isinusulat nang buo kapag ang kasáma ay apelyido lámang.

G. Enrico Reyes
Ginoong Reyes
Bb. Sandor Abad
Binibining Abad
Gng. Engracia Flores
Ginang Flores

Ngunit isinusulat sa maliit na titik ang mga katungkulan kung walang kasámang pangalan ang mga ito:

Dumalaw ang propesor sa tahanan ng estudyante.

Tumulong ang gobernador sa mga nasalanta ng bagyo.

Natanggap ng kalihim ang liham.

Nagtungo ang komisyoner sa bahay ng manunulat.

Sinisimulan din sa malaking titik ang mga pangalan ng bathala o mga katawagang naglalarawan dito, at mga pangalan ng mga propeta, santo, at iba pang mahalagang nilaláng sa relihiyon.

Hesus
Allah
Muhammad
Amansinaya
Idyanale
Buddha
Espiritu Santo
Birheng Maria

14.4 Pangalan ng Organisasyon. Isinusulat sa malaking titik ang simula ng mga pangalan ng kapisanan, ahensiya o tanggapan ng pamahalaan, at kompanya at mga sangay nitó.

GUMIL Filipinas
Pambansang Kapisanan ng Magsasaka
Komisyon sa Wikang Filipino
Kagawaran ng Ugnayang Panlabas
Kawanihan ng Pagsusulong sa Pamahalaang Lokal
Development Bank of the Philippines
Jollibee
Unilever

Isinusulat din sa malaking titik ang simula ng mga pangalan ng relihiyon, organisasyong panrelihiyon, pook sambahan, mga pangalan ng kasulatan at dasal.

Katolisismo
Katoliko Romano
Islam
Protestantismo
Protestante

Order of Preachers
Opus Dei
Mecca
Gintong Masjid
Diyosesis ng Imus

ang Bibliya
Vedas

Aba Ginoong Maria
Ama Namin

14.5 Palayaw o Bansag. Isinusulat sa malaking titik ang simula ng palayaw o bansag sa tao, sa pangyayari, at sa pook.

Ama ng Balarilang Tagalog (Lope K. Santos)
Ilaw ng Tahanan (ang ina)
Unang Hari ng Balagtasan (Jose Corazon de Jesus)
Sisne ng Panginay (Francisco Balagtas)
Araw ng mga Puso (Pebrero 14)
Buwan ng Wika (Agosto ng bawat taón)
Lalawigan ng Bayani't Bulaklak (Bulacan)
Perlas ng Silangan (Filipinas)
Lungsod ng Pino (Lungsod Baguio)

14.6 Nasyonalidad at Pangkating Etniko. Isinusulat sa malaking titik ang simula ng pangalan ng nasyon, lahi, at grupong etniko

Filipino; lahing Filipino; panitikang Filipino; wikang Filipino
Itneg; telang Itneg
Mëranaw; tradisyong Mëranaw
Filipino-Amerikano
Filipino-Nihonggo

ngunit isinusulat sa maliit na titik ang nasyon o grupong etnikong pinagpangalanan sa tradisyonal o popular na damit, pagkain, at katulad.

barong tagalog
sukàng iloko
bikol express
french fries
parmesan cheese
shiraz
tsoriso de bilbao
hamón serrano
puto biñan
longganisang vigan
bagoong balayan

14.7 Pangalang Heograpiko. Isinusulat sa malaking titik ang simula ng mga pangalan ng pook o lugar, mga pangalan ng anyong lupa at tubig, mga politikal o heograpikong dibisyon, at pati ang mga panuring na kakabit ng mga ito.

Filipinas
Kanlurang Dagat Filipinas
Islang Kalayaan
Administratibong Rehiyong Cordillera (CAR)
Lungsod Tacloban
Ilog Cagayan
Bulkang Taal
Timog-Silangang Asia
Gitnang-Silangan (Middle East)
Kalakhang Maynila
Talong Pagsanghan
Tropikong Kanser

Sa kasalukuyan, may dalawang paraan ng pagsulat para sa opisyal na pangalan ng pook, daan o kalye, at anyong tubig at anyong lupa—may "ng" at walâng "ng". Iminumungkahing tanggalin na ang "ng" bílang pangatnig, lalò na upang makatipid ng espasyo.

Lungsod Quezon sa halip na "Lungsod ng Quezon"
Lalawigang Rizal sa halip na "Lalawigan ng Rizal"
Bundok Apo sa halip na "Bundok ng Apo"
Karagatang Pasipiko sa halip na "Karagatan ng Pasipiko"
Rehiyong Bikol sa halip na "Rehiyon ng Bikol"
Lawang Taal sa halip na "Lawa ng Taal"
Ilog Pasig sa halip na "Ilog ng Pasig"
Paliparang GenSan sa halip na "Paliparan ng GenSan"
Bayang San Miguel sa halip na "Bayan ng San Miguel"
Barangay Salakot sa halip na "Barangay ng Salakot"
Lansangang Talavera–San Jose sa halip na "Lansangan ng Talavera–San Jose"
Daang T.M. Kalaw sa halip na "Daan ng T.M. Kalaw"

14.8 Mga Pista't Pagdiriwang Pangkasaysayan. Isinusulat sa malaking titik ang simula ng mga katawagang pangkasaysayan at mga pangalan ng pista at pagdiriwang;

Ikalawang Digmaang Pandaigdig
Pagsuko sa Bataan (*Fall of Bataan*)
Rebolusyong 1896

Araw ng mga Bayani
Pasko
Araw ng Kalayaan
Mahal na Araw

14.9 Mga Konseptong Akademiko. Isinusulat sa malaking titik ang simula ng mga akademikong konsepto at kaisipang siyentipiko, lalò't hango sa pangngalang pantangi.

Rizalista (Rizal)
Balagtasismo; ngunit "balagtasan" (Balagtas)
Marxismo (Karl Marx)
Dadaismo (sa sining biswal)
Colorum (rebeldeng pangkat) ngunit "kolorum" (sasakyang walang prangkisa)
Teoryang Big Bang
Panahong Paleolitiko
Panahon ng Yelo
Alzheimer

gayundin ang mga opisyal na pangalan ng kursong akademiko o asignatura;

AB Political Science
Malikhaing Pagsulat sa Filipino
Araling Filipino

gayundin ang mga parangal at titulong akademiko.

Orden ng Pambansang Alagad ng Sining
Pambansang Siyentista
Professor Emeritus
Pambansang Alagad ni Balagtas
Gawad Pedro Bukaneg
Makata ng Taon 2013
Ten Outstanding Young Men
Dangal ng Lahi
Order of Sikatuna

14.10 Mga Dokumento at Pamagat ng Likhang Sining. Isinusulat sa malaking titik ang simula ng mga pangalan ng batas.

Konstitusyong 1987
Bill of Rights

Batas Pangkababaihan
Batas Republika blg. 9994
Deklarasyon ng Kalayaan ng Filipinas

Ang mga pamagat ng opisyal na panunumpa.

Panunumpa sa Watawat
Panatang Makabayan

Ang mga pamagat ng malikhaing obra.

Ang Walong Diwata ng Pagkahulog, akda ni Edgar C. Samar
Isa Lang ang Pangalan, aklat ng tula ni Rebecca Añonuevo
Ikatlong Bagting: Koleksiyon ng mga Tula ng LIRA
Daluyong, nobela ni Lazaro Francisco
Ngayon at Kailanman, Mga Piling Awitin ni Basil Valdez
"Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan," tula ni Amado V. Hernandez
"Si Pagong at si Matsing," kuwentong-bayan

14.11 Mga Pangalang Meteorolohiko. Isinusulat sa malaking titik ang simula ng mga pangalang meteorolohiko at mga pangalang nagtatakda ng panahon.

Lunes
Sabado
Setyembre
Abril
Yolanda (bagyo)
Ondoy (bagyo)
Balatik (konstelasyon)
Venus (planeta)
Black Hole
Milky Way

14.12 Mga Tatak ng Produkto. Isinusulat sa malaking titik ang simula ng mga pangalan ng produkto, mga tatak o brandname, at trademark.

Discovery
Concorde
Xerox
Colgate
Mucosolvan

14.13 Mga Pangalan ng Sasakyan. Isinusulat sa malaking titik ang simula ng mga pangalan ng sasakyan. Ang mga pangalan ng sasakyang-dagat ay isinusulat ang simula sa malaking titik at italiko.

Boeing 747
Light Rail Transit
MV Princess of the Stars

14.14 Di-karaniwang Baybay ng Pangalan. May mga kompanya o institusyong may kakaibang pangalan. Ang mga pangalang ganito ay hindi dapat baguhin sa pagsulat, kahit mailagay sa unahan ng pangungusap. Ngunit, iminumungkahi na iwasang mailagay sa simula ng pangungusap ang mga pangngalang pantangi na nagsisimula sa maliliit na titik.

Saatchi & Saatchi
LiquidPost
PostManila
FusionWorks
98B
iPod
eBay
GlaxoSmithKline

Nais niyang iregalo sa anak ang iPod.

sa halip na

iPod ang nais niyang iregalo sa anak.

Sinangguni niya ang eBay sa pagbili ng cellphone.

sa halip na

eBay ang sinangguni niya sa pagbili ng cellphone.

14.15 PANGNGALANG PAMBALANA. Isinusulat sa maliit na titik ang mga pangngalang pambalana maliban kung nása unahan ng pangungusap.

Imbitado ang ama at ina.
Ama lang ang imbitado.

sapatos
Sapatos ko ang ginamit mo.

tindera
Tindera ka ba?

oksiheno
Oksiheno ang laman ng tangke.

kayumanggi
Kayumanggi ang balát mo.

14.16 Katawagang Pampamilya. Karaniwang násа maliit na titik ang katawagang pampamilya, maliban kung tumutukoy sa isang tiyak na tao.

Imbitado ang ama at ina.

Pupunta ka ba, Ama?

Itanong mo kay Ina.

Darating din ang mga tita at tito mo.

Darating ba si Tita Lorna?

14.17 Espesyal na Gamit ng Pangngalang Pambalana. May mga espesyal na pagkakataóng isinusulat sa malaking titik ang ang simula ng pangngalang pambalana, gaya sa tayutay na panawagan o apostrope, personipikasyon, pangalan ng tauhang alegoriko, at katulad na gamit pampanitikan.

O! Ilaw sa gabing madilim.

Darating tiyak si Kamatayan.

Nasaan ka, Bituin?

Umiyak si Matsing nang malinlang ni Pagong.

Humanda sa Bagyo ang mga Laki-sa-Layaw.

May mga manunulat na hindi ito ginagawa at isinusulat sa maliit titik kahit ang bagay na ginagamitan ng personipikasyon.

Nagtago sa ulap si bituin.

Humalik sa ningas ang gamugamo.

14.18 ITALIKO O ROMANO? Bukod sa malaki o maliit na panimulang titik, may mga tradisyon din kung kailan italiko o romano ang pagsulat sa mga pangalan. Gayunman, maaaring lumikha ng pansariling tuntunin kung kailangan. Halimbawa, sa librong ito, romano (Times New Roman) ang paraan ng pagsulat sa mga halimbawa bagaman mas maliit ang tipo kaysa pangunahing teksto. Italiko naman ang paraan ng pagsulat sa anumang dagdag na impormasyon o komentaryo hinggil sa halimbawa. Ngunit nababaligtad ito. Kapag nakasulat sa italiko ang halimbawa, ang komentaryo hinggil dito ay nása romano.

14.19 Pamagat ng Kaso. Isinusulat ang simula ng mga pangalan sa pamagat ng kaso sa malaking titik; ang pamagat, kasáma ang v. o vs. (versus) ay italiko. May lathalaang isinusulat ang v o vs nang wala nang tuldok. Tingnan din ang naiibang praktika sa **17.20**.

Antonio Lejano vs. People of the Philippines
Atty. Romulo B. Macalintal vs. Presidential Electoral Tribunal
People of the Philippines vs. Paulino Naparan
Geronimo Manalo vs. Oscar Calderon

14.20 Pangalang Siyentipiko. Sa taksonomiya, ang genus ng isang organismo ay isinusulat ang simula sa malaking titik at italiko; ang specie, isinusulat sa maliit na titik at italiko din. Maaari ding daglatin ang genus.

Draco rizali; *D. rizali* (isang uri ng bayawak)
Apogania rizali; *A. rizali* (isang uri ng kulisap)
Sus philippensis; *S. philippensis* (uri ng baboy-damo na taal sa bansa)

Kapag gumamit ng mga daglat na **var.** (variety), **subsp.** (subspecie), at **f.** (family) ang mga binomial na pangalan ng specie, hindi isinasáma sa italiko ang mga ito.

Musa campestris var. *campestris* (isang uri ng saging)
Sus philippensis subsp. *mindanensis* (varyant ng baboy-damo na matatagpuan sa Visayas at Mindanao)
Rafflesia arnoldii f. *araceae* (Rafflesia)

Ang pangalan ng táong nakatuklas sa isang specie ay inilalagay sa dulo ng pangalan ng kaniyang tuklas. Isinusulat ito sa romano.

Euanthe sanderiana (Rchb. f.) S.
Tarsius syrichta L.

Ang pangalan ng specie na bunga ng dalawang specie ay isinasagisag ng × (simbolo ng multiplikasyon) upang ipakita ang magkaibang pangalan ng dalawang specie.

Nepenthes alata × *N. mirabilis* (pagtatagpo ng espesipiko)
Nepenthes × *mirabilata* (pangalang haybrid)

Ang mga dibisyong mataas kaysa genus at specie, gaya ng phylum at class, ay isinusulat nang romano at nag-uumpisa sa malaking titik.

Chordata (phylum)
Mammalia (class)
Primates (order)

14.21 Gene at Enzyme. Isinusulat nang italiko ang mga gene at enzyme. Kailangang panatilihin kung paano isinulat ang mga gene at enzyme dahil ito ay mga kodigo. Nakasulat sa malalaking titik ang mga gene ng tao at iba pang hayop. Nakasulat naman sa malaking titik ang umpisa lámang ng gene ng mga daga. Para sa iba pang organismo, ang mga itsura ng kodigo ay iba't iba.

SLC11A1	(halimbawa ng gene ng tao)
p53	(isang uri ng protina)
Sma1	(halimbawa ng enzyme)
Kpn1	(halimbawa ng enzyme)
Hind3	(halimbawa ng enzyme)

14.22 Pangalan ng Sakit. Isinusulat nang italiko ang mga pangalan ng organismong nagdudulot ng sakit o impeksiyon.

Plasmodium falciparum (pangalan ng parasito ng sakit na malarya)
Rubella (pangalan ng virus na nagdadala ng tigdas)
Mycobacterium tuberculosis (pangunahing sanhi ng tuberkulosis)

14.23 Pamagat ng Malikhaing Gawain. Karaniwan, gaya ng makikita sa **seksiyong 14.10**, ang mga mahabàng akda (nobela, aklat ng tula, tatlong yugtong dula, isang yugtong dula, opera, pelikula) ay isinusulat nang italiko; samantalang romano ang mga maikling akda (maikling kuwento, at tula) at nilalagyan ng panipi.

Ang mga pamagat ng aklat at peryodikal ay italiko, ang mga artikulo, kabanata, at iba pang maiikling bahagi ay romano at ginagamitan ng panipi.

UP Diksiyonaryong Filipino
Margosatubig
Ang Rebolusyong Filipino
Pagbalik sang Babaylan
Philippine Daily Inquirer
"Ang Kuwintas" (pamagat ng maikling kuwento"
"Mag-usap Tayo" (pamagat ng kolum)
"Panahon ng Kolonyalismong Espanyol" (pamagat ng artikulo)
"Pagsasanay" (pamagat ng bahagi ng artikulo)

Ang mga terminong pambungad, panimula, pangwakas, apendise, glosaryo, indeks, at sanggunian ay isinusulat sa maliit na titik lámang kung hindi naman itinuturing na pang-ulo (*heading*). Gayundin ang mga terminong kabanata, talahanayan (*table*), at pigura.

Mahabà ang isinulat na pambungad ng may-akda.
Marami siyáng ginamit bílang sanggunian sa kaniyang sanaysay.
Nakapaloob ang ideang ito sa kabanata 5.

Ang mga pamagat ng pelikula, programa sa telebisyon at radyo, at mga serye nitó ay isinusulat nang italiko. Ngunit ang mga pangalan ng network, tsanel, o estasyon ng radyo ay isinusulat sa malaking titik lámang.

TV Patrol
Eat Bulaga
ABS-CBN
GMA 7
DZRH
DZBB

Idinawit ang pangalan ng isang reporter ng DZBB sa isyu ng pork barrel scam dahil sa pagtanggap niya ng pera sa National Agribusiness Corporation.

Maaari ninyong mapanood ang interbiyu kay Tagapangulong Virgilio S. Almario sa *Headstart* ni Karen Davila sa ABS-CBN News Channel.

Ang mga pamagat ng pintura, eskultura, at ibang sining biswal ay isinusulat nang italiko.

Ang *El Fuego* ay ipininta ni Lorenzo Guerrero.
Likha ni Guillermo Tolentino ang *Oblation*.
Saan maaaring hanapin ang *Ang Magbabayo* ni Vicente Manansala?

14.24 PANGNGALANG TAMBALAN AT MAY GITLING. Narito ang tradisyonal na mga tuntunin sa mga pangngalang pantangi, tambalan o parirala, at nagigitlingan: (1) Laging isulat sa malaking titik ang simula ng unang sangkap; (2) isulat din sa malaking titik ang simula ng sumunod na sangkap maliban kung panghalip, pantukoy, pang-ugnay, at katulad (ang, na, ngunit, ukol, sa) o panuring na gaya ng *flat* at *sharp* kasunod ng simbolo ng key sa musika; (3) kung ang unang sangkap ay isang unlapi o anumang pambuo ng pinagsámang anyo at hindi makatatayông mag-isa bílang isang salita (de, pang, pre, kontra, atbp), huwag isulat sa malaking titik ang kasunod na sangkap maliban kung isang pangngalang pantangi o pang-uring pantangi ito. (4) Huwag sundin ang mga naturang tuntunin kung may lumilitaw na ibang problema.

Samahang Walang-Iwanan
Sari-Sari Store
Tulay-na-Bato
Mga Kuwentong Paiyakan-at-Bakbakan
kilusang kontra-Marcos
anti-kolera

15 DAGLAT, INISYALS, AT AKRONIM

Sa kabuuan, ang lahat ng pagpapaikli sa mga pangngalan, pangalan man, titulo, o pantawag, ay tinatawag na **daglát** o **abrebyasyon** (*abbreviation*). Gayunman, ang pagsulat lámang sa unang titik ng unang pangalan at/o apelyido ay higit na tinatawag na **inísyals** (nása anyong maramihan, dahil karaniwan itong binubuo ng dalawa o mahigit na titik). Samantala, ang mga inisyals ng pangalan ng kompanya, samahan, at katulad ay tinatawag na **ákroním**. Ang pagpapaikli sa pamamagitan ng pag-aalis ng isa o mahigit na pantig ay tinatawag na **kontraksiyón**.

15.1 PANGALAN NG TAO. Kapag buong pangalan ng tao ang dadaglatin, isinusulat ang inisyals sa malalaking titik nang walang tuldok at walang puwang sa pagitan ng mga titik. Kung ang una at gitnang pangalan lámang, ito ay isinusulat sa malaking titik at nilalagyan ng tuldok. Iminumungkahing alisan ng puwang ang pagitan ng tuldok sa unang titik at ng ikalawang titik bagaman may puwang ang pagitan ng tuldok sa ikalawang titik at ng apelyido.

Alejandro G. Abadilla; AGA
Manuel L. Quezon; MLQ
Lope K. Santos; L.K. Santos
Claro M. Recto; C.M. Recto

15.2 Igálang ang Panggitnang Inisyals. Pag-ingatan at igálang ang personal na paraan ng pagsulat ng panggitnang inisyals dahil maaaring may kabuluhan ito sa may-ari ng pangalan. Walang paliwanag sa panggitnang mga titik sa buong pangalan nina "**Petronilo Bn Daroy**" at "**Ponciano BP Pineda**" ngunit hindi ginagalaw ang naturang mga anyo kahit ngayong namatay na ang mga may-ari. Sa kabilâng dako, ang panggitnang inisyals sa "**Iñigo Ed. Regalado**" ay napakahalaga sapagkat kapag inalis ay maaaring mapagkamalang sa ama niyang si "**Iñigo Regalado**" na isa ring bantog na manunulat. Laging tinitiyak na nakasaad ang panggitnang inisyals ni National Artist **Ildefonso P. Santos** upang hindi mapagkamalang ang ama niya at bantog ding makatang si **Ildefonso Santos**.

15.3 Panatilihin ang mga unang inisyals. May estilo sa Ingles na isulat na lámang ang apelyido pagkatapos maisaad nang buo ang pangalan ng isang tao. Halimbawa, "Smith" ang ikalawang banggit sa loob ng isang akda pagkatapos maisulat ang "William Smith." Maaaring gawin ito sa mga pangalan ng bayani at ikoniko at walang ibang kapangalan. Halimbawa, "Rizal" pagkatapos banggitin si "Jose Rizal." Ngunit hindi iminumungkahing maging pangkalahatang estilo ito. Mapanganib ito kapag ginawa sa halimbawa'y kaso ng mag-ama at kapuwa bantog na mga manunulat na Iñigo Regalado dahil ang "**Regalado**" ay hindi matitiyak kung kay Iñigo Regalado (ama) o kay Iñigo Ed. Regalado. Napakaraming sikát na may apelyidong **Santos**,

Reyes, at **Cruz**. Kayâ hindi maaaring isulat nang "Santos" lámang ang pangalan ni Lope K. Santos at kailangan kahit paano ang L.K. Santos, dahil maaari ding ibigay ang banggit na "Santos" kina Ildefonso Santos, Epifanio de los Santos, Jose P. Santos, Francisco Santos, Teodorico C. Santos, Ramon Santos, o kay Jesus "Jess" Santos, atbp.

Iminumungkahi sa gayon na panatilihin ang mga inisyals ng una at/o panggitnang pangalan kasáma ng apelyido sa mga muling pagbanggit sa pangalan ng isang tao sa loob ng isang teksto. Ipinapayo din na kapag isang mahabàng akda ang nasasangkot na may iba't ibang kabanata, nakabubuti na ang buong pangalan ng isang binanggit nang pangalan ng tao ay ulitin sa ibang kabanata upang makatulong sa pagpapagunita sa kaniya sa mambabasá. Ang totoo, maliban sa pagtitipid ng espasyo ay walâ namang batas laban sa muling pagbanggit sa buong pangalan ng isang tao sa loob ng isang artikulo.

15.4 Titulo o Katungkulan. Tulad sa isinaad na sa **seksiyong 14.3**, ang mga titulo at pantawag sa unahan ng pangalan ng tao ay dinadaglat at may tuldok kapag sinusundan ng buong pangalan; hindi dinadaglat kapag apelyido lámang ang kasunod.

Sen. Loren Legarda; Senador Legarda
Prop. Wilbert Lamarca; Propesor Lamarca
Snr. Maria Dulce Roxas; Senyora Roxas
Dr. Purificacion Delima; Doktor Delima
Kgg. Maria Serena Diokno; Kagalang-Galang Diokno
Gob. Hen. Narciso Claveria; Gobernador Heneral Claveria
Ten. Victor Carpio; Tenyente Carpio
Reb. Juan Dilag; Reberendo Dilag

15.5 Ekstensiyon sa Pangalan. Ang mga ekstensiyon sa pangalan na Jr., Sr., at romanong numeral ay laging nakadaglat kapag nakakabit sa pangalan ng tao. Gayundin ang mga titulong akademiko at parangal na may tradisyonal nang paraan ng daglat ay ikinakabit sa paraang tulad ng ekstensiyon ng pangalan ngunit walâ nang tuldok. Nilalagyan ng kuwit pagkatapos ng pangalan tuwing ikinakabit ang titulong akademiko.

Phillip Kimpo Jr.
Haring Felipe II
Purificacion Delima, PhD (*philosophiae doctor* o *doctor of philosophy*)
Teodoro T. Katigbak, MBA (*master of business administration*)
Gilbert Neri, LLB (*legum baccalaureaus* o *bachelor of laws*)
Bienvenido Lumbera, NA (National Artist o Pambansang Alagad ng Sining)

15.6 Pangalan ng Banal. May daglat na ang tawag sa mga banal na tao sa Kristiyanismo. Ngunit binubuo ang naturang mga tawag kapag nakapaloob ang mga ito sa opisyal na pangalan ng isang pook o institusyon.

Sn. Nicolas; Parokyang San Nicolas
Sto. Tomas; Unibersidad ng Santo Tomas
Sta. Isabel; Kolehiyo ng Santa Isabel

15.7 Daglat na Alyas. Hindi nadadaglat ang alyas at sagisag panulat. Kahit daglat ang alyas, isulat ito alinsunod sa ninais na anyo ng may-ari ng alyas.

Plaridel (alyas ni Marcelo H. del Pilar at mula sa "del Pilar")
Doveglion (daglat ng Dove-eagle-lion at alyas ni Jose Garcia Villa)
Rio Alma (alyas ni Virgilio S. Almario at mula sa "Almario")
Agap-ito Bagumbayan (alyas ni Andres Bonifacio)

15.8 PANGALAN NG KAPISANAN. Katulad ng sa pangalan ng tao, ang mga pangalan ng ahensiya at organisasyon ay maaaring daglatin sa pamamagitan ng inisyals at akronim. Tradisyonal na unang mga titik ng buong pangalan ang ginagamit at násа malalaking titik, ngunit marami nang kataliwasang nagaganap sa kasalukuyan. Malimit na hindi pagtitipid lámang sa espasyo ang layunin sa pagdaglat kundi maging ang pagbuo ng anyo na madalîng bigkasin at madalîng tandaan.

KKK	Kataas-taasang Kagalang-galang Katipunan
ASEAN	Association of Southeast Asian Nations
KWF	Komisyon sa Wikang Filipino
PGH	Philippine General Hospital
FIT	Filipinas Institute of Translation, Inc.
UMPIL	Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas
Lakas	Lakas ng Bayan
Sangfil	Sanggunian ng mga Kagawaran ng Filipino
Pag-IBIG	Pagtutulungan Ikaw, Bangko, Industriya, at Gobyerno
PAGASA	Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration

15.9 Daglat na Org at Korp. Kung hindi inisyals o akronim, karaniwang dinadaglat ang mga pangalan ng pangkat, organisasyon, at/o korporasyon sa pamamagitan ng pagkuha sa unang tatlo o apat na letra nitó o sa pamamagitan ng tatlo o apat na letrang maaaring kumatawan dito. Bagaman maaaring sumobra sa apat at magmula sa dulo ng pangalan, gaya ng "Pinóy" na kontraksiyong nagmula sa hulíng dalawang pantig ng "Pilipíno/ Filipíno" at ng "Kanô" na mula sa dulong mga pantig ng "Amerikáno."

Nangyayari din na nakapagsasarili ang daglat at kayâ hindi na kailangan ang tuldok. Ang "korp," "ink," at "org" ay nakapagsasarili na ngayon bílang mga salita at nilalagyan lámang ng tuldok kapag bahagi ng pangalan ng isang pormal o legal na kapisanan at nakasulat sa malaking titik.

korp (korporasyon)
ink (inkorporada)
org (organisasyon)

McDo (McDonald's)
Ustê (Unibersidad ng Santo Tomas)
Taté (United States of America)

15.10 KATAWAGANG TEKNIKAL AT SIYENTIPIKO. May mga malaganap nang paraan ng pagdaglat sa mga katawagang teknikal at siyentipiko sa Ingles. Malimit na násа maliit na titik ang mga ito at walâng tuldok, gaya ng "m" para sa *meter*, "hr" para sa *hour*, "kg" para sa *kilogram*, "min" para sa *minute*. Dahil kaanyo din ng Ingles ang ginagamit sa Filipino, maaaring gamitin ang ilan sa mga ito, gaya ng "m" para sa **metro**, "kg" para sa **kilogramo**, "min" para sa **minuto**. Ngunit may ilang nangangailangan ng pagbabago, gaya ng "sec" para sa *second* sa Ingles na kailangang gawing "seg" para sa **segundo**; "ft" para sa *feet* sa Ingles na kailangang gawing "p" para sa **piye**; "in" para sa *inch* sa Ingles na kailangang gawing "pul" para sa **pulgada**. Tandaan din na ang lahat ng daglat para sa yunit ng panukat ay ginagamit sa isa at higit sa isang yunit. Narito pa ang ilang halimbawang daglat na may malaganap nang gamit sa Filipino:

g (gramo)
km (kilometro)
sm (sentimetro)
L (litro)
kw (kilowatt)
tal (talahanayan)
pig (pigura)
dr (drowing)
hal (halimbawa)
prog (programa)
atbp (at iba pa)
sk (sirka)

15.11 Daglat mulang Latin. May mga katawagang Latin na ginagamit hanggang ngayon sa mga saliksik at pormal na sulatin. Pinananatili ang nakagawiang anyo ng daglat mula sa Latin, na malimit násа maliit na titik, romano (maliban sa gamit pantalababa na karaniwang italiko), at may tuldok. Hindi na iminumungkahi ang paggamit ng loc. cit. dahil malimit na mahirap hanapin ang tinutukoy kapag násа loob ng isang makapal na aklat at napakalayò na sa ginawang muling pagtukoy.

ab init.	(*ab initio*, mula sa simula)
ad inf.	(*ad infinitum*, hanggang walang-hanggan)
ad lib.	(*ad libitum*, sa sariling kusa)
e.g.	(*exempli gratia*, halimbawa, at iba sa i.e.)
et al.	(*et alii* o *et alia*, at iba pa, karaniwang ginagamit sa mga tao)
etc.	(*et cetera*, at iba pa, karaniwang ginagamit sa mga bagay)
ibid.	(*ibidem*, sa nabanggit ding pook)
id.	(*idem*, katulad)
i.e.	(*id est*, gaya sa, at iba sa e.g.)
in pr.	(*in principio*, sa simula)
loc. cit.	(*loco citato*, sa pook na nabanggit na)
non seq.	(*non sequitur*, hindi nangangahulugang kaalinsunod)
NB, n.b.	(*nota bene*, bigyan ng maingat na pansin)
ob.	(*obit*, namatay)
op. cit.	(*opera citato*, násа akdang binanggit na)
q.v.	(*quod vide*, na tingnan sa, ginagamit lámang bílang pantulong na pagsangguni **pagkatapos** ng katawagang binanggit)
sic	(sa gayong paraan, walâng tuldok dahil hindi ito daglat, karaniwang nais ipahiwatig na isinulat nang walang pagbabago ang isang sinipi o binanggit na salita)
vs	(*versus*, laban sa/kay, ang v.ay lagi ring ginagamit sa kasong legal)

15.12 Daglat sa Kemikal. Ang mga kemikal ay may nakatakda nang daglat. Ito ay nakasulat nang isa, dalawa, o higit pang letra at hindi nilalagyan ng tuldok. Ang unang letra nitó ay nakasulat sa malaking titik.

C	carbon
H	hydrogen
Na	sodium
Cl	chlorine

15.13 Daglat sa Oras. Sa pagsulat ng oras, iminumungkahi ng gabay na ito na isulat ang daglat sa maliliit na titik at walang tuldok kapag kasunod ng numeral na oras.

7 nu ika-7 ng umaga
12 nu ika-12 ng umaga
2 nh ika-2 ng hapon
5 nh ika-5 ng hapon
7 ng ika-7 ng gabi
12 ng ika-12 ng hatinggabi

15.14 Daglat sa Araw at Buwan. Para sa daglat ng araw sa isang linggo at mga buwan sa isang taon, gamitin ang unang tatlong titik ng pangalan. Iminumungkahi ng gabay na ito ang sumusunod na daglat at hindi nilalagyan ng tuldok.

Ene	Enero
Peb	Pebrero
Mar	Marso
Abr	Abril
May	Mayo
Hun	Hunyo
Hul	Hulyo
Ago	Agosto
Set	Setyembre
Okt	Oktubre
Nob	Nobyembre
Dis	Disyembre

Lin	Linggo
Lun	Lunes
Mar	Martes
Miy	Miyerkoles
Huw	Huwebes
Biy	Biyernes
Sab	Sabado

16 SIPI AT PANIPI

Sa makabagong panahon at dahil sa "malawakang pagsabog" ng impormasyon at karunungan sa tulong ng komunikasyong global, halos imposibleng sumulat o magtalumpati nang hindi bumabanggit ng isang idea o pahayag mula sa ibang tao. Kayâ maraming gamit ngayon ang panandang **panipi** (*quotation marks*). Sa mga sulating pormal at akademiko, lalò na, mahigpit ang mga tuntunin hinggil sa pagsipi at paggamit ng panipi. Para sa mga manunulat at iskolar, ang paggamit ng panipi para sa isang hiram na pahayag ay may dalawang tungkulin. Una, pagpapakita ito ng katapatan at pagbibigay ng wastong paggálang sa hiniraman. Lalò na ngayong may mga batas hinggil sa karapatang intelektuwal, kailangang igálang ang awtor o pinagbuhatan ng kahit isang salita o parirala sa pamamagitan ng panipi o sa pamamagitan ng pagbanggit sa pangalan ng awtor ng hiniram. Ang paglimot sa tungkuling ito ay bawal at katumbas ng krimeng **plahiyo** o *plagiarism*. Ipinayo na humingi ng nakasulat na pahintulot sa awtor kapag ginamit ang isang mahabàng sipi. Ikalawa, ang pagsipi mula sa isang awtoridad ay nagbibigay ng higit na kredibilidad sa isang sulatín. Ibig sabihin, kung bagá sa pakikipagtálo, sa pamamagitan ng paghahatag ng maraming katibayan (ang mga siping awtoridad) ay nagiging higit na kapani-paniwala ang isang panukala o argumento. Nagdudulot din ang sipi ng dagdag na kulay sa isang akda o komposisyon. Itinuturo sa pagsulat ang pagsipi upang umakit ng tiwala sa mambabasá ang isang akda. Sa kabilâng dako, kailangan ang panipi sa anumang uri ng diyalogo sa malikhain pagsulat, lalò na sa dula at akdang pasalaysay. May mga akdang umiiwas sa paggamit ng panipi ngunit alinsunod na ito sa estilo o ninanais na espesyal na epekto ng awtor. Malaking tulong pa rin sa ordinaryong mambabasá at nagdudulot ng kaukulang senyas sa pagbása ang paggamit ng wastong panipi.

16.1 PARAAN NG PAGSIPI. May dalawang paraan ng pagsipi: una, ang **pagsiping pahulip** (*run in quotation*), ikalawa, ang **pagsiping palansak** (*block quotation*). Sa pahulip, isinisingit sa loob ng pangungusap o talata ang siniping salita o pangungusap, ikinukulong sa panipi ang sipi, at inilalathala sa tipong kauri at kasinlaki ng teksto. Sa palansak, inihihiwalay sa pangunahing teksto ang sipi, hindi ikinukulong sa panipi, gumagamit ng isahang patlang, at nilalagyan ng higit na malaking mardyin o palugit papasók mula sa magkabilâng tagiliran ng pahina. Kung nása anyong limbag, ang siping palansak ay ginagamitan ng mas maliit na tipo kaysa tipo ng pangunahing teksto.

Pagsiping Pahulip

Hindi ako naniniwala nang sabihin niyang "Walâ akong ginawang masama!"

Pagsiping Palansak

... Marahil sa mga magulang na ganito ay nabibilang ang kay Francisco Baltazar, pagka't sa mga tula rin niya'y mapatutunayan ang mga bagay na sinabi; ganito nga ang inilagay niya sa bibig ni Florante:

> Ang lahat ng ito'y kay amang talastas,
> kayâ nga ang luha ni ina'y hinamak,
> at ipinadala ako sa Atenas,
> bulag na isip ko'y ng doon mamulat.

16.2 Mahabà o Maikling Sipi. Depende sa habà ang paggamit ng pagsiping pahulip at palansak. Ginagamit ang palansak sa siping umaabot sa walo o mahigit pang linya. Pahulip ang ginagamit sa higit na maikling sipi. Dapat ding isaalang-alang ang uri ng sinisipi, ang dami ng sipi sa loob ng pahina, at ang magiging itsura ng pahina kapag nakaimprenta na. Higit na madalî at hindi masyadong nakagagambala sa pagbabasá kapag inihuhulip ang mga magkakalapit na siping magkakaiba-iba ang habà. Sa kabilâng dako, makatutulong ang paggamit ng palansak na pagsipi sa dalawa o higit pang talata, mga liham (kapag kasáma ang bating pambungad/pangwakas at lagda), mga talaan, mga siping may layuning paghahambing, at iba pang materyales na nangangailangan ng espesyal na pagfoformat. Narito ang isang mahabà at palansak na sipi:

> Malinaw ang naging paninindigan ni Pangulong Aquino sa paggamit ng Filipino sa kaniyang mga talumpati:
>
> > Bilang pangulo tungkulin kong ibalik ang tiwala at kompiyansa ng mga Pilipino sa mga institusyong pampamahalaan. Samakatwid, tinig nila tayo. Mangyayari lamang ito kung naiintindihan at nakikita nilang hinihimok natin silang makilahok sa paghubog ng pamahalaang tunay na mula sa kanila at kumikilos para sa kanila.Kaya naman bago pa man ako mahalal, napagpasyahan kong gamitin ang Filipino sa aking mga talumpati -- hindi bilang gimik o propaganda -- kundi dahil ito ang tunay na tinig ng ating mga kababayan. Humaharap po ako sa kanila bilang kolektibong boses ng mga Pilipino, kaya obligasyon kong magsalita sa wikang komportable sila at naiintindihan nila.

Ang siping palansak na ito ay maaaring gawing pahulip sa pamamagitan ng paghanap sa bahaging maaaring ituring na pinakabuod ng pahayag at gamitin sa ganitong paraan:

> Sa isang talumpati, nilinaw ni Pangulong Aquino na ginagamit niya ang wikang Filipino upang "ibalik ang tiwala at kompiyansa" ng bayan sa pamahalaan.

16.3 Sundin ang Orihinal. Sundin ang orihinal na anyo ng sinisiping talata sa palansak na pagsipi. Kung ang unang bahagi ng talata ay hindi kasáma sa pagsipi, maglagay ng elipsis . Halimbawa, ang talatang ito:

> Hindi nangangahulugang dapat nating unahin ang kultura't edukasyon at kalimutan muna ang politika't ekonomiya. Ang mahalaga'y makita ng ating mga lider na malaki ang papel ng kultura sa anumang pambansang programa at malaki ang maitutulong ng wastong pagpapahalaga sa kultura tungo sa paglutas ng ating mga problemang pampamahalaan at pangkabuhayan.

ay maaaring sipiin nang ganito:

> . . . . Ang mahalaga'y makita ng ating mga lider na malaki ang papel ng kultura sa anumang pambansang programa at malaki ang maitutulong ng wastong pagpapahalaga sa kultura tungo sa paglutas ng ating mga problemang pampamahalaan at pangkabuhayan.

16.4 Hindi Tuwirang Pagsipi. Ito ay pagpapakahulugan o pagbabago ng estruktura ng sinisipi o pagbabago ng mga salita ng orihinal na teksto ngunit hindi nababago ang kahulugan. Tinatawag din itong **parapráse** at isang paraan ng pagpapaikli o paglagom sa isang napakahabàng sipi at upang maipaliwanag ito sa isang anyo na higit na maiintindihan ng mambabasá. Siguraduhing nauunawaan ang nilalaman ng sinisipi upang maiwasan ang plahiyo o ang malîng paraprase.

> Ayon sa nakaraang sipi, dapat napapatnubayan ng kultura ang anumang programang pampolitika't pang-ekonomiya ng bansa upang higit na umangkop sa pangangailangan ng sambayanan.

16.5 Malaki o Maliit na Titik. Maaaring malaki o maliit na titik ang gamitin sa unang salita ng sinisiping pangungusap sa pahulip na pagsipi. Kung sa pagkakagamit ang sipi ay nagiging bahaging mahigpit na kaugnay ng buong pangungusap, ang unang

titik ay nagiging maliit na titik. Ngunit kung hinihingi ng balangkas ng pangungusap ang paggamit ng malaking titk, kahit na nagsisimula sa maliit na titik ang orihinal na sipi ay maaaring palitan ng malaking titik. Ang nabanggit na pagbabago ay maaaring ipahiwatig sa pamamagitan ng pagkukulong ng binagong titik sa isang panaklaw.

> Ang wikang panlahat ay kailangan para makabuo ng isang diwang pambansa sapagkat "hindi tayo magkakaroon kailanman ng tunay na pagkakilala sa ating karangalan bilang isang bansa hangga't wala tayong wikang sariling atin."
>
> Maliwanag ang pahayag ni Quezon, "[H]indi tayo magkakaroon kailanman ng tunay na pagkakilala sa ating karangalan bilang isang bansa hangga't wala tayong wikang sariling atin."

Ang panimulang titik sa palansak na sipi ay maaaring gawing maliit na titik kapag hinihingi ng maayos na balangkas ng pangungusap.

> Bilang pagdakila kay Balagtas, ipinahayag ni Ople na dinangal natin si Rizal bilang dakilang manunulat ngunit si Balagtas ang kaisa-isang Filipinong pinagpugayan ni Rizal bílang dakilang makata. Baon ni Rizal ang *Florante at Laura* sa kaniyang mga paglalakbay sa Europa noong dekada 1880. Bukod pa marahil dito ang isang kopya ng edisyong 1870 na pag-aari ni Dr Trinidad H. Pardo de Tavera na malimit diumanong hiramin ni Rizal at nagtataglay ng mga pagwawasto sa limbag na ginawa ng ating pambansang bayani.

16.6 Pagsipi sa Batas. Sa mga pagsulat na legal, ang anumang pagpapalit sa malaki o maliit na titik ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng panaklaw.

> Alinsunod sa seksiyon 14 b ng Batas Republika Blg. 7104, ang KWF ay may tungkuling "[m]aglagda ng mga tuntunin, mga regulasyon, at mga patnubay upang isakatuparan ang mga patakaran, mga plano, at mga programa nito."
>
> "[S]a pamamagitan ng puspusang paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na mga transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya sa mga opisina ng pamahalaan ay lalong mauunawaan at mapahahalagahan ng sambayanang Pilipino ang mga programa, proyekto at mga gawain ng pamahalaan," batay sa Atas Tagapagpaganap Blg. 335.

16.7 Kapag Mahigit Isang Talata. Kapag napakahabà ang sinipi, ibig sabihin, mahigit isang talata kung tuluyan o mahigit isang saknong kung tula, nilalagyan ng **pambukás na panipi** (*opening quotation marks*) ang bawat simula ng talata o saknong. Sa kabilâng dako, nilalagyan lámang ng **pampinid na panipi** (*closing quotation marks*) ang dulo ng panghulíng talata o tula. Narito ang isang sipi na may tatlong talata:

> "Isang katangian ng mahabàng tulang pasalaysay noon ay 'anakronismo.' Sa tingin ng makabagong kritiko, ito ang pangunahing kahinaan ng mahabàng tulang pasalaysay noong panahon ng Espanyol. At lagi itong itinuturing na palatandaan ng kamangmangan.
>
> "Sa maikling salita, at sa pananaw ng makabagong kritisismo, ang anakronismo ay isang krimen sa kasaysayan.
>
> "Dahil hindi tinutupad ng akda ang kahingiang pangkasaysayan, nasisira diumano ang itinatanghal na katunayan ng akda. Hindi na ito kapani-paniwala, gaya ng pagyayaring itinuturing na mga bunga lámang ng guniguni at malayò sa katotohanan ang mga awit at korido."

16.8 Pagsipi sa Liham. Sa pagsipi ng liham, ikulong sa panipi ang liham mula sa batìng pambungad hanggang sa hulíng salita (ang lagda). Tulad sa karaniwang talata, lagyan ng pambukás na panipi ang bawat simula ng talata sa liham.

16.9 Bantas bago ang Sipi. Ang mga pantulay na salitâng gaya ng, ganito, at sumusunod ay sinusundan ng tutuldok bago ang isang palansak na sipi.

> Ipinaliwanag sa Resolusyon ng Senado Bilang 589 ang sumusunod:
>
> Sapagkat, ipinag-uutos ng Saligang Batas na ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino at ito ay dapat payabungin at pagyamanin.
>
> Sapagkat, ang layunin ng Philippines 2000 ay maging isang bagong industriyalisado at maunlad na bansa ang ating Lupang Tinubuan sa taong 2000;
>
> Sapagkat, napakaraming produkto na inaangkat, iniluluwas at ipinagbibili sa Pilipinas na may instruksiyon sa paggamit at mahalagang impormasyon na nalilimbag sa mga banyagang wika.

Samantala, karaniwang sinusundan ng kuwit ang mga pantulay na salitâng

wika, sabi, ayon kay, at aniya bago ang maikling sipi.

> Ayon kay Pangulong Aquino, "Humaharap po ako sa kanila bilang kolektibong boses ng mga Pilipino, kaya obligasyon kong magsalita sa wikang komportable sila at naiintindihan nila."

Maliban kung ipinakilála ng pariralang gumamit ng mga salitâng sinusundan ng tutuldok, ang palansak na sipi ay maaari ding pangunahan ng isang pangungusap na nagtatapos sa tuldok.

> Malinaw ang naging paninindigan ni Pangulong Aquino sa paggamit ng Filipino sa kaniyang mga talumpati:
>
> Bilang pangulo tungkulin kong ibalik ang tiwala at kompiyansa ng mga Pilipino sa mga institusyong pampamahalaan. Samakatwid, tinig nila tayo. Mangyayari lamang ito kung naiintindihan at nakikita nilang hinihimok natin silang makilahok sa paghubog ng pamahalaang tunay na mula sa kanila at kumikilos para sa kanila. Kaya naman bago pa man ako mahalal, napagpasyahan kong gamitin ang Filipino sa aking mga talumpati—hindi bilang gimik o propaganda—kundi dahil ito ang tunay na tinig ng ating mga kababayan. Humaharap po ako sa kanila bilang kolektibong boses ng mga Pilipino, kaya obligasyon kong magsalita sa wikang komportable sila at naiintindihan nila.

16.10 Bantas sa dulo ng Sipi. Ang tuldok sa hulihan ng pangungusap na sinipi nang pahulip ay pinapalitan ng kuwit at susundan ng pangwakas na panipi kung ang sipi ay nása simulang bahagi ng pangungusap.

> "Kaya naman bago pa man ako mahalal, napagpasiyahan kong gamitin ang Filipino sa aking mga talumpati—hindi bilang gimik o propaganda—kundi dahil ito ang tunay na tinig ng ating mga kababayan," wika pa ng Pangulo.

Gayunman, ang mga siniping pahayag na nagtatapos ng tandang pananong at padamdam (kung kaya't nása loob ng panipi) ay hindi na kailangang baguhin o sundan ng kuwit o tuldok.

> "Ako, na Pangulo ng Pilipinas! Banyaga sa sarili kong bayan!" madamdaming pahayag ni Quezon.
>
> Idinagdag pa niya, "Paano ko masasabi sa mga tao ang iniisip ko't nadarama kung upang magawa ko iyan ay kailangan ko ang isang interpreter na sa maraming pangyayari'y sinasabi ang gusto niyang sabihin at hindi ang sinasabi ko?"

16.11 ESPESYAL NA GAMIT NG PANIPI. Bukod sa pagsipi, may mga espesyal ding gamit ang panipi sa pagsulat. Pangunahin dito ang pagbibigay ng diin sa isang salita o parirala. Ikinukulong ng manunulat sa panipi ang isang salita upang itawag ng pansin ng mambabasá ang isang lingid na katangian o kahulugan ng nakapaniping salita. Sa sumusunod na sipi, nilagyan ng panipi ang pangalang Sigesmundo upang markahan ito para sa mambabasá at upang mapag-ukulan ito ng pagsusuri. May mga manunulat na inihuhudyat ang ganitong pagbubukod sa pamamagitan ng naiibang tipo, malimit na italiko, o pagsasalungguhit, o pag-enkowd sa paraang bold.

> Sa ikaanim at pangwakas na saknong ng "Sa Babasa Nitó"—ang maituturing na paunang-salita sa *Florante at Laura*—ay nabanggit ni Francisco Balagtas ang isang "Sigesmundo" na ayaw niya diumanong sundan ang naging kapalaran. Ganito ang buong naturang saknong:
>
> > Hanggang dito ako O nánásang pantas,
> > sa kay Sigesmundo'y huwag ding matulad,
> > sa gayong katamis wikang masasarap
> > ay sa kababago ng tula'y umalat.
>
> Sino ba si "Sigesmundo"? Napansin din ito ni Julian Cruz Balmaseda at pinag-ukulan niya ng makabuluhang pagkukuro sa kaniyang *Ang Tatlong Panahon ng Tulang Tagalog* (1938). Ni hindi niya inisip na si "Sigesmundo" ang pangunahing tauhan sa dakilang *La vida es un sueño* ni Lope K. Vega. Kaagad niyang sinapantaha na ibig magpugay si Balagtas sa isang kapanahon.

16.12 Himig na Mapang-uyam. Maaaring ihudyat ng panipi ang naiibang himig, lalò na ang himig na mapang-uyam sa paggamit ng isang salita.

> Hindi kayâ napagkaisahan lámang ng mga magbabarkadang manunulat na parangalan ang isang kabigan nilá na "Dangal ng Panitikang Filipino"? Siyá lámang ang nagwagi na hindi ko nababása ang akda.
>
> Dapat nating "sambahin" ang mga politiko dahil sa kanilang likás na pag-ibig "maglingkod" sa bayan.

16.13 ISAHANG PANIPI. May dalawang uri ng panipi—ang dalawáhang panipì (double quotation mark) at isáhang panipì (single quotation mark). Natalakay na sa unahan ang mga gamit ng dalawahang panipi. Samantala, ginagamit sa pagsipi ng mga pahayag ang isahang panipi kapag nása loob ito ng isa pang siniping pahayag.

"Gabi-gabi na kung umiyak ang anak mo. Ano ba'ng nangyari?" usisa ni Martha. "Hindi naman sa sinisiraan ko ang mga kapitbahay pero narinig kong sinasabi niláng 'Buwisit namang batà 'yan!' Kapag naririnig ko 'yun ay naaalala ko kayóng mag-ina."

Ikinuwento ni Boboto sa pamilya na "Nang makita ni Ápo Calixto, sumigaw at sinabi: 'Boboto, tingnan mo itong higanteng maraming ulo. Malamáng, ito si higanteng Simalona na inutusan ng bruhang si Lilayda. Subalit hindi siya magtatagumpay. Ngayon din, puputulin ko ang mga pátong-pátong niyang ulo.'"

16.14 Magkasunod na Isahan at Dalawahan. Sa pagkakataóng magkasunod ang isahang panipi at dalawahang panipi, hindi naglalagay ng espasyo o patlang sa pagitan ng mga ito.

"Huwag ka nang magkaila!" bulalas ni Joe. "Narinig kita noong sinabi mong 'Mabuti nga at nangyari iyon sa kaniya.'"

"'Mabuti nga at nangyari iyon sa kaniya,' ang narinig kong sabi mo," surot ni Joe kay Tony. "Huwag ka nang magkaila!"

16.15 Kapag may Ikatlong Sipi. Sa pagkakataóng may ikatlong sipi sa loob ng isang pahayag—ibig sabihin, ang sinipi sa loob ng isang sipi ay may sinisipi din—muling ginagamitan ang ikatlong sipi ng dalawahang panipi..

"Bulalas daw ni Joe kay Tony, 'Narinig kita noong sinabi mong "Mabuti nga at nangyari iyon sa kaniya" kayâ huwag ka nang magkaila!' at narinig ito ni Betty," kuwento ni Dante kay Boying.

16.16 SIPI NA WALANG PANIPI. Ang mga tula at pangungusap na ginagamit na **epígrap** o siping pambungad sa simula ng aklat o kabanata ng aklat, ay hindi na ikinukulong sa panipi. Pagpupugay ang epigrap sa naging inspirasyon sa pagsulat, bukod sa nagdudulot ito ng salimuot at dagdag na misteryo sa pinaggamitang akda. May mga pagkakataón ngang hindi rin binabanggit kung kanino o saan nanggáling ang ginamit ng epigrap. Sa maikling akda, inililimbag ang epigrap nang italiko para maibukod sa tipong romano ng pangunahing teksto.

16.17 Sipi sa Karunungang-Bayan. Hindi kailangang ikulong sa panipi ang siping mula sa panitikang-bayan, gaya ng salawikain at bugtong, o konseptong bahagi

na ng karunungang-bayan, gaya ng kawikaang bibliko, kasabihang popular, at pahayag ng mga dakilang tao na alam na ng madla, lalo't may layuning gamitin ang sipi bílang tayutay sa pangungusap.

16.18 USAPAN AT DIYALOGO. Karaniwang ikinukulong sa panipi ang pahayag ng isang tauhan, lalo't bahagi ng isang pag-uusap sa akdang pampanitikan. Hitik sa ganitong usapan ang mga salaysay—alamat, pabula, parabula, maikling kuwento, nobela. Marami ring tulang pasalaysay o patanghal na gumagamit ng usapan. Maaaring maganap ang lahat ng binanggit na mga tuntunin sa paggamit ng dalawahan at isahang panipi sa iba't ibang uri ng usapan sa akdang pampanitikan. Tinatawag na **diyálogó** (*dialogo*) o **dáyalóg** (*dialogue*) ang ganitong usapan sa isang dula at paraan upang paghiwalayin ang mga pahayag sa isa't isa ng mga tauhan sa isang tagpo.

16.19 Usapan sa Dula. Gayunman, bihira ang dulang gumagamit ng panipi sa diyalogo.Sa halip, minamarkahan ng pangalan ng tauhan, malimit na nása malaking titik lahat at may tuldok o tutuldok, ang bawat pahayag sa isang diyalogo.

> JOSE. Naririnig ko na ang sirena.
> MENTONG. Oo nga. Darating na ang mga pulis. Ano ang gagawin natin?
> JOSE. Wala.
> MENTONG. Ha! Pero huhulihin nilá táyo . . .
> TOMAS. Jose, natatákot ako. Bakâ táyo bugbugin. Wala táyong kasalanan.

16.20 Gatlang em sa Usapan. May mga katha din na gatlang em ang ginagamit na pananda sa umpisa at dulo ng pangungusap ng isang tauhan.

> —Natatakot ako, Jose,—bulong ni Mentong. —Bakâ táyo bugbugin ng mga pulis. Akala nilá táyo ang pumatay sa tindera.—
>
> —Magtigil ka!—Sumilip si Jose sa siwang ng dingding at napaurong nang matanglawan ng ilaw ng dumarating na mga kotse.

17 DOKUMENTASYON

Isang mahalagang bahagi ng masinop na pagsulat ang pagsasaalang-alang sa mga ginamit o sinangguning akda. Mahalaga ang pagbibigay ng karampatang pagkilála sa mga pinagkunan ng idea o siniping teksto, lalò na sa mga pormal na saliksik at sulating legal o historikal. Sa pamamagitan ng wasto at maingat na dokumentasyon, naipakikita ang paggálang sa may-ari ng sinipi. Bahagi ng maingat na pagsipi ang pagiging matapat sa orihinal na teksto. Sundin ang orihinal na baybay, mga bantas na ginamit, at malaki o maliit na titik. Kung may babaguhin sa siniping teksto, kailangang magbigay ng pabatid ang mananaliksik o awtor. Para sa halimbawa ng interpolasyon, tingnan ang **12.13** at **12.15**.

17.1 TALÂ AT TALABABA. Ginagamit ang mga talâ at talababâ upang makapagbigay ng karagdagang impormasyon, paliwanag, o komento tungkol sa sinipi na hindi maipaloob sa pangunahing teksto. Ang mga **talababâ** (*footnotes*) ang paghahanay ng mga banggit sa pinagkunang akda sa ilalim ng teksto sa pahinang nilitawan ng sipi. Nilalagyan ang talababa ng bílang na numeral sa anyong *superscript* ayon sa pagkakasunod-sunod ng siping lumilitaw sa teksto. Sa loob ng teksto, ang bílang ng talababa ay isinasaad nang nakaangat sa linya ng teksto sa dulo ng sipi. Hindi ito ipinapaloob sa panipi at hindi sinusundan ng tuldok.

Ang mga **talâ** (*notes*, *endnotes*) naman ang paghahanay ng mga pinagkunang akda sa dulo ng bawat kabanata o sa dulong bahagi ng aklat. Kung ang isang publikasyon ay mula sa maraming awtor (halimbawa, mga antolohiya at jornal), kinakailangang sa dulo ng artikulong naisulat ng bawat awtor ang kaukulang mga talâ.

Karaniwang binibilangan ang talâ at talababa ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga sinipi. Nagtatalaga ng numerong nakaangat sa linya (*superscript*) sa mga siniping teksto at sa kaukulang talâ/talababa.

17.2 Wastong Pagkakasunod. Maaaring aklat, peryodikal, o di-nakalathalang materyales ang pinagkunan o sinipi sa teksto. Inilalaman sa talâ o talababa ang sumusunod na impormasyon:

A. Sa aklat:

(1)Buong pangalan ng may-akda, una ang unang pangalan o inisyals; ang apelyido ay sinusundan ng kuwit.

(2)Buong pamagat ng aklat, may salungguhit o italiko; walang kuwit pagkaraan ng pamagat.

(3)Pangalan ng editor o nagsalin, kung mayroon.

(4)Edisyon, maliban sa unang limbag.

(5)Bílang ng mga tomo, kung mayroon.
(6)Mga datos hinggil sa pagkakalathala, nakapaloob sa panaklong ang sumusunod:
(a)Pook na pinaglathalaan, sinusundan ng tutuldok;
(b)pangalan ng naglathala, sinusundan ng kuwit;
(c)petsa ng pagkakalathala.
(7)Pahina o mga pahina ng sinipi, sinusundan ng tuldok.

B. Sa peryodikal (pahayagan, magasin, o jornal):
(1) Buong pangalan ng may-akda.
(2) Pamagat ng artikulo, nakapaloob sa panipi at sinusundan ng kuwit.
(3) Pangalan ng peryodikal, may salungguhit o italiko at sinusundan ng kuwit.
(4) Bílang ng tomo at numero ng isyu (karaniwang násа numerong romano ang tomo at numerong arabe ang bílang ng isyu) na inihihiwalay sa isa't isa ng kuwit.
(5) Petsa ng pagkakalathala, nakapaloob sa panaklong at sinusundan ng kuwit pagkaraan ng panaklong.
(6) Pahina o mga pahina ng sinipi, sinusundan ng tuldok.

C. Di-nakalathalang materyales:
(1) Pamagat ng dokumento, kung mayroon, at petsa.
(2) Pangalan ng koleksiyong pinagkunan.
(3) Isáma ang anumang impormasyong makatutulong sa pagkilála ng dokumento o materyales.

17.3 Pangalan ng May-akda. Isinusulat nang buo at sa karaniwang pag-ayos ang pangalan ng may-akda. Sundin ang pagkakalathala sa **pahinang pampamagat** o *title page* ng libro. Alisin ang mga titulong gaya ng "Propesor," "Presidente," o "Doktor"; maliban kung may tanging kahalagahan ang mga ito sa paksang tinatalakay sa teksto. Kung inisyals lámang ang nakalimbag sa orihinal, huwag babaguhin ang inisyals, lalo na't nakilála na ang awtor sa gayong inisyals. Kung sakali nama't nais isulat ang kabuuan ng pangalang nakalimbag lámang sa inisyals sa orihinal, idugtong ang karagdagang titik sa inisyals nang nakakulong sa panaklong.

[1]Epifanio de los Santos, "Andres Bonifacio," *The Philippine Review*, III, blg. 1 at 2 (Enero at Pebrero 1918), p. 37.

[2]E. Arsenio Manuel, "New Data on Andres Bonifacio: Manila's Foremost Hero,"panayam na binása sa *First Andres Bonifacio and Parian Lectures*, Bulwagang Katipunan, Manila City Hall, 29 Nobyembre 1989, p. 3.

17.4 Sa Anonimong Awtor. Kung anonimo ang awtor, at natitiyak ng sumusulat ng talababa kung sino ang awtor, ang pangalan ng awtor ay maaaring isáma sa talababa nang nakakulong sa panaklong.

[3](Genoveva Edroza-Matute), "Kasalukuyang Kalagayan ng Panitikang Pilipino," *Panitikan* I, blg. 4 (Oktubre 1965), p. 29.

17.5 Sa Alyas. Kung hindi tunay na pangalan ang ginamit ng awtor, maaaring idagdag sa alyas ang tunay na pangalan nang nakakulong sa panaklong. Kung hindi tiyak ang tunay na may-akda, isulat ang alyas at lagyan ng "alyas" pagkaraan ay ikulong sa panaklong.

[4]M.S. Martin (Agustin C. Fabian), *Timawa* (Maynila: Liwayway Publications, Inc., 1953), p. 30.

o kayâ ay maaaring

[4]M.S. Martin (alyas), *Timawa* (Maynila: Liwayway Publications, Inc., 1953), p. 30.

17.6 Sa Dalawa o Higit pang Awtor. Kung dalawa o tatlo ang awtor, isulat nang sunod-sunod, ayon sa pagkakalimbag sa orihinal, ang mga pangalan sa karaniwang pagkakaayos. Kung mahigit sa tatlo, isulat ang unang lumitaw sa pahinang pampamagat at dugtungan ng "et al." Maaari ding ang awtor ay hindi isang tao kundi isang organisasyon o lipon ng tao.

[7]Cesar T. Mella Jr. at Adelina Hachero-Mina, *The Fragnant Sky* (Disyembre 1967).

[8]Laura Samson, Ma. Rosario Piquero, at Cynthia Rose Banzon, "Mga Mukha ng Kahirapan," *Sagisag* II, blg. 3 (Marso 1976), p. 7.

[9]Efren R. Abueg et al., *Mga Agos sa Disyerto* (Maynila: 1964).

[10]The Committee on the Humanities, ed., *Readings in Contemporary Philippine Literature* (Lungsod Quezon: Ken, Incorporated, 1967), p. 3.

17.7 Sa Publikasyong Salin o Inedit. Sa mga antolohiya at pagsasalin, ang pangalan ng editor ay sinusundan ng "ed.," o "mga ed." kung higit sa isa, at ang pangalan ng nagsalin ay sinusundan ng "salin."

[11]Federico Licsi Espino, Jr., ed. at salin, *Mga Tulang Afro-Asyatiko* (Lungsod Quezon: Alemar-Phoenix Publishing House, Inc., 1975).

[12]Ildefonso Santos, salin, *Ang Rubaiyat ni Omar Khayyam* (Maynila: Bookman, Inc., 1952).

Kung binibigyan ng halaga naman sa talababa ang isang partikular na akdang násа antolohiya, isulat ang pangalan ng awtor ng partikular na akda, pamagat ng akda, at antolohiya. Kung nais isáma ang editor at nagsalin, idugtong sa pamagat ng antolohiya ang pangalan ng editor at nagsalin. Isingit din sa pamagat ng antolohiya at sa pangalan ng editor at nagsalin ang "ed." at "salin."

[13] Kahlil Gibran, *Ang Propeta*, salin ni Felicidad Sagalongos-San Luis (w.l., 1975), p. 45.

14Jose Rizal, *El Filibusterismo*, salin ni Patricio Mariano (Maynila: Pambansang Komisyon ng Ikasandaang Taon ni Jose Rizal, 1961), p. 68.

[15]Lamberto E. Antonio, "Sa Gubat ng Lunsod: Dilim ang Liwanag." *Manlilikha* (Mga Piling Tula: 1961-1967), ed. Rogelio Mangahas (Maynila, 1967), p. 26.

17.8 Pagsulat ng Pamagat. Isulat nang buo ang pamagat ng libro, artikulo, at peryodikal gaya ng pagkakasulat sa pahinang pampamagat ng orihinal. Huwag babaguhin ang baybay at bantas na ginamit. Ang tipo lámang at mga malaki at maliit na titik ang nagbabago upang sumunod sa estilo ng gumagawa ng talababa. May salungguhit o italiko ang pamagat ng libro at peryodikal. Nakakulong sa panipi ang pamagat ng artikulo, isang tula, maikling kuwento, at iba pang maikling akda. Walang kuwit pagkatapos ang pamagat kung sinusundan kaagad ng panaklong na naglalaman ng petsa at datos sa pagkakalathala. Ngunit kung may nakasingit na impormasyon bago ang panaklong, lagyan ng kuwit pagkatapos ng pamagat.

[16]"Bonavena, Binaril ng Hunting Rifle," *Balita* (24 Mayo 1976),p. 16.

[17]Ninotchka Rosca, "Sa Bayan ng San Roque," *The Literary Apprentice*, XLVII, blg. 2 (Nobyembre 1974), mp. 120–24.

17.9 Mga Banal na Kasulatan. Ang pamagat ng mga aklat ng Bibliya at iba pang banal na kasulatan (Koran, Upanishad, Vedanta, atbp) ay walang panipi at hindi italiko.

17.10 Sa Mahabàng Akda. Kung ang isang mahabàng akda na dapat sana'y isang aklat at nakasulat sa italiko ang pamagat ay nalathala sa isang peryodikal, ang naturang akda ay itinuturing lámang na katulad ng ibang maikling akda at artikulo at isinusulat nang may panipi.

18Vivencio R. Jose, "The Rise and Fall of Antonio Luna," *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, XXXVI, mga blg. 1–4 (Marso–Disyembre 1971), p. 132.

[19]Paul Arvisu Dumol, "Kabesang Tales," *Sagisag* I, blg.3 (Hulyo 1975), p. 20.

17.11 Sa mga Serye. Alamin na iba ang **serye** (*series*) sa peryodikal. Sa talâ o talababa, ang pamagat ng serye ay tipong romano, malaking titik tulad ng ibang pamagat ngunit walang panaklong ni panipi. Sumusunod ito sa italikong pamagat ng libro o polyeto, may kuwit sa unahan, at sinusundan naman ng tomo o numero ng pagkakalathala ng partikular na labas sa serye.

[20]Pedro L. Ricarte, *Buhat kay Balagtas: Isang Landas tungo sa Pagkamakabago*, Surian ng Wikang Pambansa, blg. 26 (Hulyo 1969), p. 7.

[21]Jose Corazon de Jesus, *Buhay at Pag-ibig*, Makata Series 4 (Alberto S. Florentino, 1973), p. 75.

17.12 Mga Edisyon ng Aklat. Bukod sa unang edisyon, dapat isáma sa talababa ang impormasyon kung pang-ilang edisyon ang aklat. Ang bílang ng edisyon ay sumusunod sa pamagat pagkaraan ng kuwit. Kung pangalawang edisyon, isulat ang "ikalawang ed." Kung binagong edisyon, isulat ang "b. ed."

[22]Virgilio S. Almario, *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896)*, ikatlong ed. (Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013).

[23]Rogelio G. Mangahas at Leonida B.Villanueva, mga editor, *Patnubay sa Korespondensiya Opisyal*, ikaapat na ed. (Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013).

17.13 Publikasyong may Tomo. Kung mahigit sa isang tomo ang libro, malaking tulong din sa mambabasá na isáma sa talababa ang bílang ng mga tomo. Sumusunod ang bílang ng tomo sa pamagat ng libro at sa bílang ng edisyon (kung mayroon).

[23]Juan C. Laya, ed., *Diwang Kayumanggi*, 4 tomo. (Maynila: Inang Wika Publishing Company, 1967).

[24]E. Arsenio Manuel, *Dictionary of Philippine Biography*, unang tomo, 2 tomo. (Lungsod Quezon: Filipiniana Publications, 1955), mp. 192–195.

17.14 Panaklong sa Detalye ng Pagkakalathala. Laging nakakulong sa panaklong ang mga datos hinggil sa pagkakalathala. Sa aklat, binubuo ito ng pook na pinaglathalaan, pabliser, at taón ng pagkakalathala. Kung printer o limbagan ang nakalagay sa aklat, huwag itong isasáma sa datos. Iba ang printer sa pabliser. Sa mga peryodikal naman, ang petsa lámang ng pagkakalathala ang inilalagay.

17.15 Walang Lathalaan at Walang Petsa. Kung walang nakalimbag na pook na pinaglathalaan at pabilser, isulat sa loob ng panaklong ang "w.l." ("walang lathalaan") at sundan ng kuwit at taón ng pagkakalathala. Kung walang petsa ng pagkakalathala, isulat ang "w.p." ("walang petsa").

[25]*Salita at Buhay na Pinagdaanan ni D. Rodrigo de Villas at ni Doña Jimena sa Kaharian ng España* (San Miguel, Maynila: Modesta Lanuza, w.p.)

[26]*Corrido at Buhay na Pinagdaanan nang Tatlong Principeng magkakapatid na Anak nang haring Fernando at nang Reina Valeriana sa Kahariang Berbania* (Maynila: P. Sayo, w.p.)

17.16 Panatilihin ang Baybay at Bantas. Huwag babaguhin ang baybay at bantas ng mga datos hinggil sa pagkakalathala, liban sa petsa na binabaybay sa Filipino ang pangalan ng buwan. Kahit na nagbago na ang pangalan ng pabliser, isulat pa rin ang dáting pangalan na natagpuan sa pahinang pampamagat ng ginamit na edisyon ng aklat.

17.17 Sa Pagsulat ng Pahina. Pagkaraan ng datos sa publikasyon, isunod sa labas ng panaklong ang bílang ng pahinang pinagkunan ng sipi. Ang bílang ng pahina ay laging nakasulat sa numeral at may kasámang "p." ("pahina") o "mp." ("mga pahina"). Pagkaraang mailagay ang bílang ng pahina, maglagay ng tuldok na palatandaang tapos na ang talababa.

17.18 Mga Espesyal na Materyales. Bukod sa mga aklat at peryodikal ay may mga tinatawag na espesyal na materyales sa pagsasaliksik. Kabílang dito ang mga dokumento, batas, di-nalathalang tesis at akda, personal na koleksiyon, akdang nakamimeograp, liham, interbiyu, at iba pa.

17.19 Mga Dokumentong Pampubliko. Kapag ginagamit sa talababa ang isang dokumentong pampubliko, laging isaalang-alang ang mga datos na makatutulong upang matagpuan ng ibang nagsaliksik ang dokumento. Unang inililista ang bayan, lungsod, distrito, o bansa na katatagpuan sa dokumento. Pagkaraan, ang pangalan ng ahensiya, kagawaran, o komisyong gumawa ng dokumento, at siyáng lumilitaw na "awtor" ng dokumento. Sumusunod ang buong titulo o pamagat ng dokumento, petsa ng pagkakagawa, at bahaging ginamit sa pagsasaliksik. Kung maliwanag na sa pamagat kung saan o sino ang gumawa ng dokumento, ang pamagat ng dokumento na lámang ang isinusulat sa talababa.

[26]*Philippine Constitution* (1973), Art. III, sek. 4.

[27]United Nations, Economic and Social Council, Commission on Human Rights, *Study on the Legal Validity of the Undertakings concerning Minorities* (7 Abril 1950), p.16.

28San Miguel, Bulacan, Konseho Munisipal, *Ordinansa hinggil sa Pagpipinta ng Bantayog ni Rizal* (28 Mayo 1954), sek. 3, ika-2 talata.

17.20 Usapin sa Husgado. Sa paggamit ng mga usapin sa husgado, ang titulo ng usapin ay italiko. Nakamihasnan na sa Filipinas na gawing titulo ang pangalan ng nagsasakdal at nasasakdal. Pagkaraan, isinusunod ang bílang ng tomo (nakaugalian na ring isulat ito sa numerong arabe sa halip na numerong romano), dinaglat na pangalan ng rekord na pinagkunan ng impormasyon, at ang bílang ng pahina. May apat na pangunahing reperensiya o rekord ng mga usapin: ang *Philippine Report* (dinaglat na *Phil.*), *Supreme Court Report Annotated* (SCRA), *Official Gazzette* (O.G.), at *Court of Appeals Report* (C.A. Rep.). Kung hindi nalalagay sa limbag na rekord ang usapin sapagkat katatapos pa lámang hatulan ng husgado, ang opisyal na numero ng kaso ang isinusunod sa titulo. Balikan pa ang tuntuning **14.19**.

[29]*Dizon vs. Valero*, 52 O.G. 6602.

[30]*People vs. Diva*, 23 SCRA 332.

17.21 Tesis at disertasyon. Ang pamagat ng tesis at disertasyon ay ikinukulong lámang sa panipi. Sa loob ng panaklong ay isinusulat kung tesis o disertasyon, saang paaralan o unibersidad pumasá, at ang taón ng pagpasá nitó.

[31]Laura Blanca P. Quiambao, "The Concept of Death and Re-birth in the Poetry of Virgilio Almario" (tesis sa MA, UST Graduate School, 1975), p. 36.

[32]Analyn B. Galvez, "Ang Drama nga Kinantahan ni Iluminado Lucente" (di-gradwadong tesis sa KAL, UP Diliman, 2013) p. 86.

17.22 Liham, Talumpati, Interbiyu. Ang mga sulat, ulat, at iba pang bukal ng impormasyon na pribadong pag-aari ay may iba't ibang paraan ng pagtatala. Hangga't maaari, isaalang-alang ang mga bagay na makatutulong sa pagkilála ng bukal ng impormasyon.

[33]Liham ni Pedro Dominguez kay Juan Metrico (2 Hulyo 1965).

[34]Talumpating binigkas sa Unang Pambansang Kongreso sa Wika (18 Agosto 2013).

17.23 Mga Sekundaryong Sanggunian. Kapag ang bukal ng impormasyon ay tinatawag na sekundaryo, ibig sabihin, ang nakuhang impormasyon ay gáling lámang sa ibang akda, ang bagay na ito ay kailangang linawin sa talababa.

> [35]Bienvenido L. Lumbera, "Assimilation and Synthesis (1700– 1800): Tagalog Poetry in the Eighteenth Century," *Philippine Studies*, 16, blg. 4 (Oktubre 1968), p.627 sumipi sa Dean S. Fansler, "Metrical Romances in the Philippines," *Journal of American Folklore*, XXXIX blg.112 (Abril–Hunyo 1916), p. 203.

Maaari namang iuna ang bukal na primarya o talagang pinanggalingan ng impormasyon.

> [35]Dean S. Fansler, "Metrical Romances in the Philippines," *Journal of American Folklore*, XXXIX blg.112 (Abril–Hunyo 1916), p.203 sinipi sa Bienvenido L. Lumbera, "Assimilation and Synthesis (1700–1800): Tagalog Poetry in the Eighteenth Century," *Philippine Studies*, 16, blg. 4 (Oktubre 1968).

17.24 ***Ibid., loc. cit., op.cit.*** Kapag paulit-ulit na binabanggit sa teksto ang isang aklat o akda sa peryodikal, gumagamit ng mga daglat na Latin upang makatipid sa paghahanay ng talababa. Sa halip na muli't muling isulat ang buong impormasyong hinggil sa isang aklat o artikulong ginamit, maaaring gamitin ang *ibid., loc. cit.,* at *op. cit.* Tingnan pa ang kahulugan ng mga daglat sa Latin sa **15.11**.

17.25 ***Ibid.*** **sa magkasunod na banggit.** Kapag magkasunod ang banggit sa iisang reperensiya, kahit ang mga banggit ay nása magkaibang pahina sa teksto, ginagamit ang *ibid.*

> [36]James Le Roy, "The Philippines, 1860–1898—Some Comment and Bibliographical Notes," *The Philippine Islands 1493– 1898*, tomo 52, Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, mga ed., p. 185.
>
> [37]*Ibid.*, p. 207.

17.26 ***Ibid.*** **sa Iisang Awtor, Sanggunian ngunit Magkaibang Artikulo.** Maaari ding gamitin ang ibid. kahit na magkaibang artikulo ang magkasunod na binabanggit kung iisa ang awtor at pinagkunang peryodikal.

> [38]Epifanio San Juan Jr., "Lakas ni Dionysus sa mga Tula ni Manuel Car. Santiago," *Panitikan* I, blg. 4 (Oktubre 1965), p. 17.

[39]Epifanio San Juan Jr., "Ang Daigdig ng Pandama: Mga Obserbasyon sa ilang tula ni Gonzalo K. Flores," *ibid.*, blg. 6 (Abril 1966), p. 8.

Kung iisa lámang ang awtor ngunit magkaiba ang pinagkunang akda at peryodikal o aklat, huwag gagamitin ang *ibid.*

17.27 ***Op. cit.*** **sa Iisang Akda, ibang Pahina.** Kung muling gagamitin sa talababa ang isang akda, bagaman sa ibang tomo, kabanata, o pahina, at may iba pang nababanggit na reperensiya sa pagitan ng unang pagbanggit sa naturang akda at sa muling pagbanggit, maaaring isulat na lámang ang pangalan ng awtor at idagdag ang *op. cit.* at bagong tomo, kabanata, o pahina.

[40]Teodoro A. Agoncillo, *The Revolt of the Masses*, (Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1956), p. 88.
[41]Reynaldo Clemeña Ileto, *Pasyon and Revolution* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1979), p. 5.
[42]Agoncillo, *op.cit.*, p. 95.

17.28 ***Loc. cit.*** Ginagamit naman ang *loc. cit.* kung muling gagamitin sa talababa ang isang akda, pagkaraang mabanggit ang ibang reperensiya, at may namagitan nang ilang pahina sa unang pagbanggit at sa muling pagbanggit. Pangalan lámang ng awtor at *loc. cit.* ang lumilitaw sa talababa. Nangangahulugang walang pagbabago sa dáting nabanggit na akda. Hindi na ipinapayo ang paggamit ng *loc. cit.* Ngunit kung gagamitin, tiyaking ang awtor at akdang tinukoy sa *loc. cit* ay iisa o kayâ walang ibang isinulat ang awtor na ginamit din sa loob ng teksto.

[43]Andres Cristobal Cruz, "Bigas," *Panahon ng Aking Pag-ibig: Mga Piling Kuwentong Tundo* (Maynila: Yeba Publications, 1964), p. 94.
[44]Liwayway A. Arceo, *Uhaw ang Tigang na Lupa* (Maynila, 1968).
[55]Cristobal Cruz, *loc. cit.*

17.29 Para sa pagpapaliwanag. Sapagkat hindi palaging nakasasapat ang pagpapaliwanag o pagtalakay sa siniping teksto, nakatutulong ang talâ at talababa upang mapalawig ito at maipakilála ang mga kaugnay pang paksa.

[1]Una kong ipinahayag ang birtud ng salin ni Bonifacio sa isang panayam kaugnay ng panel discussion sa pagsasalin na pinangunahan ni Dr. Mario Miclat at sa pangangasiwa ng UP Creative Writing Center noong 23 Pebrero 1996. Hindi ko naisulat ang naturang panayam. Gayunman, nagkaroon ako ng pagkakataóng isulat ito para sa isang palatuntunang magkatulong idinaos ng Kagawaran ng Kasaysayan at

Kagawaran ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman noong 28 Nobyembre 1996. Inilabas ko ang naturang panayam sa pamagat na "Rizal/Bonifacio: Makatang Filipino" sa mga isyung 16 at 23 Disyembre 1996 ng *Filmag*.

[2]Fray Gaspar de San Agustin, *Compendio del arte de la lengua tagala* (Manila: Imprenta de Amigos del Pais, 1703). Kasámang nalimbag sa Virgilio S. Almario (ed.), *Poetikang Tagalog: Mga Unang Pagsusuri sa Sining ng Pagtulang Tagalog* (Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, 1996) mp. 1–9.

[3]Jose Rizal, *Arte metrica del Tagalog*, salin mulang Aleman ng panayam na binigkas ni Rizal sa Sociedad Etnografica sa Berlin noong Abril 1887. Si Rizal din ang nagsalin sa Espanyol. Kasámang nalimbag sa Almario, *Poetikang Tagalog*, *ibid.*, mp. 47–57.

17.30 Mahabàng talababa. Hindi maiiwasang maging mahabà ang pagpapalawig ng may-akda sa talababa. Sa mga ganitong sitwasyon, mas lumalaki ang espasyong nasasakop ng talababa kaysa teksto. Hanggang maaari, kailangang maging bahagi ng páhina ang mga talababang nakasaad sa teksto nitó. Kung hindi maiiwasang lumampas sa susunod na páhina ang talababa, tiyakin lámang na ang simula ng entri ay nása páhina kung saan ito nakasaad.

17.31 SANGGUNIAN. Kaiba sa talâ at talababa, inilalagay ang **sanggunián** (*bibliography*) sa dulo ng artikulo o aklat. Ito ang listahan ng mga akdang ginamit para sa partikular na sulatin o saliksik. Alpabetiko ang listahan at may mga paraan ng pagsulat na naiiba sa tala at talababa.

17.32 Wastong pagkakasunod. Inilalahok ang mga sumusunod na detalye sa sanggunian.

A. Aklat

1. May-akda: Buong pangalan ng mga manunulat, editor, tagatipon. Maaaring isulat ang pangalan ng institusyon o organisasyon bílang may-akda.
2. Pamagat: Buong pamagat ng aklat, kasáma ang **pangalawang pamagat** (*subtitle*) kung mayroon. Isinusulat nang italiko ang pamagat ng mga mahahabàng akda at mga aklat. Ipinapaloob naman sa panipi ang pamagat ng mga artikulo bago isinusulat ang pamagat ng aklat na pinagkunan ng artikulo.
3. Editor, tagasalin, at tagatipon: Maaaring isama sa entri sa talasanggunian ang pangalan ng kung sino man sa mga ito kung nabanggit sa aklat.

4. Edisyon: kung mayroon.
5. Tomo: Isulat ang kabuuang bílang ng tomo ng publikasyon, kung tinutukoy ang lahat ng tomo ng publikasyon; indibidwal na bílang ng tomo kung ito ang ginamit; at, kung maaari, ang pamagat ng tomong iyon.
6. Mga detalye ng lathalaan: lungsod, tagapaglathala, at taón ng pagkakalathala.
7. Bílang ng páhina, kung maaari.

B. Peryodikal (jornal, magasin, at peryodiko)
1. Awtor o mga awtor
2. Pamagat ng artikulo at pamagat ng kolum (kung mayroon)
3. Pamagat ng publikasyon
4. Impormasyon ng isyu (tomo, bílang, petsa, atbp)
5. Páhina

C. Di Nalathalang Materyales
1. Sundin ang paraan ng paglilista sa aklat, kung may maaaring gamiting impormasyon. Kung wala, isaad ang anumang impormasyon na makatutulong sa isang mananaliksik.

17.33 Publikasyong Isa ang Awtor. Isinusulat nang nauuna ang pangalan ng may-akda sa paraang apelyido-unang pangalan-inisyals ng gitnang pangalan (kung nása páhinang pampamagat ng aklat). Naglalagay ng tuldok pagkatapos ng inisyals ng gitnang pangalan (o ng pangalan kung walang detalye para sa gitnang pangalan). Para sa pagsulat sa paraang apelyido-unang pangalan-gitnang pangalan, tingnan ang **12.2.3**.

> Añonuevo, Rebecca T. "Ang Pusod sa Pagpapangalan: Paanong Nag-iiba/Nagigiba ang Pilipinas ng F sa Filipinas, atbp Pagkutingting sa Kung Ano-anong Maliliit na Bagay." *Pandiwa* 1, blg. 1. (2013). p. 31–45.
>
> Eugenio, Damiana L. *Awit and Corrido: Philippine Metrical Romances*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1987.

Kung institusyon o pangkat ang may-akda ng publikasyon, isinusulat nang buo ang pangalan nitó.

> The Committee on the Humanities, ed., *Readings in Contemporary Philippine Literature*. Lungsod Quezon: Ken Incorporated, 1967.

17.34 Dalawa o Higit pang Awtor. Sa mga publikasyong maramihan ang awtor, isulat ang mga pangalan ayon sa pagkakasunod ng mga ito sa **pahinang pampamagat**

(*title page*). Ang unang pangalan lámang ang nakasulat sa apelyido-unang pangalan. Gumagamit ng kuwit sa pagitan ng bawat pangalan.

Atienza, Glecy, Bienvenido Lumbera, at Galileo Zafra, mga ed. *Bangon: Antolohiya ng mga dulang mapanghimagsik*. Lungsod Quezon: Office of Research Coordination, Unibersidad ng Pilipinas, 1998.

Mella, Cesar Jr., at Adelino Hachero-Mina. *The Fragnant Sky*. wl., 1967.

17.35 Anonimo ang Awtor. Kung hindi ipinakilála ang awtor, sinisimulan ang entri sa pamagat ng publikasyon. Pinananatili ang pagiging italiko ng pamagat kahit sinisimulan nitó ang entri.

Ang Walang Pagkupas na Kasaysayan ni Bernardo Carpio. Manila: Philippine Book Co., 1949.

Buhay na Pinagdaanan ni Juan Tamad na Anac ni Fabio at ni Sofia sa Caharian nang Portugal na Hinango sa Novela. Imprenta, Libreria at Papeleria ni J. Martinez, 1920.

Kabayong Tabla: Buhay ng Prinsipe Don Juan at Prinsesa Donya Maria sa Kaharian ng Balencia at Asturias. Manila: Aklatang Lunas, 1950.

Kung anonimo ang awtor batay sa pahinang pampamagat ngunit natitiyak ng sumusulat kung sino ang awtor, ang pangalan ng awtor ay maaaring isáma sa impormasyon ng sanggunian nang nakakulong sa panaklaw at sinusundan ng tuldok.

[Edroza-Matute, Genoveva]. "Kasalukuyang Kalagayan ng Panitikang Pilipino." *Panitikan* I. Manila: Pioneer Song Lyric Publication, 1965.

Kung hindi tunay na pangalan ang ginamit ng awtor, isulat ang alyas at lagyan ng "alyas" pagkaraan na nakakulong sa panaklaw.

M.S. Martin [alyas]. *Timawa*. Maynila: Liwayway Publications, Inc., 1953.

17.36 Pagsulat ng Pamagat. Sinusundan ang baybay, malaki at maliit na letra sa pamagat na makikita sa pahinang pampamagat.

Eugenio, Damiana L. *Mga Piling Awit at Korido*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1995.

Hau, Caroline. *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation 1946–1980*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2000.

Tadiar, Neferti Xina M. *Things Fall Away: Philippine historical experience and the makings of Globalization*. Durham: Duke University Press, 2009.

17.37 Kung may Pangalawang Pamagat. Karaniwang isinasáma ang mga pangalawang pamagat ng mga publikasyon. Gumagamit ng tutuldok upang tukuyin ang pangalawang pamagat.

Atienza, Glecy, Bienvenido Lumbera, at Galileo Zafra, mga ed. *Bangon: Antolohiya ng mga dulang mapanghimagsik*. Lungsod Quezon: Office of Research Coordination, Unibersidad ng Pilipinas, 1998.

Cruz, Hermenegildo. *Kung Sino ang Kumatha ng "Florante": Kasaysayan ng buhay ni Francisco Balagtas at Pag-uulat ng kaniyang Karununga't Kadakilaan*. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.

17.38 Pamagat sa Loob ng Pamagat. Nilalagyan ng panipi ang pamagat sa loob ng pamagat. Gumagamit naman ng isahang panipi para sa pamagat sa loob ng pamagat ng artikulo sa jornal o kabanata sa isang aklat.

Almario, Virgilio S. "Ang Pinagbuhatan ng 'Florante at Laura' ni Balagtas." *Si Balagtas at ang Panitikan para sa Kalayaan*. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2014.

Casanova, Arthur P. "Ang Pagtuturo ng Filipino sa mga Dayuhan." *Pandiwa* 1, blg. 1 (2013).

Morada, Florelyn Cherry B. "K to 12 science curriculum is learner-centered, inquiry-based." *EducNews* (Disyembre 2013).

17.39 Edisyon. Karaniwang isinasáma ang edisyon ng aklat sa entri sa sanggunian. Isinusulat ito pagkatapos ng pamagat at nilalagyan ng tuldok.

Casaysayan nang Pasiong Mahal ni Jesucristong Panginoon Natin na Sucat Ipag alab nang Puso nang Sinomang Babasa. Edisyong may salin at introduksiyon ni René D. Javellana, S.J. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1988.

Ortograpiyang Pambansa. Edisyong 2014. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2014.

Ortograpiyang Pambansa. Ikalawang ed. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2014.

17.40 Tomo. Isinusulat sa numerong arabe ang tomo ng mga aklat. Inilalagay ang kabuuang bílang ng tomo kung ang lahat ng tomo ang ginamit na sanggunian.

CCP Encyclopedia of Philippine Art. 10 tomo. Manila: Cultural Center of the Philippines, 1994.

Kung partikular na tomo ang ginamit na reperensiya, isulat ang pamagat ng tomo bílang pamagat ng sanggunian. Inilalagay naman kung pang-ilang tomo at anong publikasyon pagkatapos ng pamagat. Alalahaning italiko rin ang pangalan ng publikasyon.

Philippine Theater. ikapitóng tomo ng *CCP Encyclopedia of Philippine Art*. Manila: Cultural Center of the Philippine Art, 1994.

17.41 Lathalaan at Petsa. Inilalagay ang lugar ng lathalaan, lathalaan, at petsa ng pagkalathala sa hulíng bahagi ng sanggunian. Para sa gamit ng bantas sa lathalaan at petsa, tingnan ang **12.6.4**. Naiiba ito sa talababa dahil hindi na ikinukulong sa panaklong ang impormasyon hinggil sa paglalathala.

Eugenio, Damiana L. *Mga Piling Awit at Korido*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1995.

Gumagamit naman ng mga daglat na "w.p." ("walang petsa") at "w.l." (walang lathalaan) kung ang mga ito ay hindi nakasaad sa sanggunian.

Corrido at Buhay na Pinagdaanan nang Tatlong Principeng magkakapatid na Anak nang haring Fernando at nang Reina Valeriana sa Kahariang Berbania. Maynila: P. Sayo, w.p.

Kung nagbago ang pangalan ng lathalaan, panatilihin ang pangalan ng lathalaan batay sa nakasaad sa **pahinang karapatang-sipi** (*copyright page*) ng sanggunian.

Historia Famosa ni Bernardo Carpio sa Reinong España na Anac ni D. Sancho Diaz at ni Doña Jimena. Limbagan at Aklatan ni J. Martinez. Maynila, 1919.

Salita at Buhay na Pinagdaanan ni Sigesmundo at nang Duquesa Policena at nang Principe Adonais at nang Princesa Cloriana at Principe Tang-credo at ni Laveña sa Caharian nang Albania. Maynila: Imprenta at Libreria ni J. Martinez, 1914.

17.42 SANGGUNIANG ELEKTRONIKO. Sa kasalukuyan, mas lumawak na ang daluyan ng impormasyon na maaaring gamitin ng isang mananaliksik. Hindi na lámang limitado sa mga aklat, jornal, magasin, peryodiko, at iba pang inimprentang babasahín ang mga "nalathalang" materyales. Ginagamit na ring sanggunian ang mga nalathalang materyales sa internet (online magazines, online journals, websites, blogs, atbpang katulad na anyo) o mga sangguniang elektroniko, tulad ng aklat elektroniko (e-book), at materyales na audiovisual (cd/dvd-rom, video, at sound recordings).

Sa pagsulpot ng ganitong uri ng materyales, mas napadadalî ang paghahanap ng mga sanggunian, lalò na sa tulong ng internet. Ngunit, kailangan ang higit na pag-iingat sa gumagamit ng mga elektronikong materyales sapagkat maaari (o mabilis) na nagbabago ang nilalaman ng mga ito. Bukod sa hindi katiyakan ng nilalaman nitó sanhi ng "kaluwagan" sa editing sa internet, kailangang mas isaalang-alang ng mananaliksik ang awtentisidad ng elektronikong materyales. Mas mapagkakatiwalaan ang mga online na materyales na binili sa mga pabliser kaysa mga libreng nakikita o nada-download mula rito.

Humihingi ng mas mabigat na responsabilidad sa kasinupan sa pagkalap ng reperensiya ang ganitong "kaluwagan" sa mga sangguniang online. Sapagkat mas madalîng nagagamit ang internet, higit na nagkakaroon ng layà ang sinuman upang "malathala." Sa madalîng sabi, nagkakaroon ng kaluwagan sa pagtawag na "awtor" sa kahit na sino basta't mayroong nailagay sa cyberspace.

17.43 Mga sanggunian mula sa websites. Para sa mga online na materyales, inilalahok ang mga sumusunod na elemento:

1. Buong pangalan ng awtor
2. Buong pamagat ng artikulo
3. Pangalan ng website (o pahina)
4. Petsa ng pagkakalathala
5. ang uniform resource locator o URL

17.44 Pangalan ng awtor sa mga sangguniang elektroniko. Ang pagsulat ng pangalan ng awtor para sa mga sangguniang elektroniko ay katulad ng pagsulat ng pangalan sa mga nalimbag na publikasyon. Tingnan ang **17.33–35**.

de Veyra, Lourd. *Carlo J All the Way*. 1 Agosto 2009. http:// www.spot.ph/this-is-a-crazy-planets/28359/carlo-j-all-the-way.

Gappi, Richard. "Opkors, nakakain ang F." *Rizal News Online*. Hulyo 2013. http://www.rizalnewsonline.com/ 2013/07/ poetry-opkors-nakakain-ang-f-ni-richard.html.

17.45 Pamagat ng artikulo. Isinusulat nang italiko ang pamagat ng mga aklat elektroniko. Kung ang materyales ay mga artikulo o kabanata sa isang aklat elektroniko, isinusulat sa loob ng panipi ang pamagat ng mga publikasyong online.

Campbell, Joseph. *The Hero With a Thousand Faces*. Princeton: Princeton University Press, 2004. e-book.

San Juan, Epifanio. "Pagsubok sa Isang Mapagpalayang Pakilala't Pagtaya sa Sining ni Jose Corazon de Jesus." *Himagsik Kayumanggi*. 1 Abril 2013. http://sonnysj.blogspot.com/2013/04/jose-corazon-de-jesus-ang-sining-ni.html.

17.46 Pangalan ng pahina at petsa ng pagkakalathala. Italiko naman ang pangalan ng pahina o website. Kaiba sa ibang elemento na pinaghihiwalay ng tuldok, nagtatapos sa kuwit ang pangalan ng pahina. Sinusundan ito ng petsa kung kailan nalathala.

Quijano de Manila. "Why was the Rizal hero a Creole?" *With One's Past*, 12 Oktubre 2010. http://withonepast.wordpress com/2010/10/12/why-was-the-rizal-hero-a-creole/.

17.47 URL. Ang uniform resource locator (URL) ang pangunahing reperensiya para sa isang **lokasyon** (*location*) sa internet. Karaniwan itong pinangungunahan ng **http** (*hypertext transfer protocol*) at ang ispesipikong **kowd** (*code*) para sa lokasyon ng materyal. Nakikita ang URL sa adres bar kapag ginagamit ang isang internet brawser.

Bagaman sinusundan ng tuldok ang URL sa sanggunian, nananatili ang maliit na titik nitó (http:// madalas ang simula). At sapagkat karaniwang mahabà ang isang URL, hindi ito nilalagyan ng gitling kahit dalawa o tatlong linya ang nasasakop nitó sa sanggunian.

Arao, Danilo. "Filipinas at Pilipinas bilang pangalan ng bansa." *Rising Sun*. 29 Hunyo 2013. http://risingsun.dannyarao. con/2013/06/29/filipinas-at-pilipinas-bilang-pangalan-ng-bansa.

San Juan, Epifanio. "Pagsubok sa Isang Mapagpalayang Pakilala't Pagtaya sa Sining ni Jose Corazon de Jesus." *Himagsik Kayumanggi*. 1 Abril 2013. http://sonnysj. blogspot. com/2013/04/jose-corazon-de-jesus-ang-sining-ni.html.

17.48 Mga materyales na Audiovisual. Sa mga materyales na audiovisual, ilahok ang sumusunod na mga elemento:

1. Pangalan ng awtor, manunulat, nagtanghal, o kung sinumang responsable o lumikha sa nilalaman ng materyales.
2. Pamagat ng materyales, nakasulat sa italiko.
3. Pangalan ng kompanyang nagrekord o naglathala.
4. Midyum (cd-rom, dvd-rom, casette, atbp)
5. Petsa ng pagkakaprodyus (maaaring idagdag)

Fernandez, Doreen at Malou Jacob. *Panitikan: a documentary on Philippine Literature*. Cultural Center of the Philippines. videocasette.

Granada, Gary. *Kahit Ako'y Mahirap*. Infiniti Music. audio cassette.

Gutierrez, Chin-Chin. *Uyayi: a collection of Philippine Lullabies*. National Commission for Culture and the Arts. cd-rom.

APENDISE

Pagmamarka ng Pruweba

Isa sa mga pinakamahalagang bahaging pagdadaanan ng isang akda o isang publikasyon ang **pagbása ng pruweba** (*proofreading*). Sa yugtong ito, "nililinis" ng **tagabása ng pruweba** (*proofreader*) ang manuskrito upang mas maging malinaw, maayos, at kaiga-igaya ang pagbása.

Malaking kahingian sa tagabása ng pruweba ang masinop na pagkilatis sa manuskrito. Sa kaniyang matá hulíng nagdadaan ang publikasyon bago ito ganap na malathala. Isinasaalang-alang ng mahusay na tagabása ng pruweba ang mga sumusunod na detalye sa pagmamarka sa teksto:

1. **Ispeling**. Kadalasang hindi naiisipang baguhin ang wikang ginagamit ng word processor sa computer. Dahil dito, mga salitâng mula sa napilìng wika lámang ang makikilála ng word processor. Hindi rin naiiwasang gumagana ang *autocorrect* na *function* nitó kung kayâ binabago ng word processor ang ispeling ng mga salitâng itinipa base sa wikang napilì.

Ito ang karaniwang karanasan sa Filipinas. Halimbawa, awtomatikong nagiging "naming" (pagpapangalan) ang "namin," ang "ang aming" nagiging "an gaming" (kahit walâ ring diwa ang nabuong parirala), at marami pang iba na hindi na napapansin o hindi na nababalikan ng mga awtor sa kanilang mga manuskrito.

2. Diwa ng teksto. Kinakailangang maláy ang tagabása ng pruweba sa diwa ng tekstong kaniyang minamarkahan. Hinihingi ng teksto ang pagiging matalas ng matá ng tagabása ng pruweba sa mga detalyeng kulang, naputol, o sobra.

Bagaman nagdadaan din sa matá ng tagabása ng pruweba ang mga detalye o nilalaman ng teksto, kailangang minimal na lámang pagdatíng sa kaniya ang mga pagwawastong kailangang gawin. Inaasahang ang mas malalaking pagbabago sa nilalaman ng manuskrito ay nagawa na sa yugto ng editing nitó.

3. Pisikal na anyo ng manuskrito. Ang mga sumusunod na detalye hinggil sa pisikal na anyo ng manuskrito ang kailangang isaalang-alang ng tagabása ng pruweba:

> **a. Uri ng tipo at font.** Isang kahingian sa tagabása ng pruweba ang pagmemorya sa estilong ginagamit sa mga publikasyon. Kailangang mayroong estandardisadong font at tipo para sa uri ng publikasyong

ilalathala. Natutukoy ng mahusay na tagabása ng pruweba ang dapat na italiko sa *boldface*, ang nakasulat nang nagsisimula sa malaki o maliit na titik, at ang laki ng font ng pamagat, sa pangalawang pamagat, at sa teksto.

Sa publikasyon sa Filipinas, madalas na ginagawang italiko ang mga salitâng banyaga na nása teksto at ginagamit ang *boldface* kapag may gustong idiing punto.

b. Páhina at tumatakbong pang-ulo. Kailangang tiyakin ng tagabása ng pruweba na sunod-sunod ang mga páhina ng manuskrito at nailey-awt nang tama ang **tumatakbong pang-ulo** (*running head*) nitó.

c. Espasyo sa bawat salita at linya. Tinitiyak ng masinop na tagabása ng pruweba ang mga sobra o kulang sa espasyo sa pagitan ng mga salita at mga linya. Tinitingnan rin niya ang pangkalahatang itsura ng páhina kung pantay ang pagkakaley-awt ng bawat páhina.

d. Mga bahagi ng aklat/publikasyon:

i. Pabalat (harap at likod)
ii. Gulugod (spine) ng aklat
iii. Pahinang pampamagat
iv. Pahinang karapatang-sipi
v. Pambungad na pananalita
vi. Nilalaman
vii. Sanggunian, apendise, indeks

Mga Simbolong Ginagamit sa Pagbása ng Pruweba


alisin (*delete*)


pagdugtungin;
tanggalin ang espasyo



maglagay ng espasyo


pagpalitin (*transpose*)


bagong talata


indent

italiko



ibalik sa orihinal


boldface


malaking titik



maliit na titik
(*lower case*)


alisin ang bantas


alisin ang buong talata


baybayín (*spell out*)



maglagay ng tuldok



maglagay ng panipi
(isahan o dalawahan)


magdagdag


idugtong sa naunang linya
(*run in with previous line*)


iposisyon sa gitna


iurong pakanan
(*move right*)


iurong pakaliwa
(*move left*)


ayusin ang hanay
(*align vertically*)

Aplikasyon ng mga Simbolo*

Pagbabalik-tanaw sa Kasaysayan ng Filipinas [1565]: Pagkilala sa Kapangyarihan ng Espanya sa Lungsod ng Cebu

Sa 333 taong pananakop ng mga espanyol sa ating bansa, nakatatak na sa ating kasaysayan ang kanilang mga naiambag pagdating sa kristiyanismo, pamumuno at gayundin ang mga babasahing pangkabatiran na naging lunsaran natin sa hinaharap. Kung muli nating babalikan at aalalahanin ang mga pangyayari sa panahon ng 1565, masasabi natin na isa ang petsang Hunyo 4, 1565 na pinakamahalagang tala sa ating kasaysayan kung pag-usapan ang ideyalismong hangarin sa usaping pagkakasundo sa iisang layunin.

Sa pananakop ng espanyol at sa pagpunta ni Miguel Lopez de Legaspi sa Cebu noong 1565, ang hari naman ng espanya na si Phillip II ay naitalaga noon sa katungkulan bilang kauna-unahang gobernador-heneral ng bansang Filipinas at upang pormal na paghandaan ang kolonisasyon. Itinatag niya ang pamumuno sa panahon ng pananakop ng mga espanyol sa pamahalaan ng Maynila.

Ang Espanyol Heneral na si Legaspi at Rajah Sikatuna ay nagsagawa ng pag-iisang dugo o blood compact sa Bohol noong Marso 1565, ito ay simbolismo ng pangkapayapaang pagkakasundo.

Sa pagpirma ng kauna-unahang ~~pangkapayapaan ng~~ Filipinas noong Hunyo 4, 1565 ~~ito ay~~ pinangunahan nina Rajah Tupas at Heneral Legaspi. ~~Sa ganitong senaryo, nasa ilalim ng pangkapayapaang paglakasunod~~ Ayon kay Dela fuente noong 1932 sa kanyang artikulo hinggil sa pamamahala ng mga espanyol ~~ay binigyang paglilala~~ nila ang pamamahala sa ating bansa gayundin ang proteksiyon ~~ng~~ lungsod ~~ng~~ Cebu sa oras ng digmaan.

Kung ating babalikan ang naiambag ng mga espanyol ~~hinggil~~ sa relihiyon, ang simbahan ng ~~kumbento ng~~ Sto. Niño ang unang katoliko~~ng~~ simbahan sa Filipinas ~~na itinayo sa Cebu~~. ~~Naging malaking kapakinabangan ang pagyakap ng mga Pilipino sa relihiyon ng mga panahon na iyon~~. Pinangunahan ni ~~Rev. Father~~ Andres de Urdaneta ~~at sinasabi na ito ay nagpapaalala ng simulain ng~~ katolisismo sa ating bansa ~~na sinunden ng ilang mga pari sa pagpapalakas ng relihiyong katolisismo~~. Nagging instrumento ang mga pari sa panahon ~~ng panankop ng espanyol~~ upang magbigay ng mga inaasahang pagbabago ~~ang~~ bansa ~~sa ilalim ng kanilang pamamahala~~.

Batay ~~sa aklat pangkasaysayan ng Filipinas noong 1988~~ sa pag-aaral ni Ricardo T. Vinceo, si Legaspi ay naglakbay mula sa Mexico noong Nobyembre 20, 1564 ~~kasabay ang mga barkong: San Pedro, San Juan de Letran at San Lucas at ang buong puwersa ng higit sa sandaang *conquistadores*~~. ~~Ang nasabing paglalakbay~~ ay umabot sa bansang Filipinas noong Enero 1565 at kanilang napuntahan ang Samar, ~~Leyte~~, Limawasa, Bohol ~~at Negro~~, upang maisagawa ang ~~pag-iisang dugo~~ o *blood compact*, tubusin ang pagmamay-ari para sa Espanya, at manakop ~~ng naaayon sa kanilang kagustuhan~~.

Noong Abril 16, 1565, ang paglalakbay patungo sa Cebu na kung saan, si Rajah Tupas ay itinuturing na kasama si Ferdinand Magellan noong 1521 bilang kinatawan ni Rajah Humabon. Isa sa kinatawan ang nagtungo sa pampang upang mahanap si Tupas na kung saan ay narinig ang pagbabalik ng mga espanyol, paglisan sa mga lugar at paghanap ng matitirhan na isla. Hindi maituturing na kasama si Tupas, ang mga espanyol ay naglakbay upang maipagbalita sa mga Cebuano upang maisumite sa soberanya ng espanyol. Matapos ang 40 na taon gayundin ang mga nagrerebeldeng mananakop. Inilaan nila ang kanilang misyon na simulan ang pagbuo ng plano sa isla ng Cebu noong Mayo 8, at si Tupas ay ipinakilala ang kaniyang sarili sa Spanish fork at umayon sa pormal na pagkakasundo. Matapos ang ilang paghihintay, ang pagkakasundo ay nabuo noong Hulyo 3, 1565.

Ayon sa kilalang mananaliksik pangkasaysayan na si William Henry Scot ay inilarawan ang pagkakasundo sa "...sa katunayan ang mga kondisyon sa di handang pagsuko. isang uri na dapat tularan sa di patas na pagkakasunduan na kung saan ang kanluraning mga bayan ay mabilis na dumad kaalinsabay ng mga tao sa silangan makalipas ang tatlong dekada."

*Ang artikulong ito ay ginamit upang makapagbigay ng halimbawa ng aplikasyon ng mga simbolo para sa pagbása ng pruweba. Hindi layon sa halimbawang ito ang pagwawasto sa nilalaman.

Ibinatay ang mga panuntunan sa librong ito sa nakamihasnan at sa mga nagbabagong kahingian ng praktikal na paggamit ng wika. Ang ibig sabihin, sa isang bandá, kinikilála ng librong ito ang mga tradisyonal na tuntunin sa pagsulat—mga tuntuning natipon mula sa mahabà na rin namang kasaysayan ng nakasulat na panitikan ng Filipinas. Ngunit kalakip nitó ang pag-unawa sa naganap na ring mga pagbabago at reporma bunga ng pinagdaanang ebolusyon ng wikang Filipino. Bukod pa, at sa kabilâng bandá, ang pagtanggap bílang bagong tuntunin sa makabuluhang eksperimento na nagaganap sa paligid sa kasalukuyan.

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
2F Watson Building, 1610 J.P. Laurel Street, San Miguel, Maynila 1005
Tel. 02-733-7260 • 02-736-2525
Email: komfil.gov@gmail.com • Website: www.kwf.gov.ph

